ANG SIMBAHAN NI JESUCRISTO NG MGA BANAL SA MGA HULING ARAW • AGOSTO 2012


# Liahona

## Pagsagot sa Tawag ng Tagapagligtas na Maglingkod, mga pahina 4, 14, 20

**Ang Cristong Ating Pinagpipitaganan: Mensahe ni Elder Holland sa lahat ng Kristiyano, p. 24**

**Para sa Lakas ng mga Kabataan Ngayon, p. 54**

**Mula Joplin hanggang Japan—Katapangan sa Kalamidad, p. 60**





*Limang Matatalino,*
ni Rose Datoc Dall

*Sinalubong ng sampung dalaga ang kasintahang lalaki. "At ang lima sa kanila'y mga mangmang, at ang lima'y matatalino." Ang matatalino ay "nangagdala ng langis sa kanilang sisidlan na kasama ng kanilang mga ilawan." Dinala ng mga mangmang ang kanilang mga ilawan ngunit "hindi sila nangagdala ng langis." Nang may sumigaw ng "[parating na] ang kasintahang lalake," nagsialis ang mga mangmang na dalaga para bumili ng langis. "Dumating ang kasintahang lalake; at ang mga nahahanda ay nagsipasok na kasama niya sa piging ng kasalan: at inilapat ang pintuan." (Tingnan sa Mateo 25:1–13.)*



14

## MGA MENSAHE

4 **Mensahe ng Unang Panguluhan: Ang Tawag ng Tagapagligtas na Maglingkod**
Ni Pangulong Thomas S. Monson

7 **Mensahe sa Visiting Teaching: Pagkilos sa Oras ng Pangangailangan**

## TAMPOK NA MGA ARTIKULO

14 **Thomas S. Monson: Pagsagot sa Tawag ng Tungkulin**
Ni Heidi S. Swinton
*Ang mga karanasan sa buhay ni Pangulong Thomas S. Monson ay nagbibigay-inspirasyon sa atin na sundan ang kanyang halimbawa.*

20 **Pagdiriwang ng Isang Araw ng Paglilingkod**
Ni Kathryn H. Olson

24 **Pagsasama-sama para sa Layunin ni Cristo**
Ni Elder Jeffrey R. Holland
*Isang panawagan sa mga Kristiyano na magsama-sama sa paniniwala, pagkahabag, at pag-unawa.*

34 **Pagkakaroon ng Pananampalataya sa mga Dulo ng Daigdig**
Ni Michael R. Morris

78 **Pagsagot sa mga Tanong tungkol sa Ating Pananampalataya**
Ni Michael Otterson
*Limang ideyang dapat tandaan kapag sinasagot ninyo ang mga tanong ng iba.*

## MGA BAHAGI

8 **Notebook ng Kumperensya para sa Buwan ng Abril**

**SA PABALAT**
*Mga Mamamalakaya ng mga Tao,*
ni Simon Dewey.

10 **Ang Ating Paniniwala: Ang Sakramento—Pag-alaala sa Tagapagligtas**

12 **Mga Klasikong Ebanghelyo: Pag-aralan ang Inyong Tungkulin**
Ni Elder Joseph B. Wirthlin

19 **Paglilingkod sa Simbahan: Paglilingkod sa Isang Tao**
Ni Al VanLeeuwen

30 **Ating mga Tahanan, Ating mga Pamilya: Mga Kapinsalaang Dulot ng Kalikasan—Hindi Tayo Kailangang Matakot**
Ni Elder Stanley G. Ellis

38 **Mga Tinig ng mga Banal sa mga Huling Araw**

74 **Mga Balita sa Simbahan**

77 **Mga Ideya para sa Family Home Evening**

## MGA YOUNG ADULT





**42 Pananatiling Sumasampalataya sa Mundong Puno ng Pagkalito**
Ni Bishop Gérald Caussé
*Limang alituntuning tutulong sa atin na manatiling sumasampalataya at malakas ang patotoo.*




***Tingnan kung makikita ninyo ang nakatagong Liahona sa isyung ito. Hint: sa isang* fale**

## MGA KABATAAN


**46 Mga Tanong at mga Sagot**
*Nalulong ako sa pornograpiya. Sinisira nito ang buhay ko. Ano ang magagawa ko para maputol ang aking pagkalulong?*

**48 Paano Ko Malalaman na Ako ay Pinatawad Na?**
Ni Elder Tad R. Callister
*Kung napatawad nga ako, bakit mabigat pa rin ang konsiyensya ko?*

**51 Ang Bahaging para sa Atin**

**52 Isang Sakripisyo ngunit Isa Ring Kagalakan**
Ni Edward M. Akosah
*Mas mahalaga kaya ang maglingkod sa Panginoon kaysa sa perang kinikita ko noon?*

**53 Pagkinita sa Aking Sarili sa Templo**
Ni Adriane Franca Leao
*Alam kong gusto kong makasal sa templo, pero kinailangan kong gumawa muna ng mga tamang desisyon.*

**54 *Para sa Lakas ng mga Kabataan:* Isang Angkla sa Panahong Ito**
Nina David L. Beck at Elaine S. Dalton
*Paano kayo matutulungan ng* Para sa Lakas ng mga Kabataan*? Basahin ang sinabi ng mga Young Men at Young Women general president.*

**58 Halimbawa ng Aking Ina**
Ni Erin Barker
*Kahit maysakit ang nanay ko, natuturuan pa rin niya ako tungkol sa pagmamahal at paglilingkod.*





## MGA BATA





**59 Natatanging Saksi: Ang Kababaihan ay Mahalaga sa Simbahan!**
Ni Elder Quentin L. Cook

**60 Mga Panalangin, Maiikling Liham, at mga Kalamidad**
Ni Marissa Widdison
*Bagaman libu-libong milya ang layo sa isa't isa, nalaman kapwa nina Honoka at Maggie na binabantayan tayo ng Diyos sa mga panahon ng paghihirap.*

**62 Magandang Ideya**

**63 Ang Ating Pahina**

**64 Dalhin sa Tahanan ang Turo sa Primary: Pinipili Kong Punuin ang Buhay Ko ng mga Bagay na Nag-aanyaya sa Espiritu**

**66 Sundin ang Propeta: Pagkatutong Maglingkod sa Iba**
Ni Heidi S. Swinton

**68 Tahanan ni Leute**
Ni Adam C. Olson
*Saanman tayo nakatira, magagawa nating sagradong lugar ang ating tahanan para sa ating pamilya.*

**70 Para sa Maliliit na Bata**

**81 Mga Larawang May Kaugnayan sa Aklat ni Mormon**

**AGOSTO 2012 TOMO 15 BLG. 8**
**LIAHONA 10488 893**
Internasyonal na magasin ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw na inilimbag sa Tagalog

**Ang Unang Panguluhan:** Thomas S. Monson, Henry B. Eyring, Dieter F. Uchtdorf

**Ang Korum ng Labindalawang Apostol:** Boyd K. Packer, L. Tom Perry, Russell M. Nelson, Dallin H. Oaks, M. Russell Ballard, Richard G. Scott, Robert D. Hales, Jeffrey R. Holland, David A. Bednar, Quentin L. Cook, D. Todd Christofferson, Neil L. Andersen

**Patnugot:** Paul B. Pieper
**Mga Tagapayo:** Keith R. Edwards, Christoffel Golden Jr., Per G. Malm

**Namamahalang Direktor:** David L. Frischknecht
**Direktor sa Patnugutan:** Vincent A. Vaughn
**Direktor sa Graphics:** Allan R. Loyborg

**Namamahalang Patnugot:** R. Val Johnson
**Assistant na Namamahalang mga Patnugot:** Jenifer L. Greenwood, Adam C. Olson
**Associate na mga Patnugot:** Susan Barrett, Ryan Carr
**Staff sa Patnugutan:** Brittany Beattie, David A. Edwards, Matthew D. Flitton, LaRene Porter Gaunt, Carrie Kasten, Lia McClanahan, Melissa Merrill, Michael R. Morris, Sally J. Odekirk, Joshua J. Perkey, Chad E. Phares, Jan Pinborough, Paul VanDenBerghe, Marissa A. Widdison, Mellissa Zenteno

**Namamahalang Direktor sa Sining:** J. Scott Knudsen
**Direktor sa Sining:** Scott Van Kampen
**Tagapamahala sa Produksyon:** Jane Ann Peters
**Mga Senior Designer:** C. Kimball Bott, Colleen Hinckley, Eric P. Johnsen, Scott M. Mooy
**Staff sa Produksyon:** Collette Nebeker Aune, Connie Bowthorpe Bridge, Howard G. Brown, Julie Burdett, Bryan W. Gygi, Kathleen Howard, Denise Kirby, Ginny J. Nilson, Gayle Tate Rafferty
**Bago Ilimbag:** Jeff L. Martin

**Direktor sa Paglilimbag:** Craig K. Sedgwick
**Direktor sa Pamamahagi:** Evan Larsen

**Pagsasalin:** Maria Paz San Juan

Ipadala ang mga suskrisyon at mga katanungan sa Manila Distribution Center, at ang mga balita para sa Dateline Philippines sa Liahona sa Area News Editorial Committee, Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, Temple Drive, Greenmeadows Subdivision, Quezon City 1110, Metro Manila, Pilipinas o sa PO Box 1505, Ortigas Center, Emerald Avenue, Pasig 1600, Metro Manila, Pilipinas. Numero ng telepono 635-9183. Halaga ng suskrisyon sa Pilipinas, P86.40 bawat taon; P4.00 bawat sipi, maliban sa mga natatanging labas.

**Ipadala ang mga manuskrito at tanong online sa liahona.lds.org; sa pamamagitan ng koreo sa *Liahona,* Rm. 2420, 50 E. North Temple St., Salt Lake City, UT 84150-0024, USA; o mag-e-mail sa: liahona@ldschurch.org**

Ang *Liahona* (salitang galing sa Aklat ni Mormon na ibig sabihin ay "kompas" o "panuro ng direksyon") ay inilalathala sa wikang Albanian, Armenian, Bislama, Bulgarian, Cambodian, Cebuano, Chinese, Chinese (pinasimple), Croatian, Czech, Danish, Dutch, Espanyol, Estonian, Fijian, Finnish, German, Griego, Hapon, Hungarian, Icelandic, Indonesian, Ingles, Italyano, Kiribati, Koreano, Latvian, Lithuanian, Malagasy, Marshallese, Mongolian, Norwegian, Polish, Portuges, Pranses, Romanian, Russian, Samoan, Slovenian, Swedish, Tagalog, Tahitian, Thai, Tongan, Ukrainian, Urdu, at Vietnamese. (Ang dalas ng paglalathala ay nagkakaiba ayon sa wika.)


© 2012 ng Intellectual Reserve, Inc. Lahat ng karapatan ay nakalaan. Inilimbag sa Estados Unidos ng Amerika.

Maaaring kopyahin ang teksto at mga larawan sa *Liahona* para sa angkop, di pangkalakal na gamit sa simbahan o tahanan. Hindi maaaring kopyahin ang mga larawan kung may nakasaad na mga pagbabawal sa credit line sa gawang-sining. Dapat ipadala ang mga tanong sa Intellectual Property Office, 50 East North Temple Street, Salt Lake City, UT 84150, USA; e-mail: cor-intellectualproperty@ldschurch.org.

**For Readers in the United States and Canada:** August 2012 Vol. 15 No. 8. LIAHONA (USPS 311-480) Tagalog (ISSN 1096-5165) is published monthly by The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints, 50 East North Temple, Salt Lake City, UT 84150. USA subscription price is $10.00 per year; Canada, $12.00 plus applicable taxes. Periodicals Postage Paid at Salt Lake City, Utah. Sixty days' notice required for change of address. Include address label from a recent issue; old and new address *must* be included. Send USA and Canadian subscriptions to Salt Lake Distribution Center at address below. Subscription help line: 1-800-537-5971. Credit card orders (Visa, MasterCard, American Express) may be taken by phone. (Canada Poste Information: Publication Agreement #40017431)

POSTMASTER: Send address changes to Salt Lake Distribution Center, Church Magazines, PO Box 26368, Salt Lake City, UT 84126-0368.

# Marami Pang Iba Online Liahona.lds.org






## PARA SA MATATANDA

Ang "Pagkakaroon ng Pananampalataya sa mga Dulo ng Daigdig" (pahina 34) ay naglalarawan ng mga kuwento ng pagbabalik-loob ng ilang miyembro sa pinakatimog na lungsod sa Argentina. Tingnan ang iba pang mga larawan nila sa **liahona.lds.org.**

## PARA SA MGA KABATAAN

Nagbigay ng ilang tip ang mga kabataan tungkol sa pagdaig sa pagkalulong sa pornograpiya (tingnan sa pahina 46). Isa pang makatutulong na sanggunian ang addiction recovery workbook ng Simbahan, na makukuha online sa ilang wika sa **recoveryworkbook.lds.org.**

## SA INYONG WIKA

Ang *Liahona* at iba pang mga materyal ng Simbahan ay makukuha sa maraming wika sa **languages.lds.org.**

## MGA PAKSA SA ISYUNG ITO

*Ang mga numero ay kumakatawan sa unang pahina ng artikulo.*

***Aklat ni Mormon,*** *34, 40*
***Basbas o pagpapala, mga,*** *54*
***Espiritu Santo,*** *19, 30, 34, 42, 48, 64*
***Family history,*** *38*
***Gawaing misyonero,*** *34, 52, 78*
***Gawain sa templo,*** *53*
***Habag,*** *7, 19, 24, 58*
***Halimbawa,*** *14, 58, 63, 66*
***Jesucristo,*** *10, 24, 48*
***Kababaihan,*** *59*
***Kapatawaran,*** *48*
***Kapinsalaang dulot ng kalikasan, mga,*** *30, 60*
***Kasal, pag-aasawa,*** *53*
***Kristiyanismo,*** *24*
***Media,*** *46*
***Pag-asa,*** *38*
***Pagbabalik-loob,*** *34*
***Pagbabayad-sala,*** *48*
***Paghahanda,*** *30*
***Paghahayag,*** *38, 40, 41*
***Paghihirap,*** *30, 51, 60*
***Pagkakaibigan,*** *64*
***Pagkakaisa,*** *20, 24*
***Pagkalulong, adiksyon,*** *46*
***Paglilingkod,*** *4, 7, 14, 20, 58, 66, 70*
***Pagsisisi,*** *46, 48*
***Pagsunod,*** *52*
***Pakikipagdeyt,*** *53*
***Pamantayan, mga,*** *54*
***Pamilya,*** *30, 54, 58, 59, 63*
***Pananampalataya,*** *42, 48*
***Pansariling Pag-unlad,*** *51*
***Para sa Lakas ng mga Kabataan,*** *54*
***Patotoo,*** *34, 42, 51*
***Pornograpiya,*** *46*
***Programang Pananampalataya sa Diyos,*** *63*
***Sakramento,*** *10*
***Sakripisyo,*** *52*
***Tipan, mga,*** *10*
***Tungkulin,*** *4, 12, 14, 51, 73*
***Tungkulin sa Diyos,*** *51*
***Tungkulin sa Simbahan, mga,*** *4, 19*
***Visiting teaching,*** *7*



Ni Pangulong
Thomas S. Monson

# ANG TAWAG NG TAGAPAGLIGTAS NA Maglingkod

Alam ng lahat ng nakapag-aral ng mathematics kung ano ang ibig sabihin ng common denominator. Para sa mga Banal sa mga Huling Araw, may common denominator na nagbibigkis sa atin. Ang common denominator na iyan ay ang tawag na natatanggap ng bawat isa sa atin na gumanap ng mga tungkulin sa kaharian ng Diyos dito sa lupa.

Nagrereklamo ba kayo kapag binibigyan kayo ng tungkulin? O tinatanggap ba ninyo nang may pasasalamat ang bawat pagkakataong maglingkod sa inyong mga kapatid, batid na pagpapalain ng ating Ama sa Langit ang mga tinatawag Niya?

Sana'y hindi mawala sa atin ang tunay na adhikain ng ating natatanging mga pagkakataong maglingkod. Ang adhikaing iyan, ang walang-hanggang mithiing iyan, ang binanggit ng Panginoon at matatagpuan sa Mahalagang Perlas: "Sapagkat masdan, ito ang aking gawain at aking kaluwalhatian—ang isakatuparan ang kawalang-kamatayan at buhay na walang hanggan ng tao."[1]

Nawa'y lagi nating maalala na ang balabal ng pagkamiyembro sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ay hindi isang balabal ng kaginhawahan kundi isang balabal ng responsibilidad. Ang ating tungkulin, bukod pa sa iligtas ang ating sarili, ay gabayan ang iba patungo sa kahariang selestiyal ng Diyos.



Sa kusang paglakad sa landas ng paglilingkod sa Diyos, hinding-hindi tayo mapupunta sa kalagayan ni Cardinal Wolsey sa kuwento ni Shakespeare. Inalisan ng kapangyarihan matapos ang habambuhay na paglilingkod sa kanyang hari, malungkot siyang nanangis:

*Kung sa Diyos naglingkod nang may kasigasigan*
*Tulad noong ang hari'y aking paglingkuran*
*Sa 'king kaaway di N'ya 'ko pababayaan.*[2]

Anong klaseng paglilingkod ang ipinagagawa ng langit? "Hinihingi ng Panginoon ang puso at may pagkukusang isipan; at ang may pagkukusa at ang masunurin ay kakainin ang taba ng lupain ng Sion sa mga huling araw na ito."[3]

Nagbubulay-bulay ako kapag naiisip ko ang mga salita ni Pangulong John Taylor (1808–87): "Kung hindi ninyo gagampanan ang inyong mga tungkulin, papanagutin kayo ng Diyos sa mga maaari sana ninyong nailigtas kung ginawa ninyo ang inyong tungkulin."[4]

Parang nagbabagang lente ng kabutihan ang buhay ni Jesus nang maglingkod Siya sa mga tao. "Ako'y nasa gitna ninyo na gaya niyaong naglilingkod,"[5] pahayag ni Jesus nang bigyan niya ng lakas ang mga paa ng pilay, paningin ang mga mata ng bulag, pandinig ang mga tainga ng bingi, at buhay ang katawan ng patay.

Sa talinghaga ng mabuting Samaritano, itinuro sa atin ng Panginoon na ibigin ang ating kapwa tulad ng ating sarili.[6] Sa sagot Niya sa mayamang batang pinuno, itinuro Niya sa atin na alisin ang ating kasakiman.[7] Sa pagpapakain sa 5,000, itinuro Niya sa atin na ilaan ang mga pangangailangan ng iba.[8] At sa Sermon sa Bundok, itinuro Niya sa atin



SI CRISTO AT ANG MAYAMANG BINATANG PINUNO, NI HEINRICH HOFMANN, SA KAGANDAHANG-LOOB NG C. HARRISON CONROY CO.; PAGLALARAWAN NI MATTHEW REIER © IRI

na hanapin muna ang kaharian ng Diyos.[9]

Sa Lupain ng Amerika, ipinahayag ng nabuhay-na-maguling Panginoon, "Alam ninyo ang mga bagay na kinakailangan ninyong gawin sa aking simbahan; sapagkat ang mga gawang nakita ninyong ginawa ko ay siya rin ninyong gagawin; sapagkat yaong nakita ninyong ginawa ko ay gayon din ang nararapat ninyong gawin."[10]

Pinagpapala natin ang iba kapag naglingkod tayo nang katulad ni Jesus na taga Nazaret . . . na naglilibot na gumagawa ng mabuti."[11] Nawa'y pagpalain tayo ng Diyos na magalak tayo sa paglilingkod sa ating Ama sa Langit habang naglilingkod tayo sa Kanyang mga anak sa daigdig. ■

**MGA TALA**

1. Moises 1:39.
2. William Shakespeare, *King Henry the Eighth,* act 3, scene 2, lines 456–58.
3. Doktrina at mga Tipan 64:34.
4. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: John Taylor* (2002), 197.
5. Lucas 22:27.
6. Tingnan sa Lucas 10:30–37; tingnan din sa Mateo 22:39.
7. Tingnan sa Mateo 19:16–24; Marcos 10:17–25; Lucas 18:18–25.
8. Tingnan sa Mateo 14:15–21; Marcos 6:31–44; Lucas 9:10–17; Juan 6:5–13.
9. Tingnan sa Mateo 6:33.
10. 3 Nephi 27:21.
11. Mga Gawa 10:38.

## PAGTUTURO MULA SA MENSAHENG ITO

"Hindi tayo pahihintulutang mabigo [ng Panginoon] kung gagawin natin ang ating tungkulin. Palalakihin niya tayo maging lampas sa sarili nating mga talino at kakayahan. . . . Ito ay isa sa mga pinakamatamis na karanasan na darating sa isang tao" (Ezra Taft Benson, sa *Pagtuturo, Walang Higit na Dakilang Tungkulin* [2000], 25). Isiping magbahagi ng isang karanasan na nadama ninyo o ng isang taong kilala ninyo na nadamang pinalaki ng Panginoon ang kanyang mga talento at kakayahan. Anyayahan ang pamilya na magbahagi ng ilan sa kanilang sariling magagandang karanasan nang tumugon sila sa "tawag ng Tagapagligtas na maglingkod."

## MGA KABATAAN



### Paglilingkod sa Templo

Ni Benjamin A.

Nang mag-edad 17 ako, nagsimula akong mag-isip nang seryoso tungkol sa kinabukasan ko, at ipinagdasal ko sa Ama sa Langit kung ano ang magagawa ko para makapaghandang magmisyon at matanggap ang Melchizedek Priesthood. Nadama ko na dapat akong magpunta sa templo nang mas madalas dahil ito ang bahay ng Panginoon at ito ang lugar kung saan ko madarama na napakalapit ko sa aking Ama sa Langit.

Kaya nagtakda ako ng mithiing gumawa ng 1,000 pagpapabinyag sa isang taon. Talagang nadama ko na kailangan kong itakda ang mithiing ito; nag-ayuno ako para malaman kung ito nga ang dapat kong gawin. Sinagot ako ng ating Ama sa Langit, at sinimulan kong magpunta sa Tampico Mexico Temple tuwing Sabado.

Matapos makagawa ng 500 pagpapabinyag, nagtakda ako ng mithiin na saliksikin ang family history ng aking mga ninuno, at lubha kong nagustuhang magsaliksik kaya hindi ako makatulog sa paghahanap ng mga pangalan. Nakakita ako ng 50 pangalan at walong henerasyon ng aking family history; tumulong akong gawin ang gawain sa templo para sa kanilang lahat.

Nakagawa ako ng mahigit 1,300 pagpapabinyag, at nagtapos ako sa seminary, tumanggap ng Melchizedek Priesthood, at naglilingkod na ngayon bilang full-time missionary, na isa sa aking pinakamalalaking mithiin sa buhay.

## MGA BATA

### May Magagawa Ako para sa Iba

Bawat isa sa atin ay may magagawa para tulungan ang iba. Itinuro ni Pangulong Monson na dapat nating mahalin ang lahat at matuto tayong alamin kung paano natin sila matutulungan.

Tingnan ang batang lalaking nakaupo sa tabi ng puno. May nakikita ba kayong ibang tao sa kanyang paligid na matutulungan niya?

Kapag naghapunan kayo ng inyong pamilya, imungkahing magbahagi ang bawat miyembro ng pamilya ng isang bagay na nagawa niya para paglingkuran ang isang tao sa araw na iyon. Isulat sa inyong journal ang sarili ninyong mga karanasan sa paglilingkod bawat araw.




LARAWAN SA KAGANDAHANG-LOOB NI WENDY BENTLEY; PAGLALARAWAN NI BETH M. WHITTAKER

*Mapanalanging pag-aralan ang materyal na ito at, kung angkop, talakayin ito sa kababaihang dinadalaw ninyo. Gamitin ang mga tanong upang tulungan kayong patatagin ang inyong ang mga kapatid at gawing aktibong bahagi ng inyong buhay ang Relief Society.*

**Pananampalataya, Pamilya, Kapanatagan**

# Pagkilos sa Oras ng Pangangailangan

Bilang mga visiting teacher, isa sa ating mga layunin ang tulungang mapatatag ang mga pamilya at tahanan. Dapat masabi ng kababaihang binibisita natin na, "Kung may mga problema ako, alam kong tutulong ang mga visiting teacher ko kahit hindi ko na sila sabihan." Para makapaglingkod, responsibilidad nating malaman ang mga pangangailangan ng kababaihang binibisita natin. Kapag naghangad tayo ng inspirasyon, malalaman natin kung paano tutugon sa espirituwal at temporal na mga pangangailangan ng bawat babaeng pinabibisita sa atin. Sa gayon, gamit ang ating oras, mga kagalingan, talento, panalanging may pananampalataya, at espirituwal at emosyonal na suporta, makapagbibigay tayo ng mahabaging paglilingkod sa oras ng karamdaman, kamatayan, at iba pang mga espesyal na sitwasyon.[1]

Sa tulong ng mga report mula sa mga visiting teacher, tinutukoy ng Relief Society presidency yaong may espesyal na mga pangangailangan dahil sa pisikal o emosyonal na karamdaman, emergency, panganganak, kamatayan, kapansanan, kalumbayan, o iba pang mga pagsubok. Pagkatapos ay irereport ng Relief Society president ang kanyang mga natuklasan sa bishop. Sa ilalim ng direksyon ng bishop, siya ang nag-oorganisa ng pag-alalay.[2]

Bilang mga visiting teacher "kaylaki ng dahilan upang tayo ay magalak" dahil sa "pagpapalang ipinagkaloob sa atin, na tayo ay gawing mga kasangkapan sa mga kamay ng Diyos upang maisagawa ang dakilang gawaing ito" (Alma 26:1, 3).



### *Mula sa mga Banal na Kasulatan*

Mateo 22:37–40; Lucas 10:29–37; Alma 26:1–4; Doktrina at mga Tipan 82:18–19

**MGA TALA**

1. Tingnan sa *Handbook 2: Administering the Church* (2010), 9.5.1; 9.6.2.
2. Tingnan sa *Handbook 2,* 9.6.2.
3. Henry B. Eyring, sa *Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian: Ang Kasaysayan at Gawain ng Relief Society* (2011), 130.

### *Ano ang Magagawa Ko?*

**1.** Ginagamit ko ba ang aking mga kaloob at talento para pagpalain ang iba?

**2.** Alam ba ng kababaihang pinangangalagaan ko na handa akong tulungan sila kapag nangailangan sila?

Para sa karagdagang impormasyon, pumunta sa reliefsociety.lds.org.

### *Mula sa Ating Kasaysayan*

Noong nagsisimula pa lamang ang Simbahan, kakaunti at nasa iisang lugar ang mga miyembro. Madaling makatugon ang mga miyembro kapag may isang taong nangangailangan. Ngayon ay mahigit 14 milyon na ang ating mga miyembro at matatagpuan sa iba't ibang panig ng mundo. Ang visiting teaching ay bahagi ng plano ng Panginoon para matulungan ang lahat ng Kanyang anak.

"Ang tanging sistemang makapaglalaan ng tulong at kapanatagan sa isang buong simbahang napakalaki sa isang mundong napakagulo ay sa pamamagitan ng mga lingkod na malapit sa mga taong nangangailangan," sabi ni Pangulong Henry B. Eyring, Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan.

". . . Bawat bishop at branch president ay may isang Relief Society president na maaasahan," pagpapatuloy niya. "Mayroon itong mga visiting teacher, na nakakaalam ng mga pagsubok at pangangailangan ng bawat miyembrong babae. Malalaman niya, sa pamamagitan nila, ang mga nasa puso ng mga tao at pamilya. Makakatugon siya sa mga pangangailangan at makakatulong sa bishop sa tungkulin nitong kalingain ang mga tao at pamilya."[3]

PAGLALARAWAN NI BRADLEY SLADE

# Notebook ng **Kumperensya para sa Buwan ng Abril**

*"Kung ano ang sinabi ko, ang Panginoon, ay sinabi ko; . . . maging sa pamamagitan ng sarili kong tinig o sa tinig man ng aking mga tagapaglingkod, ito ay iisa" (D at T 1:38).*

Habang nirerepaso ninyo ang pangkalahatang kumperensya ng Abril 2012, magagamit ninyo ang mga pahinang ito (at ang mga Notebook ng Kumperensya sa darating na mga isyu) upang tulungan kayong pag-aralan at ipamuhay ang mga turo ng mga buhay na propeta at apostol at ng iba pang mga pinuno ng Simbahan kamakailan.

**MGA KUWENTO MULA SA KUMPERENSYA**

## Pagtatayo ng Matitibay na Pundasyon

Noong binata ako nagtrabaho ako sa isang kontratista sa paglalagay ng mga footing [tuntungan] at pundasyon para sa mga bagong bahay. Sa init ng araw mahirap ihanda ang lupa sa porma o hugis na pagbubuhusan namin ng semento para sa footing. Wala pang mga makinarya. Gumamit kami ng piko at pala. Mahirap gumawa ng matitibay na pundasyon para sa mga gusali sa mga panahong iyon.

Nangailangan din ito ng pagtitiyaga. Pagkatapos naming buhusan ng semento ang footing, hinintay namin itong matuyo. Gustuhin man naming mapabilis ang trabaho, naghintay rin kaming matapos ang pagbuhos ng semento para sa pundasyon bago namin inalis ang mga porma.

At ang mas kahanga-hanga sa isang bagong karpintero ay ang tila mahirap at matagal na paglalagay ng mga bakal nang buong ingat sa loob ng mga porma para tumibay ang pundasyon.

Sa gayon ding paraan, kailangang ihandang mabuti ang lupa para sa pundasyon ng ating pananampalataya upang makayanan ang mga unos na darating sa buhay ng bawat isa. Ang matibay na batayan ng pundasyon ng pananampalataya ay integridad ng sarili.

Kapag lagi nating pinipili ang tama tuwing pumipili tayo, tumitibay ang pundasyon ng ating pananampalataya. Maaari itong magsimula sa pagkabata dahil bawat kaluluwa ay isinilang na may kaloob na Espiritu ni Cristo. Sa pamamagitan ng Espiritung iyan malalaman natin kapag nagawa natin ang tama sa harap ng Diyos at kapag mali ang ating nagawa sa paningin Niya.

Ang mga pagpiling iyon, na karaniwan ay daan-daan, ay inihahanda ang pundasyong kinasasaligan ng ating pananampalataya. Ang bakal sa paligid na pinagbuhusan ng ating pananampalataya ay ang ebanghelyo ni Jesucristo, kasama ang lahat ng tipan, ordenansa, at alituntunin nito.

Ang isa sa mga susi sa di-matitinag na pananampalataya ay ang tamang pagtantiya kung sapat na ba ang lakas nito. . . .

Hindi kaagad-agad tumitibay ang pananampalataya sa paglipas ng panahon, kundi nangangailangan ito ng sapat na panahon. Ang pagtanda ay hindi sapat. Masigasig na paglilingkod sa Diyos at sa kapwa nang buong puso at kaluluwa ang nagbubunga ng patotoo na nagiging matibay na espirituwal na lakas.

**Pangulong Henry B. Eyring, Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan, "Mga Bundok na Aakyatin," *Liahona,* Mayo 2012, 24.**



### Mga Tanong na Pag-iisipan


- Naaalala ba ninyo ang isang pagkakataon na sinubukan ang inyong personal na integridad? Paano kayo tumugon?
- Paano pinalalakas ng paglilingkod sa Diyos at sa kapwa ang inyong espirituwal na pundasyon?

Isiping isulat ang inyong mga ideya sa inyong journal o talakayin ang mga ito sa iba.

Karagdagang mga sanggunian sa paksang ito: "Faith" sa Study by Topic sa LDS.org; Richard G. Scott, "Ang Nagpapabagong Kapangyarihan ng Pananampalataya at Pagkatao," *Liahona,* Nob. 2010, 43–46.

KALIWA: LARAWAN SA KAGANDAHANG-LOOB NG CHURCH HISTORY LIBRARY; KANANG IBABA: PAGLALARAWAN NI MARYN ROOS

# PUNAN ANG PUWANG




**1.** "Tayo ay maliligtas mula sa mga gawain ng masasama sa pamamagitan ng pagbaling sa mga turo ng mga banal na ____________________"

**(L. Tom Perry, "Ang Kapangyarihang Magligtas,"** ***Liahona,*** **Mayo 2012, 97)**

**2.** "Walang nababawas sa atin kapag may ____________ sa iba"

**(Jeffrey R. Holland, "Ang mga Manggagawa sa Ubasan,"** ***Liahona,*** **Mayo 2012, 32).**





**3.** "Ang mga katotohanan at doktrinang natanggap natin ay dumating at patuloy na darating sa pamamagitan ng banal na ______"

**(D. Todd Christofferson, "Ang Doktrina ni Cristo,"** ***Liahona,*** **Mayo 2012, 86).**

**4.** "Ang buhay na ito ay paghahanda para sa walang hanggang kadakilaan, at ibig sabihin niyan ay ____________"

**(Ronald A. Rasband, "Natatanging mga Aral,"** ***Liahona,*** **Mayo 2012, 80).**



Mga sagot: 1. kasulatan; 2. nadaragdag; 3. paghahayag; 4. susubukan tayo.

DALAWANG-SALITANG SERMON

**KAYO BA AY:**

1. May hinanakit sa ibang tao?
2. Nagtsitsismis?
3. Pinaaalis o pinalalayo ninyo ang iba?
4. Naiinggit sa ibang tao?
5. May gustong ipahamak na tao?




**SA HALIP:**

1. Maging mabait.
2. Magpatawad.
3. Makipag-usap nang mahinahon.
4. Hayaang mapuno ng pag-ibig ng Diyos ang iyong puso.
5. Gumawa ng mabuti sa iba.

**Hango sa Dieter F. Uchtdorf, "Ang Mahabagin ay Kahahabagan,"** ***Liahona,*** **Mayo 2012, 76.**

## Pangako ng Isang Propeta



"Pinagtibay ng Espiritu Santo ang katotohanan sa kumperensyang ito. Muli niyang itong gagawin kung inyong hahangarin, kung pakikinggan, at pag-aaralan ninyo kalaunan ang mga mensahe ng mga awtorisadong lingkod ng Panginoon."

**Pangulong Henry B. Eyring, Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan, "Mga Bundok na Aakyatin,"** ***Liahona,*** **Mayo 2012, 26.**

Para mabasa, mapanood, o mapakinggan ang mga mensahe sa pangkalahatang kumperensya, bisitahin ang conference.lds.org

# Ang Sakramento
## PAG-ALAALA SA TAGAPAGLIGTAS

Ang sakramento ay isang sagradong ordenansa ng priesthood na isinasagawa bawat Linggo. Pinasimulan ni Jesucristo ang ordenansang ito noong narito Siya sa lupa at ipinanumbalik ito sa ating panahon sa pamamagitan ni Propetang Joseph Smith. "Ang ordenansa ng sakrament[o]," sabi ni Elder Dallin H. Oaks ng Korum ng Labindalawang Apostol, "ang nagpapabanal at nagpapahalaga nang lubos sa [sacrament meeting] sa Simbahan."[1]

Inutusan tayo ng Panginoon na magtipon at makibahagi sa sakramento sa bawat Linggo (tingnan sa D at T 20:75). Binabasbasan at ipinapasa ng mga mayhawak ng Aaronic Priesthood ang tinapay at tubig sa mga miyembro ng kongregasyon, na nakikibahagi sa sakramento bilang pag-alaala sa katawan at dugo ni Jesucristo. Sa paggawa nito, muli silang nangangakong sundin ang mga tipang ginawa nila sa Diyos nang binyagan sila. Lalo't higit, ipinangako nila na laging alalahanin si Jesucristo, taglayin sa kanilang sarili ang Kanyang pangalan, at sundin ang Kanyang mga utos (tingnan sa D at T 20:77).


Kasama sa wastong paghahandang makibahagi sa sakramento ang pagsisisi, paghahangad na sundin ang Tagapagligtas, at pagkakaroon ng "bagbag na puso at nagsisising espiritu" (3 Nephi 9:20). Ang pakikibahagi ng sakramento ay isang lingguhang pagkakataong magnilay-nilay at muling mangako. Ang pagpipitagan at panalangin ay nagpapaganda sa karanasan. Ang mga taong nakagawa ng mabibigat na kasalanan ay hindi dapat makibahagi sa sakramento hanggang sa makapagsisi sila, kabilang na ang pagtatapat sa kanilang bishop o branch president (tingnan sa 3 Nephi 18:28–30).

Ang marapat na pakikibahagi sa sakramento ay naghahatid ng malalaking pagpapala, tulad ng kapatawaran ng mga kasalanan, patnubay ng Espiritu Santo, at pagpapabanal—ginagawang banal—sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala. ■

Para sa iba pang impormasyon, tingnan sa I Mga Taga Corinto 11:23–30; Doktrina at mga Tipan 27:2.

**TALA**

1. Dallin H. Oaks, "Ang Sakrament Miting at ang Sakrament," *Liahona,* Nob. 2008, 17.




IBABA: *ANG HULING HAPUNAN,* NI SIMON DEWEY; KANAN: *ANG HULING HAPUNAN,* NI CARL HEINRICH BLOCH, GINAMIT SA PAHINTULOT NG NATIONAL HISTORIC MUSEUM AT FREDERIKSBORG SA HILLERØD, DENMARK, HINDI MAARING KOPYAHIN; LARAWANG IPININTA NI DEL PARSON; MGA PAGLALARAWAN NINA EDWIN REDRINO, ROBERT MILNE, AT CHRISTINA SMITH

*1. Pinasimulan ni Jesucristo ang sakramento sa Kanyang Labindalawang Apostol noong gabi bago Siya ipinako sa Krus (tingnan sa Lucas 22:19–20).*



*2. Matapos ang Kanyang Pagkabuhay na Mag-uli, pinasimulan ng Tagapagligtas ang sakramento sa mga lupain ng Amerika (tingnan sa 3 Nephi 18:1–11).*



*3. Ang mga mayhawak ng Aaronic Priesthood ang naghahanda, nagbabasbas, at nagpapasa ng sakramento sa ilalim ng pamamahala ng bishop o branch president.*







*4. Sa sacrament meeting, nagtutuon tayo sa pagsamba at umiiwas tayong gumawa ng anumang makagagambala sa iba.*



*5. Inaalala natin ang buhay, halimbawa, mga turo, at Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas habang mapitagan tayong nakikibahagi sa sakramento.*

"Inaamin natin na lahat tayo ay nagkakamali. Bawat isa sa atin ay kailangang ipagtapat at talikuran ang ating mga kasalanan at pagkakamali sa ating Ama sa Langit at sa ibang maaaring nasaktan natin. Ang Sabbath ay nagbibigay sa atin ng mahalagang pagkakataong ihandog ito—na ating mga sakramento—sa Panginoon."

**Elder L. Tom Perry ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Ang Sabbath at ang Sakramento," *Liahona,* Mayo 2011, 8.**

## PAGSAGOT SA MGA TANONG

Yaong mga hindi pamilyar sa mga pulong natin tuwing Linggo ay maaaring iniisip kung maaari bang dumalo ang mga miyembro ng ibang relihiyon sa ating mga serbisyo sa pagsamba at makibahagi sa sakramento. Lahat ay maaaring magsimba sa atin. Ang sakramento ay nilayong tulungan ang mga miyembro na mapanibago ang kanilang mga tipan, ngunit kung nakatutulong ang pakikibahagi sa sakramento sa pagsamba ng mga bisita, maaari nilang gawin iyon.

# PAG-ARALAN ANG INYONG Tungkulin

*Ang tungkulin ay nagpapaalala sa atin na tayo ay mga katiwala sa lahat ng ipinagkatiwala sa atin ng ating Lumikha.*



**Ni Elder Joseph B. Wirthlin (1917–2008)**
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

*Si Joseph B. Wirthlin ay isinilang noong Hunyo 11, 1917, sa Salt Lake City, Utah. Sinang-ayunan siya sa Korum ng Labindalawang Apostol noong 1986. Ang sumusunod ay hinango sa mensahe niya sa pangkalahatang kumperensya noong Oktubre 5, 1980, bilang miyembro ng Unang Korum ng Pitumpu. Para sa buong teksto sa Ingles, tingnan sa* Ensign, *Nob. 1980, sa ensign.lds.org.*

Hindi pinoproblema ng karamihan sa atin na gawin ang *dapat* nating gawin kapag hindi ito sagabal sa *gusto* nating gawin, ngunit kailangan ng disiplina at kahustuhan ng isip para gawin ang dapat nating gawin gustuhin man natin ito o hindi. Ang tungkulin kadalasan ay ang inaasahan ng isang tao sa iba at hindi ang ginagawa niya. Ang iniisip at pinaniniwalaan at ipinaplano ng mga tao ay pawang napakahalaga, ngunit ang kanilang *ginagawa* ang pinakamahalaga. Isang tungkulin ang iwaksi ang kasakiman at isipin ang ikabubuti ng lahat.

Lagi nating alalahanin na ang tungkulin ay nagpapaalala sa atin na tayo ay mga katiwala sa lahat ng ipinagkatiwala sa atin ng ating Lumikha. Kapag tumatanggap tayo ng mga tungkulin nang may pagkukusa at katapatan, lumiligaya tayo. Yaong ginagawang pangunahing adhikain sa buhay ang lumigaya ay malamang na mabigo, sapagkat ang kaligayahan ay isang resulta sa halip na isang layunin mismo. Lumiligaya ang isang tao sa paggawa ng kanyang tungkulin at pagkaalam na ang buhay niya ay nakaayon sa Diyos at sa Kanyang mga utos. . . .

Bawat matagumpay na lalaki at babae sa kasaysayan ng mundo ay alam ang kanyang tungkulin at matibay ang hangaring gampanan ito. Alam na alam ng Tagapagligtas ang Kanyang tungkulin. Kahit ang ipinagawa sa Kanya ay higit pa sa kayang gawin ng tao, nagpailalim Siya sa kalooban ng Kanyang Ama at ginampanan Niya ang Kanyang banal na tungkulin na magbayad-sala para sa mga kasalanan ng sangkatauhan.

Si Joseph Smith ay tapat at gumanap sa kanyang tungkulin kahit sa harap ng labis na pang-uusig at malaking personal na sakripisyo. Siya ay nagtiyaga, nagtiis, at isinakatuparan niya ang Pagpapanumbalik ng tunay na ebanghelyo ni Jesucristo. . . .

Tinanggap ni Pangulong Spencer W. Kimball [1895–1985] ang utos na dalhin ang ebanghelyo sa mga dulo ng daigdig. Tapat niyang ginampanan ang kanyang tungkulin at isa siyang magandang halimbawa sa atin sa lahat ng kanyang ginawa para ipangaral ang ebanghelyo ng pagmamahal. Ang resulta ay isang pandaigdigang Simbahan at katuparan ng propesiya sa mga huling araw.

Maaari sanang piliin ng mga dakilang lalaking ito . . . na sundan ang mas madaling landas kaysa sa tatahakin nila sa pagtupad ng tungkulin. Ngunit hindi nila ginawa ito. Tiyak na hindi laging maginhawa o madali ang kanilang tungkulin. Kadalasan ay malaking sakripisyo at personal na paghihirap ang kahulugan ng kanilang tungkulin; ngunit magkagayunman, tungkulin ang kanilang pinili, at ginampanan nila ito.

Marami tayong tungkuling kailangang gampanan sa buhay—ang ilan ay pangkaraniwan, ang iba ay mas makabuluhan at mahalaga. Mahalagang bahagi ng tungkulin ang magpakita ng wastong halimbawa at samantalahin ang bawat pagkakataong palakasin ang iba sa mahirap na landas na ito ng buhay. Magagawa ito sa mapanghikayat na kataga, papuri,

PAGLALARAWAN NI CRAIG DIMOND




pakikipagkamay—anumang pahiwatig ng pagmamalasakit. At kailangan nating tandaan na habang natututuhan nating mabuti ang ating mga tungkulin dito, naghahanda rin tayong gumanap ng mga walang-hanggang tungkulin. . . .

Ang napakahalagang pangangailangang gawin ang ating mga tungkulin sa tahanan, sa Simbahan, sa ating pang-araw -araw na trabaho, at maging para sa ating pinakamamahal na bansa . . . ay inilarawan ng Panginoong Gurong si Jesucristo nang malinaw at maganda. Ipinahayag Niya:

"Sapagka't walang mabuting punong kahoy na nagbubunga ng masama; at wala rin naman[g] masamang punong kahoy na nagbubunga ng mabuti.

"Sapagka't bawa't punong kahoy ay nakikilala sa kaniyang sariling bunga. Sapagka't ang mga tao ay di nangakapuputi ng mga igos sa mga dawag, at di nangakapuputi ng ubas sa mga tinikan.

"Ang mabuting tao ay kumukuha ng kagalingan sa mabubuting kayamanan ng kaniyang puso; at ang masamang tao'y kumukuha ng kasamaan sa masamang kayamanan: sapagka't sa kasaganaan ng puso ay nagsasalita ang kaniyang bibig.

"At bakit tinatawag ninyo ako, Panginoon, Panginoon, at di ninyo ginagawa ang mga bagay na aking sinasabi?

"Ang bawa't lumalapit sa akin, at pinakikinggan ang aking mga salita, at ginagawa, ituturo ko sa inyo kung sino ang katulad:

"Siya'y tulad sa isang taong nagtatayo ng bahay, na humukay at pinakalalim, at inilagay ang patibayan sa bato: at nang dumating ang isang baha, ay hinampas ng agos ang bahay na yaon, at hindi nakilos; sapagka't natitirik na mabuti.

"Datapuwa't ang dumirinig, at hindi ginagawa, ay tulad sa isang tao na nagtayo ng bahay sa lupa, na walang patibayan; laban sa yaon ay hinampas ng agos, at pagdaka'y nagiba; at malaki ang naging kasiraan ng bahay na yaon" (Lucas 6:43–49).

"Huwag mapagod sa paggawa ng mabuti" (D at T 64:33), mga kapatid ko. Ang pagiging tapat ng isang tao sa tungkulin ay tanda ng tunay na mga disipulo ng Panginoon at mga anak ng Diyos. Maging magiting sa inyong tungkulin. Maging masunurin. Huwag magpabaya sa inyong pinakamahalagang gawain, na manatili sa inyong ikalawang kalagayan. Maging tapat sa inyong tungkulin, dahil ihahatid kayo nito sa Diyos.

Taos-puso kong ibinabahagi sa inyo ang aking malalim na patotoo na ito lamang ang tanging paraan para lumigaya at tumulong na mapalago at mapasagana ang kaharian. ■

*Pinagpare-pareho ang pagpapalaki ng mga titik at pag-aayos ng mga talata.*

***Mahalagang bahagi ng tungkulin ang magpakita ng wastong halimbawa at samantalahin ang bawat pagkakataong palakasin ang iba sa mahirap na landas na ito ng buhay.***



KALIWA: LARAWANG KUHA NI CRAIG DIMOND; KANAN, MULA ITAAS: MGA LARAWANG KUHA NINA JED A. CLARK © IRI, JEFFREY ALLRED © *DESERET NEWS*, © *DESERET NEWS*, AT CHRISTINA SMITH

THOMAS S. MONSON

# Pagsagot sa Tawag ng Tungkulin

*Noong araw nangako si Pangulong Thomas S. Monson na gagampanan ang kanyang tungkuling gawin ang gawain ng Panginoon at sundan ang halimbawa ni Jesucristo*

**Ni Heidi S. Swinton**

Maraming ulit na sinabi ni Pangulong Thomas S. Monson, "Gusto ko ang salitang *tungkulin*." Itinuturing niya itong "isang bagay na sagrado."[1] Tungkol sa pagganap sa kanyang tungkulin bilang ika-16 na Pangulo ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, sinabi niya, "[Inilalaan] ko ang aking buhay, ang aking lakas—lahat ng maiaalay ko—sa paglilingkod [sa Panginoon] at sa pangangasiwa sa mga gawain ng Kanyang Simbahan ayon sa Kanyang kalooban at sa Kanyang inspirasyon."[2]

Kilala sa paglilingkod niya sa iba, ipinamigay ni Pangulong Monson ang kanyang amerikana at sapatos noong magpunta siya sa ibang bansa at umuwi na naka-slacks at tsinelas. Naging ugali niyang bumisita sa mga kaibigan at kakilala na nangangailangang mabigyan ng lakas at pag-asa. Napakaraming tao na ang nabasbasan niya sa mga ospital at care center, sinunod niya ang paramdam na tumawag sa telepono, at nagsalita sa mga lamay na mahirap bilangin dahil napakarami. Nakapaghatid na siya ng mga hapunan at pananghalian, manok na iihawin, at aklat na may nakasulat na mapagmahal na mensahe. Ang pang-araw-araw niyang iskedyul bilang Pangulo ng Simbahan ay puno ng mga pulong at appointment, ngunit lagi siyang nagbibigay ng oras para sa mga tao—na kadalasan ay paisa-isa. Sa mga talaan ng kasaysayan ng Simbahan, kikilalanin siya dahil sa kanyang pagmamahal sa mga tao at sa pagpapahayag niya ng pagmamahal na iyon sa pamamagitan ng pagbibigay ng oras sa kanila.

## Halimbawa ng Tungkulin ni Jesucristo

Ang mga kilos ni Pangulong Monson ay bunga ng kanyang patotoo tungkol sa Panginoong Jesucristo. Sabi niya: "Kahit na Siya'y isinilang sa mundo bilang Anak ng Diyos, mapagpakumbaba Siyang naglingkod sa mga taong nakapaligid sa Kanya. Bumaba Siya mula sa langit para mamuhay na mortal dito sa lupa at para itayo ang kaharian ng Diyos. Binago ng Kanyang maluwalhating ebanghelyo ang pananaw ng sanlibutan."[3] Ipinahayag ng Tagapagligtas ang diwa ng









***Mula itaas: Ipinadarama ni Pangulong Monson ang pagmamahal sa mga tao habang kinakamayan niya ang mga Boy Scout, tinatanggap ang isang regalo (kasama ang kanyang asawang si Frances), ginagabayan ang isang dalagita sa isang groundbreaking, at kumakaway sa kongregasyon sa pangkalahatang kumperensya (kasama ang kanyang asawa).***









***Nagturo si Jesucristo sa sinagoga at sa balon. Binasbasan niya ang mga batang paslit at ibinangon ang anak na babae ni Jairo mula sa patay.***

Kanyang tungkulin nang sabihin Niya, "Ako ay pumarito sa daigdig upang gawin ang kalooban ng aking Ama" (3 Nephi 27:13). May determinasyon at kabaitang isinilang na may walang-hanggang pananaw, Siya ay "naglilibot na gumagawa ng mabuti, . . . sapagka't sumasa kaniya ang Dios" (Mga Gawa 10:38).

Binigyang-diin ni Pangulong Monson na nang dumating ang tawag kay Jesucristo sa Halamanan ng Getsemani, sumagot Siya, "Ama ko, kung baga maaari, ay lumampas sa akin ang sarong ito: gayon ma'y huwag ang ayon sa ibig ko, kundi ang ayon sa ibig mo" (Mateo 26:39). Batid at paulit-ulit na ginampanan ng Tagapagligtas ang Kanyang tungkuling gabayan, pasiglahin, at hikayatin ang lahat ng anak ng Kanyang Ama. Sinabi ni Pangulong Monson tungkol dito: "Ang Tagapagligtas ay laging abala—sa pagtuturo, pagpapatotoo, at pagliligtas sa iba. Iyon ang ating indibiduwal na tungkulin bilang mga miyembro."[4]

*"Ang Tagapagligtas ay laging abala—sa pagtuturo, pagpapatotoo, at pagliligtas sa iba. Iyon ang ating indibiduwal na tungkulin bilang mga miyembro."*

### Pagkatutong Gumanap sa Kanyang Tungkulin

Lumaki si Pangulong Monson sa Sixth-Seventh Ward sa Temple View Utah Stake. Doon ay natutuhan niya ang kanyang tungkuling gampanan ang kanyang mga atas sa priesthood sa patnubay ng matatalinong lider ng priesthood, at nagtamo siya ng kaalaman at patotoo tungkol sa ebanghelyo ni Jesucristo mula sa mga inspiradong guro.

Noong 1950 sa edad na 22, sinang-ayunan si Thomas Spencer Monson bilang bishop ng Sixth-Seventh Ward. Ginamit niya ang natutuhan niya tungkol sa tungkulin sa mga nagturo sa kanya ng kahulugan nito. Siya ang ama ng ward, ang pangulo ng Aaronic Priesthood, ang naglalaan para sa mga maralita at nangangailangan, ang nagtatago ng mga wastong talaan, at ang pangkalahatang hukom sa Israel. Marami siyang tungkulin, ngunit ginampanan niya ang mga ito na may likas na positibong pananaw.

Isa sa mga tungkulin ng bishop ang padalhan ang bawat serviceman ng suskrisyon sa *Church News* at sa *Improvement Era* at padalhan ito ng personal na liham bawat buwan. Dahil nakapaglingkod na si Pangulong Monson sa navy noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig, kinilala niya ang kahalagahan ng liham mula sa pamilya. Nagkaroon siya ng 23 miyembro ng ward na naglilingkod sa militar, kaya tumawag siya ng isang sister sa ward para mamahala sa mga detalye ng pagpapadala ng mga liham na ito. Isang gabi iniabot niya rito ang buwanang bunton ng 23 liham.

"Bishop, hindi ba kayo nawawalan ng pag-asa kahit kailan?" tanong nito. "Narito ang isa pang liham kay Brother Bryson. Ito ang ika-17 liham na naipadala ninyo sa kanya na walang sagot."

"Baka naman sakaling sumagot siya ngayong buwan," wika niya. Sumagot nga siya. Ganito ang sagot ni Brother Bryson: "Dear Bishop, hindi ako talaga mahilig lumiham. Salamat sa *Church News* at mga magasin, pero higit sa lahat salamat sa mga personal na liham ninyo. Nagbagong-buhay na ako. Naorden na akong priest sa Aaronic Priesthood. Nag-uumapaw sa galak ang puso ko. Masayang-masaya ako."

Nakita ni Pangulong Monson sa liham na iyon ang praktikal na aplikasyon ng kasabihang "Gawin mo ang iyong tungkulin, iyan ang pinakamainam. Panginoon na ang bahala sa iba." Ilang taon kalaunan, habang nasa isang stake

KALIWA, MULA ITAAS: *LIWANAG AT KATOTOHANAN*, NI SIMON DEWEY; *TUBIG NA BUHAY*, NI SIMON DEWEY; *MAGTINDIG KA AT LUMAKAD*, NI SIMON DEWEY; LARAWANG IPININTA NI DAN BURR; KANAN: PAGLALARAWAN NI PAUL MANN

conference, ikinuwento niya ang kanyang karanasan sa pagliham sa mga servicemen. Pagkatapos ng pulong, isang binata ang lumapit sa kanya at nagtanong, “Bishop, naaalala ba ninyo ako?”

Walang pag-aalinlangang sumagot si Pangulong Monson, “Brother Bryson! Kumusta ka na? Ano ang ginagawa mo sa Simbahan?”

Sumagot ang dating serviceman nang buong kasiyahan na mabuti ang kanyang kalagayan at naglilingkod siya sa kanilang elders quorum presidency. “Salamat ulit sa inyong pagmamalasakit sa akin at sa mga personal na liham na ipinadala ninyo na itinatangi ko.”[5]

Sa mga kaganapang tulad ito, sinabi ni Pangulong Monson: “Kadalasan ang mumunting gawa ng paglilingkod ang tanging kailangan upang mapasigla at mapagpala ang iba: pagtatanong tungkol sa pamilya ng isang tao; mga salita ng panghihikayat; tapat na papuri; munting liham ng pasasalamat; maikling tawag sa telepono. Kung mapagmasid tayo, at kung kumikilos tayo ayon sa mga paramdam na dumarating sa atin, marami tayong magagawang kabutihan.”[6]

## Pagkatutong Gumanap sa Ating Tungkulin

“Sa pagsunod natin ngayon sa mga halimbawa [ni Jesucristo], mapagpapala din natin ang buhay ng iba,” sabi ni Pangulong Monson. “Inaanyayahan tayo ni Jesus na ilaan ang ating sarili: ‘Masdan, hinihingi ng Panginoon ang puso at may pagkukusang isipan.’”[7]

Sa pananaw ng ating propeta, ang tungkulin ay dapat ituring na higit pa sa personal na ambisyon, tagumpay, kaginhawahan, o kasiyahang matiyak at matugunan ang mas mabuti. “Upang mahanap ang tunay na kaligayahan,” sabi ni Pangulong Monson, “kailangan natin itong hanapin nang nakatuon ang ating pansin sa ibang bagay at hindi sa ating sarili. Hindi natutuhan ng sinuman ang kahulugan ng mabuhay hangga’t hindi siya nagpapakumbaba sa paglilingkod sa kanyang kapwa. Ang paglilingkod sa iba ay tulad ng tungkulin— ang pagsasagawa nito ay nagdudulot ng tunay na kagalakan.”[8]

Naniniwala siya na pinadadali ng pagkakaibigan ang paglilingkod sa iba. “Ang isang kaibigan ay mas nagmamalasakit na makatulong sa mga tao kaysa tumanggap

***Nang patayuin ni Pangulong Monson ang lahat na ang buhay ay naantig ng stake president, nagsimulang magsitayo ang kongregasyon hanggang sa makatayo ang lahat.***



ng papuri," wika niya. "Ang kaibigan ay kumakalinga. Ang kaibigan ay nagmamahal. Ang kaibigan ay nakikinig. At ang isang kaibigan ay dumadamay."[9]

Ilang taon na ang nakararaan dumalo si Pangulong Monson sa isang stake conference sa Star Valley, Wyoming, USA, na may atas na muling organisahin ang stake presidency. Ngunit higit pa sa tungkuling iyon ang kanyang ginampanan. Inantig niya ang buhay ng lahat ng dumalo sa isang simpleng pagpapakita ng pagmamahal nang i-release niya ang stake president na si E. Francis Winters, na 23 taon nang nakapaglingkod.

Sa araw ng stake conference, napuno ng mga miyembro ang gusali. Parang sinasabi ng bawat isa ang "isang tahimik na *salamat* sa marangal na pinunong ito," na kitang-kitang nagampanan ang kanyang tungkulin nang buong kaluluwa. Nang tumayo si Pangulong Monson para magsalita, sinabi niya kung gaano katagal na nangulo si President Winters sa stake at "patuloy na naging matatag na sandigan sa lahat ng nasa lambak." Pagkatapos ay nahikayat siyang gumawa ng isang bagay na hindi pa niya nagagawa noon. Pinatayo niya ang lahat ng naantig ng buhay ni President Winters. Nakagugulat ang nangyari. Bawat taong naroon ay tumindig.

Sinabi ni Pangulong Monson sa kongregasyon, na karamihan ay luhaan ang mga mata, "Ang malaking pangkat na ito ay nagpapakita hindi lamang ng nadarama ng bawat isa [kundi] gayundin ng pasasalamat ng Diyos sa buhay na pinabuti."[10]

*"Kadalasan ang mumunting gawa ng paglilingkod ang tanging kailangan upang mapasigla at mapagpala ang iba."*

## Ang Patotoo ng Ating Propeta tungkol sa Tungkulin

Ibinigay sa atin ni Pangulong Monson ang nakahihikayat na mga turong ito hinggil sa tungkulin:

"Anuman ang ating katungkulan, anuman ang ating kinatatakutan o ikinababalisa, magdasal tayo at pagkatapos ay humayo at gumawa, na tinatandaan ang mga salita ng Guro, maging ng Panginoong Jesucristo, na nangakong, 'Ako'y sumasa inyong palagi, hanggang sa katapusan ng sanglibutan.'"[11]

"Mapalalakas natin ang bawat isa; may kakayahan tayong pansinin ang mga napabayaan. Kapag may mata tayong nakakakita, taingang nakakarinig, at pusong nakababatid at nakadarama, kaya nating abutin at iligtas ang mga taong nasa pananagutan natin."[12]

"Wala ni isa sa atin na nabubuhay nang mag-isa—sa ating lungsod, ating bansa, o sa ating mundo. Walang humahati sa pagitan ng ating kaunlaran at ng kahirapan ng ating kapwa."[13]

"[May] mga paang patatatagin, mga kamay na aabutin, mga isipang hihikayatin, mga pusong bibigyan ng inspirasyon, at mga kaluluwang ililigtas."[14]

"Marahil kapag nakaharap natin ang ating Lumikha, hindi tayo tatanungin ng, 'Ilang katungkulan ang hinawakan mo,' bagkus ay, 'Ilang tao ang tinulungan mo?'"[15]


"Sa ating pang-araw-araw na buhay, nakatutuklas tayo ng napakaraming pagkakataong sundan ang halimbawa ng Tagapagligtas. Kapag ang ating puso ay umaayon sa Kanyang mga turo, natutuklasan natin na hindi maipagkakamali na malapit ang Kanyang banal na tulong. Halos parang tayo ay nasa paglilingkod sa Panginoon; at natutuklasan natin pagkatapos na, kapag tayo ay nasa paglilingkod sa Panginoon, may karapatan tayo sa tulong ng Panginoon."[16]

"Sa pag-aaral sa Kanya, sa paniniwala sa Kanya, sa pagsunod sa Kanya, maaari tayong maging katulad Niya. Maaaring mabago ang [ating] anyo; lumambot ang [ating] puso; gumaan ang [ating] hakbang; mabago ang [ating] pananaw. Ang buhay ay magiging gaya ng dapat mangyari."[17]

Gaya ng ating propetang si Pangulong Thomas S. Monson, maaari tayong mangakong gampanan ang ating tungkuling gawin ang gawain ng Panginoon at sundan ang halimbawa ni Jesucristo. ■

**MGA TALA**


1. Thomas S. Monson, "Stumbling Blocks, Faith, and Miracles," *Liahona,* Hunyo 1996, 20; "Happy Birthday," *Ensign,* Mar. 1995, 59.
2. Thomas S. Monson, "Paglingon at Pagsulong," *Liahona,* Mayo 2008, 90.
3. Thomas S. Monson, "Ang Tagapagtayo ng Tulay," *Liahona,* Nob. 2003, 68.
4. Thomas S. Monson, "Sabik sa Paggawa," *Liahona,* Nob. 2004, 56.
5. Tingnan sa Thomas S. Monson, "The Call of Duty," *Ensign,* Mayo 1986, 39.
6. Thomas S. Monson, "Tatlong Mithiin na Gagabay sa Inyo," *Liahona,* Nob. 2007, 120.
7. Thomas S. Monson, "Ang mga Regalo ng Pasko," *Liahona,* Dis. 2003, 2.
8. Thomas S. Monson, "The Lord's Way," *Ensign,* Mayo 1990, 93.
9. Thomas S. Monson, "Sa Pagsaklolo," *Liahona,* Hulyo 2001, 59.
10. Thomas S. Monson, "Ang Inyong Walang Hanggang Tahanan," *Liahona,* Hulyo 2000, 70.
11. Thomas S. Monson, "Nagdarasal Sila at Humahayo," *Liahona,* Hulyo 2002, 57.
12. Thomas S. Monson, "Ang Tawag na Maglingkod," *Liahona,* Ene. 2001, 58.
13. Thomas S. Monson, "In Search of the Abundant Life," *Tambuli,* Ago. 1988, 4.
14. Thomas S. Monson, "Saligang Kaytibay," *Liahona,* Nob. 2006, 68.
15. Thomas S. Monson, "Faces and Attitudes," *New Era,* Set. 1977, 50.
16. Thomas S. Monson, "Windows," *Ensign,* Nob. 1989, 69.
17. Thomas S. Monson, "Ang Paraan ng Guro," *Liahona,* Ene. 2003, 4.



# PAGLILINGKOD SA ISANG TAO

Ni Al VanLeeuwen

Nang magsimula ako sa kolehiyo bilang freshman, mabilis kong kinaibigan ang dalawang iba pang freshmen, ang isa ay rantsero at ang isa pa ay magbubukid. Hindi kami bagay na magkakasama—dalawang praktikal na kanluraning magbubukid na Amerikano at isang mabilis-magsalitang taga-lungsod ng East Coast. Nang makatapos kami sa kolehiyo, umuwi sila sa rantso at sa bukid, at nagsimula akong magnegosyo.

Nagpalitan kami ng mga Christmas card taun-taon at nagtawagan kami sa telepono paminsan-minsan habang tumatanda kami. Noong mahigit 30 anyos na ako, dalawang beses akong naglingkod bilang Scoutmaster. Kalaunan, nang makatapos ako sa ikalawang "paglilingkod" bilang assistant nursery leader, naglilingkod na sa bishopric ang dalawang kaibigan ko. Nang lumaon, natukso akong ihambing ang mga katungkulan ko sa mga katungkulan ng mga kaibigan ko, at nadama ko na hindi ako gusto ni pinapansin ng mga tao.

Noong mahigit 40 anyos na ako, ilang araw na nagambala ang aking isipan sa mga katungkulang mamuno na ibinigay sa iba. Tuwing tatawagin ang isang tao sa isang katungkulang mamuno sa ward o stake, bumubulong sa akin si Satanas na hindi ako karapat-dapat o hindi sapat ang pananampalataya ko para sa gayong mga katungkulan. Nilabanan ko ang gayong mga ideya sa pamamagitan ng panalangin at pag-aaral, pero inisip ko pa rin kung karapat-dapat nga ba ako o hindi. Hindi ko pinangarap na maging "isang elder lamang" at referee sa mga larong basketball ng mga kabataan sa edad na 50 samantalang naglilingkod ang mga kaibigan ko sa mga stake presidency.


Pagkatapos ay dumating ang isang karanasang nagpabago sa pang-unawa ko sa ebanghelyo. Tinutulungan ko noon ang asawa ko isang araw ng Linggo sa Primary class niya na puno ng malilikot na batang pitong taong gulang. Nang magsimula ang oras ng pagbabahagi sa Primary, napansin ko ang isa sa mga miyembro ng klase na nakasiksik sa kanyang silya at halatang masama ang pakiramdam. Ibinulong sa akin ng Espiritu na kailangan niyang guminhawa, kaya umupo ako sa tabi niya at tinanong ko siya nang mahina kung ano ang problema. Hindi siya sumagot pero mukhang talagang hirap siya, kaya sinimulan ko siyang kantahan nang mahina.

Pinag-aaralan ng Primary ang isang bagong awitin noon, at nang kumanta kami ng, "Kung makikinig nang taos, Siya'y aking maririnig,"[1] pinuspos ng di-kapani-paniwalang liwanag at init ang aking kaluluwa. Pakiramdam ko ay niyakap ako ng walang-hanggang mga bisig ng pagmamahal. Naunawaan ko na dininig ng Ama sa Langit ang panalangin ng batang ito at naroon ako para ibigay ang ginhawang nais Niyang ibigay rito. Nabuksan ang aking espirituwal na pang-unawa, at tumanggap ako ng personal na patotoo sa pagmamahal ng ating Tagapagligtas sa kanya, sa bawat isa sa Kanyang mga anak, at sa akin. Alam ko na pinagkatiwalaan Niya akong maglingkod sa isang taong nangangailangan, at naroon ako sa nais Niyang lugaran ko. Natutuhan ko na tayo ang Kanyang mga kamay kapag naglilingkod tayo sa isang tao.

Nagagalak ako sa anumang pagkakataong maglingkod, at sinisikap kong manatiling karapat-dapat na madama ang mga panghihikayat ng Espiritu at maparoon sa nais ng Ama sa Langit na lugaran ko kapag kailangang paglingkuran ang isa sa Kanyang mga anak. ■

**TALA**

1. Sally DeFord, "Kung Makikinig nang Taos," *2011 Outline para sa Oras ng Pagbabahagi,* 28.



### ILANG TAO ANG TINULUNGAN MO?

"Marahil kapag nakaharap natin ang ating Lumikha, hindi tayo tatanungin ng, 'Ilang katungkulan ang hinawakan mo,' bagkus ay, 'Ilang tao ang tinulungan mo?' Ang totoo, hindi mo maaaring mahalin ang Panginoon hangga't hindi mo Siya pinaglilingkuran sa pamamagitan ng paglilingkod sa Kanyang mga tao."

**Pangulong Thomas S. Monson, "Faces and Attitudes," *New Era,* Set. 1977, 50.**

PAGLALARAWAN NI CODY BELL



London, England



Bangalore, India



# Pagdiriwang ng

**Ni Kathryn H. Olson**
Welfare Services

Paglilinis ng mga gusali, paglalampaso ng mga sahig, pagtuturo sa mga estudyante, pangongolekta ng pagkain, pagtulong sa mga dayuhan, pagbisita sa mga balo, pagdadamo sa bakuran, at pagpipintura ng mga paaralan. Ilan lang ang mga ito sa maraming proyektong pangserbisyong isinagawa ng mga miyembro ng Simbahan noong isang taon sa pagtugon sa imbitasyon ng Unang Panguluhan na magsagawa ng isang araw ng paglilingkod sa paggunita ng ika-75 anibersaryo ng programang pangkapakanan. Ang mga proyektong ito ay lubhang nakaapekto sa mga naglingkod at sa mga pinaglingkuran. Maraming komunidad sa lahat ng dako ng mundo ang nagbago.

**London England**

Ipinagdiwang ng mga miyembro ng Simbahan sa London ang anibersaryo sa pamamagitan ng pagtulong sa paglilinis ng Tottenham, isang lungsod na dumanas ng mga kaguluhan noong 2011. Sa isang parke sa lugar, ang mga boluntaryo ay nagbunot ng damo, gumawa ng mga flower bed, at namulot ng kalat.

Naglingkod din ang mga miyembro sa isang ospital na pambata, kung saan nilinis nila ang mga nilalakaran sa hardin at pinaganda ang bakuran ng ospital para sa mga bata at kanilang pamilya. Tumulong si Charlotte Illera sa pagbubuo ng proyekto. "Talagang mahirap na trabaho, pero talaga rin namang masaya itong gawin," wika niya. "Kahit ang maliit na bagay na tulad ng pagwawalis ay malaking tulong na rin. Hindi mo kailangang maging magaling sa anuman. Ang maliliit na bagay ay makagagawa ng kaibhan sa ibang tao."

Ibinahagi ni Rudi Champagnie ang kanyang pananaw sa inspirasyong dulot ng imbitasyon ng Unang Panguluhan na maglingkod: "Palagay ko pinaglalapit-lapit kami ng pahayag na ito—para tumulong kami sa komunidad, para magkaroon kami ng mga bagong kakilala." Pagpapatuloy niya, "Magandang makita na abala ang Simbahan sa pagtulong sa komunidad. Mas espesyal pa ngang maging bahagi

LARAWAN NG MGA GUWANTES © DANI VINCEK, 2011 SA PAHINTULOT NG SHUTTERSTOCK.COM; IBA PANG MGA LARAWANG KUHA NINA CHARLOTTE ILLERA, CINDY CLARK, AT DALE EVANSON





*Bujumbura, Burundi*

# Isang Araw ng Paglilingkod

nito. Napalakas nito ang aking patotoo, at nagkaroon ako ng hangaring gumawa ng higit pa rito."

**Hong Kong, China**

Pinapili ng mga adult leader ng mga kabataan sa Hong Kong China Stake ang youth council ng sarili nilang proyektong pangserbisyo. Matapos pag-aralan ng mga kabataan ang mga pangangailangan ng kanilang komunidad, ipinasiya nilang magturo sa mga batang nagmula sa mga pamilyang maliit ang kita sa isang paaralang lokal. Mga 125 kabataan ang nagturo sa mahigit 80 estudyante tungkol sa pagkakaroon ng mga talento, pagluluto ng pagkaing nakalulusog, pagdaraos ng pagtitipon ng pamilya, at pagkakaroon ng mga tunay na kaibigan.

"Hindi ito isang impluwensyang pangminsanan lang," sabi ni Anita Shum, stake Young Women president. "Ang nagawa ng mga kabataan sa mga bata ay maaaring magkaroon ng matagalang epekto." Idinagdag pa niya na may magagandang alaala at karanasan ang mga kabataan ngayon na magpapala sa kanila magpakailanman.

**Accra, Ghana**

Lumahok ang mga miyembro sa Accra, Ghana, sa isang araw ng paglilingkod sa pagpipintura ng mga paaralan, pagwawalis ng mga kalsada at kanal, at paglilinis ng bakuran sa paligid ng mga ospital at klinika.

Kasali si Emma Owusu Ansah ng Accra Ghana Christiansborg Stake sa pagpaplano ng kanilang araw ng paglilingkod. "Ang pagsasama-sama bilang mga miyembro ng Simbahan ay pinagkakaisa kami kaya naging mas madaling sundin ang isang alituntuning katulad ng paglilingkod," wika niya. Pagkatapos magawa ang proyekto, nagtipon ang mga miyembro upang magbahagi ng kanilang patotoo. Sabi ni Sister Ansah, "Matapos makinig sa kani-kanyang patotoo, natanto ko kung gaano kalaki ang nawawala sa amin kapag hindi kami naglingkod sa iba."

Nang mag-imbita si Pangulong Henry B. Eyring, Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan,



Falls Church, Virginia, USA



**DAMDAMING MAPAGKAWANG-GAWA**

"Tinutupad ng Panginoon ang Kanyang pangako sa inyo kapag tinupad ninyo ang inyong pangako sa Kanya. Kapag naglingkod kayo sa iba para sa Kanya, madarama ninyo ang Kanyang pag-ibig. At darating ang panahon, magiging bahagi na ng inyong pagkatao ang pag-ibig sa kapwa. At matatanggap ninyo ang pagtiyak ni Mormon sa inyong puso na kapag patuloy kayong naglingkod sa iba sa buhay na ito, makabubuti iyon sa inyo."

**Pangulong Henry B. Eyring, Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan, "Isang Saksi," *Liahona,* Nob. 2011, 698.**

na makilahok sa isang araw ng paglilingkod, binanggit niya na pagkakaisahin ng mga proyekto ang mga miyembro: "Ang . . . alituntunin ng ebanghelyo na gumabay sa akin sa gawaing pangkapakanan ay ang bisa at pagpapala ng pagkakaisa. Kapag nagtulungan tayo sa paglilingkod sa mga taong nangangailangan, pinagkakaisa ng Panginoon ang ating mga puso."[1]

### Córdoba, Argentina

Kahit umuulan noong isang araw ng Oktubre, 1,601 Banal sa mga Huling Araw mula sa limang stake sa Córdoba, Argentina, ang nagbigay ng may kabuuang 10,234 na oras ng paglilingkod sa isang nursing home. Nauna nang naihatid ng mga miyembro ang nakolekta nilang mga damit, pagkain, at hygiene kit. Nagtanim din sila, nagpintura ng mga pader at bangko, at nagtanghal ng kanilang mga talento. Isang grupo rin ng mga sister ang nagboluntaryong pagandahin ang buhok at linisin ang mga kuko sa daliri ng mga paa at kamay ng iba.

"Alam ko na ang proyekto ay isang tulong hindi lamang para sa kanila kundi para din sa akin," sabi ng 14-na-taong-gulang na si Rocío B. pagkatapos ng proyekto. "Alam ko na ginagawa ko ang tama at ang Ama sa Langit ay nasisiyahan sa akin."

### São Paulo, Brazil

Nagkaroon ng inspirasyon ang mga miyembro ng São Paulo Brazil Stake na mangolekta ng asukal, mantika, bigas, at beans at ibigay ang pagkain sa dalawang kawanggawa. Pagkatapos ay tinuruan nila ang mga kinatawan ng mga kawanggawa ng mahahalagang bagay tungkol sa pag-iimbak ng pagkain. Nagboluntaryo rin ang mga miyembro na magbigay ng education, finance, at employment training sa stake at mga mamamayan para tulungan silang magkaroon ng mga kasanayang kailangan para makakuha ng trabaho.

"Natuwa ang komunidad na inimbitahan namin sa ginagawa ng Simbahan. Maraming hindi nakakakilala sa atin, pero lumilisan sila na nasisiyahan," sabi ng miyembro ng stake na si Kátia Ribeiro. "Sa mga miyembro, may diwa ng pagkakaisa at paglilingkod, at sa mga pinaglingkuran, may diwa ng malaking pasasalamat."

### Falls Church, Virginia, USA

Nagalak ang mga miyembro sa Falls Church, Virginia, USA, na maglingkod nang sama-sama sa dalawang homeless shelter. Habang nagkukuskos ng pader, sinabi ni Adeana Alvarez sa isang ka-ward niya, "Malungkot ang buong linggo ko, at maganda sa pakiramdam na ibuhos na lang ang sama ng loob ko sa pader na ito! Lahat tayo ay nangangailangan ng paglilingkod kung magkaminsan sa ating buhay, at mabuting gawin ito para sa ibang tao."

Sinabi ng isa pa niyang ka-ward na si Anne Sorensen, "Napakasarap makihalubilo sa komunidad ninyo. Pakiramdam ko ay mas marami akong alam ngayon sa nangyayari sa organisasyong iyon. Tuwing daraan ako rito, iisipin ko ang mga taong dumadalo sa mga klase rito at umaasa ako na ang ginawa namin ay nagbigay sa kanila ng magandang paraan para madama nila na hindi sila nag-iisa sa ginagawa nila para mapabuti ang kanilang buhay."

### Tokorozawa, Japan

Sa isang paaralang elementarya sa Tokorozawa, nagbigay ng seminar ang mga miyembro ng Simbahan sa 50 magulang at guro tungkol sa pag-iimbak ng pagkain. Dahil sa lindol noong Marso 2011, naging masigasig ang mga mamamayan na matuto kung paano maghanda para sa mga kalamidad, lalo na kung paano mag-imbak ng pang-matagalang suplay ng pagkain.

ITAAS: LARAWANG KUHA NI TODD SCHWANEVELDT

“Kahit nagkaroon na ng malakas na lindol sa silangang Japan, wala pa rin akong nagagawa para maghanda,” sabi ng isang kalahok. “Natutuwa ako at natutuhan ko ito. Gusto kong magkaroon ng lugar na pag-iimbakan ng pagkain, at gusto kong gawin ito para protektahan ang mahal kong pamilya.”

Naobserbahan ng miyembro ng Musashino Japan Stake na si Akihito Suda na ang Liwanag ni Cristo ay umantig sa komunidad nang ipamalas ng mga miyembro ang mga paghahandang ginawa nila kung sakaling magkaroon ng krisis. “Si Cristo ang Ilaw ng Sanlibutan,” wika niya. “Ang Kanyang mga turo ay tumatanglaw sa komunidad.”

### Tallinn, Estonia

Gumugol ng isang araw ang mga miyembro ng Simbahan sa Tallinn sa pagtulong sa nangangailangang mga mamamayan na mapanatiling maayos ang kanilang tahanan. Ang ilang kalahok ay nagsibak ng kahoy at nagpala ng mga uling, samantalang ang iba naman ay naglinis ng mga karpet, nagpalit ng mga kurtina, at naghugas ng mga bintana at pader.

Sumama si Maila Chan sa kanyang pamilya para bumisita sa isang mas matandang babae at magsibak ng kahoy para sa kanya. “Bilang ina masayang-masaya ako na nagkaroon ng napakagandang karanasan ang aming pamilya,” wika niya. “Napakaganda na habang naglilingkod ka sa iba, lubos mong nalilimutan ang sarili mong mga problema. Alam ko na habang naglilingkod tayo sa iba, naglilingkod lamang tayo sa ating Diyos.”

Sinabi rin ni Margit Timakov, “Sa pagsasantabi ng sarili kong mga tungkulin at paglalaan ng aking buong sarili sa pagtulong sa iba, naunawaan ko ang tunay na kapangyarihan ng sakripisyo. Hindi natin kailangang itanong kung bakit o kung may iba pa tayong magagawa. Basta tumutulong na lang tayo. Tumutulong tayo dahil nagmamalasakit tayo. Tumutulong tayo dahil nais nating sundan ang halimbawa ni Cristo.”

### Ang Bunga ng Inyong mga Pagsisikap

Itinuturo sa atin ng mga patotoo ng mga naglingkod sa kanilang komunidad sa buong mundo na sa paglilingkod, lumalakas ang ating patotoo at gumaganda ang pakiramdam natin sa ating sarili. Pinagtibay ni Pangulong Eyring na tayo ay pinagpapala dahil sa ating paglilingkod: “Para sa Panginoon pinasasalamatan ko ang inyong paglilingkod sa mga anak ng ating Ama sa Langit. Kilala Niya kayo, at nakikita Niya ang inyong pagsisikap, kasigasigan, at sakripisyo. Dalangin ko na pagpalain Niya kayong makita ang bunga ng inyong mga pagsisikap sa kasiyahan ng mga yaong natulungan ninyo at ng mga nakatulong ninyo para sa Panginoon.”[2] ■

**MGA TALA**

1. Henry B. Eyring, “Mga Pagkakataong Gumawa ng Mabuti,” *Liahona,* Mayo 2011, 25.
2. Henry B. Eyring, *Liahona,* Mayo 2011, 26.

### PAGSAGOT SA MGA TANONG

Kapag nakikita nila ang Mormon Helping Hands sa komunidad, maaaring itanong ng ilan kung kapwa nila mga Banal sa mga Huling Araw lamang ang tinutulungan ng mga miyembro ng Simbahan o kung pati na yaong mga iba ang relihiyon. Mangyari pa, tinutulungan natin sila pareho. Nagsisikap tayong sundan ang halimbawa ng Tagapagligtas sa paglilingkod, pagkakalaykay man iyon ng mga dahon sa bakuran ng kapitbahay o pagpapadala at pamamahagi ng napakaraming suplay bilang pagtugon sa kalamidad. Hangad nating tulungan ang iba, anuman ang kanilang relihiyon o kultura.

### PAGKILALA SA MGA KOMUNIDAD

Ang isa sa mga karaniwang katangian ng pandaigdigang araw ng mga proyektong pangserbisyo ay ang epekto nito sa mga lokal na komunidad. Maraming nagdaraan ang tumigil upang magtanong sa mga kalahok sa proyekto tungkol sa Simbahan, at nagbahagi ng kanilang patotoo ang mga miyembro.

Sa ilang bahagi ng mundo, kinilala ng mga opisyal ng pamahalaan ang mga pagsisikap ng mga miyembro ng Simbahan. Halimbawa, sa isang interbyu sa radyo tungkol sa araw ng paglilingkod, nanawagan ang pinuno mula sa Kisanga quarter ng Lubumbashi, Democratic Republic of the Congo, sa mga miyembro ng ibang relihiyon na sundan ang halimbawa ng “mga Mormon” sa paglilingkod sa komunidad.

Tungkol sa paglilingkod na ibinigay ng 300 miyembro ng Simbahan sa kalakhang London, sinabi ng meyor na si Boris Johnson, “Ngayon, higit kailanman, napakagandang tingnan ng mga taga-London—mga boluntaryo—na may malasakit sa komunidad na nagsipunta nang grupu-grupo.”

Nagpalabas ng mga pahayag sina Governor Dannel Malloy ng Connecticut, USA, at Governor Robert McConnell ng Virginia, USA, na parangalan ang mga araw ng paglilingkod sa kanilang estado. Sinabi ni Governor Malloy sa kanyang pahayag, “Nagpapasalamat kami sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw sa kanilang paglilingkod sa iba at [sa kanilang] imbitasyon sa lahat ng mamamayan na iba’t iba ang relihiyon at pinagmulan na makilahok sa kanila sa pagdiriwang ng anibersaryo ng kanilang paglilingkod.”





**Ni Elder Jeffrey R. Holland**
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

# PAGSASAMA-SAMA para sa Layunin ni Cristo

*Ang artikulong ito ay hinango sa isang mensaheng ibinigay sa Salt Lake City noong Marso 10, 2011, sa isang grupo ng mga Kristiyanong lider sa bansa.*

Mga kaibigan, alam ninyo ang alam ko—na napakaraming kasalanan at bulok ang moralidad sa makabagong mundo na umaapekto sa lahat, lalo na sa mga kabataan, at tila lumalala pa ito sa paglipas ng mga araw. Kayo at ako ay magkabahagi sa maraming alalahanin tungkol sa pagkalat ng pornograpiya at kahirapan, pang-aabuso at aborsyon, labag sa batas na pakikipagtalik (heteroseksuwal at homoseksuwal), karahasan, kagaspangan ng ugali, kalupitan, at tukso, na pawang nagdudumilat sa cell phone ng inyong anak na babae o sa iPad ng inyong anak na lalaki.

Tunay ngang may paraan ang mga taong may mabuting kalooban na nagmamahal sa Diyos at tinaglay sa kanilang sarili ang pangalan ni Cristo na magsama-sama para sa layunin ni Cristo at laban sa mga puwersa ng kasalanan. Sa layuning ito nasa atin ang lahat ng karapatang maging matapang at maniwala, sapagkat "kung ang Dios ay kakampi natin, sino ang laban sa atin?" (Mga Taga Roma 8:31).

Kayo ay naglilingkod at nangangaral, nagtuturo at nagsisikap sa pagtitiwalang iyan, at gayon din ako. At sa paggawa nito, naniniwala ako na makaaasa rin tayo sa susunod na talata mula sa Mga Taga Roma: "Siya, na hindi ipinagkait ang kaniyang sariling anak kundi ibinigay dahil sa ating lahat, bakit hindi naman ibibigay sa atin ng walang bayad ang lahat ng mga bagay?" Talagang naniniwala ako na kung sa lahat ng panig ng mundo ay magsisikap pa tayong lahat na *hindi* ihiwalay *ang isa't isa* sa "pagibig ni Cristo," tayo ay magiging "higit pa sa mga mapagtagumpay sa pamamagitan niyaong sa atin ay umibig" (Mga Taga Roma 8:32, 35, 37).

**PAGSAGOT SA MGA TANONG**


***Kristiyano ba ang mga Banal sa mga Huling Araw? Oo, Kristiyano tayo. Tulad ng paliwanag ni Elder Holland, "Naniniwala tayo sa Jesus ng kasaysayan na naglakad sa maalikabok na landas ng Banal na Lupain at ipinapahayag natin na Siya rin ang Diyos na banal na Jehova ng Lumang Tipan."***

## Talakayan tungkol sa Teolohiya

Ang mga naniniwala sa Biblia at ang mga Banal sa mga Huling Araw ay hindi laging nagkakasundo nang payapa. Mula noong mga unang taon ng ika-19 na siglo nang magpakita sa binatilyong si Joseph Smith ang Diyos Ama at Diyos Anak at matapang siyang nagpahayag tungkol dito, kadalasan ay hindi na magiliw ang mga pag-uusap natin sa isa't isa.

Subalit, ang nakapagtataka—at hindi ko maiwasang maniwala na bahagi ito ng banal na plano ng mga kaganapan sa mga panahong ito ng kaguluhan—ang akademya ng LDS at ng mga naniniwala sa Biblia ay pinaglapit simula noong mga huling taon ng 1990s sa itinuturing kong nakapanghihikayat at nakatutulong na mga talakayan tungkol sa relihiyon. Iyon ay naging isang tapat na pagsisikap na makaunawa at maunawaan, isang pagsisikap na iwaksi ang mga kathang-isip at maling paglalarawan sa *magkabilang* panig,

*IMAHE NI CRISTO*, NI HEINRICH HOFMANN, SA KAGANDAHANG-LOOB NG C. HARRISON CONROY CO.



*Tiyak na may paraan ang mga taong may mabuting kalooban na nagmamahal sa Diyos at tinaglay sa kanilang sarili ang pangalan ni Cristo na magsama-sama para sa layunin ni Cristo at laban sa mga puwersa ng kasalanan.*

isang gawaing dala ng pagmamahal kung saan lihim na naengganyo at naantig ang mga kalahok nang mas malalim at malawak kaysa karaniwang pag-uusap ng magkakaibang relihiyon.

Ang una sa mga pormal na talakayang iyon ay naganap noong tagsibol ng 2000 sa Brigham Young University. Habang nabubuo ang talakayan, maliwanag na naghahanap ang mga kalahok ng isang tanggap na pananaw, isang huwaran, isang pagbabatayan. Ang mga ito ba ay mga paghaharap, pagtatalo, debate? May mananalo ba at matatalo? Gaano ba kaprangka at katapat ang inaasahan sa kanila? Naisip ng ilan sa mga Banal sa mga Huling Araw: Ang tingin ba "nila" sa mga pag-uusap na ito ay "mga pagtatangka" natin para ituring nila tayong Kristiyano? Malaking pagsisikap bang "ayusin" ang Mormonismo, para maging mas tradisyonal na Kristiyano ito, mas katanggap-tanggap sa nagdududang mga nakamasid?

Sa kabilang banda, iniisip ng ilan sa mga ibang naniniwala sa Biblia: Ganoon ba "sila" talaga, o ibang paraan lang ito ng pangangaral nila? Maaari bang maging Kristiyano ng Bagong Tipan ang isang tao nang hindi sumusunod sa mga doktrina sa mga huling araw na sinunod ng karamihan sa tradisyonal na Kristiyanismo? Ang isang tanong na patuloy na lumalabas sa magkabilang panig ay gaano ba karaming "masamang teolohiya" ang matatapatan ng biyaya ng Diyos? Hindi naglaon, ang gayong uri ng mga usapin ay naging bahagi ng talakayan mismo, at dahil dito, unti-unting nawala ang tensyon.

Ang dating pormalidad ay naging mas magiliw na impormalidad, isang tunay na anyo ng kapatiran, may kabaitan sa di-pagkakasundo, isang paggalang sa magkakaibang pananaw, isang responsibilidad na talagang maunawaan (kung hindi man sang-ayunan) ang mga taong iba ang relihiyon—isang responsibilidad na ilarawan nang tumpak ang mga doktrina at gawi ng isang tao at unawain ang doktrina ng iba sa gayon ding paraan. Ang mga talakayan ay nagkaroon ng "paggalang sa matitibay na paniniwala ng iba."[1]

Batid na iba ang hierarchy at organisasyon ng mga Banal sa mga Huling Araw kaysa sa malaking simbahan ng mga naniniwala sa Biblia, walang opisyal na kinatawan ng Simbahan na lumahok sa mga pag-uusap na ito, ni hindi nakialam ang Simbahan sa kanila. Gaya ninyo, hindi namin hangad na ilagay sa alanganin ang kaibhan ng aming mga doktrina o pawalang-bisa ang mga paniniwalang siyang dahilan kaya kami ganito. Gayunman, lubos naming hinahangad na hindi magkamali ang pag-unawa sa amin, na hindi kami paratangan na may mga paniniwala kaming hindi naman amin, na huwag mabalewala ang aming katapatan kay Cristo at sa Kanyang ebanghelyo, at huwag magsawalang-kibo sa paninirang-puring ginagawa sa amin.

Bukod pa rito, lagi kaming naghahanap ng iisang basehan at mga katuwang sa "aktuwal" na gawain ng ministeryo. Lubos naming gugustuhing makipagtulungan sa mga kaibigan naming naniniwala sa Biblia sa nagkakaisang pagsisikap ng mga Kristiyano na patatagin ang mga pamilya at pagsasama ng mag-asawa, paigtingin ang moralidad sa media, tulungan ang mga tao sa mga oras ng kapinsalaang dulot ng kalikasan, lutasin ang walang-katapusang paghihirap ng mga maralita, at tiyakin ang kalayaan sa relihiyon para lahat tayo ay makapagsalita tungkol sa mga bagay na malinis sa budhi ng Kristiyano hinggil sa mga usaping panlipunan ng ating panahon. Sa huling binanggit ko hindi dapat dumating ang araw na kayo o ako o sinumang iba pang responsableng klerigo sa bansang ito ay pagbawalang ipangaral mula sa kanyang pulpito ang doktrinang pinaniniwalaan niyang totoo. Ngunit dahil sa mga kaganapan sa pulitika at lipunan kamakailan at sa kasalukuyang mga hamon sa batas na nagmumula rito, lalo na hinggil sa kabanalan ng kasal, ang araw na iyon ay maaaring dumating maliban kung kikilos tayo nang may determinasyong hadlangan iyon.[2]

Kung mas marami at mas nagkakaisa ang mga Kristiyano, mas malamang na magtagumpay tayo sa mga bagay na ito. Tungkol dito dapat nating alalahanin ang babala ng Tagapagligtas hinggil sa "sangbahayan na nagkakabahabahagi laban sa [sarili]"—isang bahay na matatagpuan na hindi ito makakatindig laban



***Lubos naming gugustuhing makipagtulungan sa mga kaibigan naming naniniwala sa Biblia sa nagkakaisang pagsisikap ng mga Kristiyano na patatagin ang mga pamilya at pagsasama ng mag-asawa, paigtingin ang moralidad sa media, tulungan ang mga tao sa mga oras ng kapinsalaang dulot ng kalikasan, lutasin ang walang-katapusang paghihirap ng mga maralita, at tiyakin ang kalayaan sa relihiyon para lahat tayo ay makapagsalita tungkol sa mga bagay na malinis sa budhi ng Kristiyano.***

MGA PAGLALARAWAN NINA HOWARD COLLETT © IRI AT RUTH SIPUS © IRI



*Para sa iba pang impormasyon tungkol sa pagiging Kristiyano ng mga Banal sa mga Huling Araw, tingnan sa "About Mormons" sa ilalim ng Frequently Asked Questions sa Mormon.org; "Christianity: Following Jesus in Word and Deed" sa ilalim ng News Releases sa MormonNewsroom.org; at Gordon B. Hinckley, "A Prophet's Testimony,"* Ensign, *Mayo 1993, 93.*

sa mas nagkakaisang mga kalaban na hindi banal ang layunin (tingnan sa Lucas 11:17).

**Ang Cristong Ating Pinagpipitaganan**

Sa pagsandig sa ilang bahagi ng kasaysayang ito at sa hangad na huwag tayong magtalo kung hindi naman kailangang magtalo, nais kong patotohanan sa inyo, mga kaibigan, ang Cristong pinagpipitaganan at sinasamba namin sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Naniniwala kami kay Jesus ng kasaysayan na naglakad sa maalikabok na landas ng Banal na Lupain at ipinapahayag namin na Siya rin ang Diyos na banal na Jehova ng Lumang Tipan. Ipinapahayag namin na Siya ay ganap na Diyos sa Kanyang kabanalan at ganap na tao sa Kanyang mortalidad, ang Anak na isang Diyos at ang Diyos na isang Anak; na Siya, sa pananalita ng Aklat ni Mormon, "ang Diyos na Walang Hanggan" (pahina ng pamagat ng Aklat ni Mormon).

Pinatototohanan namin na Siya ay kaisa ng Ama at ng Espiritu Santo, ang Tatlo na Iisa: iisa sa espiritu, iisa sa lakas, iisa sa layunin, iisa sa tinig, iisa sa kaluwalhatian, iisa sa kalooban, iisa sa kabutihan, at iisa sa biyaya—iisa sa bawat maiisip na anyo at aspeto ng pagkakaisa *maliban* sa Kanilang magkakahiwalay na katawan (tingnan sa 3 Nephi 11:36). Pinatototohanan namin na si Cristo ay isinilang sa Kanyang banal na Ama at sa isang birheng ina, na mula sa edad na 12 pataas, ginawa na Niya ang gawain ng Kanyang tunay na Ama, kaya dahil doon, nabuhay Siya nang sakdal at walang kasalanan at sa gayon ay nagpakita ng huwaran para sa lahat ng lalapit sa Kanya para maligtas.

Pinatototohanan namin ang bawat pangaral na Kanyang ibinigay, bawat panalanging Kanyang inusal, bawat himalang Kanyang ipinagawa sa langit, at bawat nakatutubos na gawaing Kanyang isinagawa. Sa huling nabanggit pinatototohanan namin na sa pagtupad sa banal na plano para sa ating kaligtasan, pinasan Niya sa Kanyang sarili ang lahat ng kasalanan, kalungkutan, at sakit ng mundo, at nagdugo sa bawat pinakamaliit na butas ng katawan at pinagdusahan ang lahat, simula sa Getsemani at namatay sa krus ng Kalbaryo bilang alay para sa mga kasalanan at makasalanan, kabilang na ang bawat isa sa atin.

Noong mga unang panahon sa Aklat ni Mormon isang propetang Nephita ang "na[ka]kitang itinaas [si Jesus] sa krus at pinatay para sa mga kasalanan ng sanlibutan" (1 Nephi 11:33). Kalaunan ay pinagtibay ng Panginoon ding iyon: "Masdan, naibigay ko na sa inyo ang aking ebanghelyo, at ito ang ebanghelyo na aking ibinigay sa inyo—na ako ay pumarito sa daigdig upang gawin ang kalooban ng aking ama, sapagkat isinugo ako ng aking Ama. At isinugo ako ng aking Ama upang ako ay ipako sa krus" (3 Nephi 27:13–14; tingnan din sa D at T 76:40–42). Tunay ngang kaloob ng Espiritu "na malaman na si Jesucristo ang Anak ng Diyos, at na siya ay ipinako sa krus para sa mga kasalanan ng sanlibutan" (D at T 46:13).

Pinatototohanan namin na tatlong araw matapos ang Pagpapako sa Krus, Siya ay nagbangon mula sa libingan sa maluwalhating imortalidad, ang mga unang bunga ng Pagkabuhay na Mag-uli, sa gayon ay nalagot ang pisikal na mga gapos ng kamatayan at ang espirituwal na gapos ng impiyerno, na naglalaan ng imortalidad kapwa ng katawan at espiritu sa hinaharap, na maaaring magkatotoo sa ganap nitong kaluwalhatian at karingalan sa pamamagitan lamang ng pagtanggap sa Kanya at sa Kanyang pangalan bilang tanging "pangalan sa silong ng langit, na ibinigay sa mga tao, na sukat nating ikaligtas." Ni mayroon, ni hindi

*Kaloob ng Espiritu "na malaman na si Jesucristo ang Anak ng Diyos, at na siya ay ipinako sa krus para sa mga kasalanan ng sanlibutan."*



magkakaroon, ng "[kaligtasan] sa kanino mang iba" (Mga Gawa 4:12).

Ipinapahayag namin na Siya ay muling paparito sa lupa, sa pagkakataong ito sa kanyang lakas, kamahalan, at kaluwalhatian, upang mamahala bilang Hari ng mga hari at Panginoon ng mga panginoon. Ito ang Cristo, na aming pinapupurihan, kung kaninong biyaya ay lubos at hayagan naming pinagtitiwalaan, at siyang "Pastor at Obispo ng [ating] mga kaluluwa" (I Pedro 2:25).

Minsan ay itinanong kay Joseph Smith, "Ano ang mga pangunahing alituntunin ng inyong relihiyon?" Sabi niya, "Ang mga pangunahing alituntunin ng aming relihiyon ay ang patotoo ng mga Apostol at Propeta, tungkol kay Jesucristo, na Siya'y namatay, inilibing, at muling nagbangon sa ikatlong araw, at umakyat sa langit: at ang lahat ng iba pang mga bagay na may kaugnayan sa ating relihiyon ay mga kalakip lamang nito."[3]

Karaniwan, kilalang masisipag at mahusay magtrabaho ang mga Banal sa mga Huling Araw. Para sa amin, ang mga gawain ng kabutihan, na matatawag nating "tapat na pagkadisipulo," ay hindi-magkakamaling panukat ng katotohanan ng aming pananampalataya. Naniniwala kami kay Santiago, na kapatid ni Jesus, na ang tunay na pananampalataya ay laging naipapakita sa katapatan (tingnan sa Santiago 2). Itinuturo namin na ang mga Puritano ay mas malapit sa katotohanan kaysa akala nila nang asahan nila ang "makadiyos na paglakad" (D at T 20:69) sa mga yaong nakipagtipan.

Ang kaligtasan at buhay na walang hanggan ay libre (tingnan sa 2 Nephi 2:4); tunay ngang ang mga ito ang pinakadakila sa lahat ng kaloob ng Diyos (tingnan sa D at T 6:13; 14:7). Magkagayunman, itinuturo namin na ang isang tao ay dapat maghandang tumanggap ng mga kaloob na iyon sa pamamagitan ng pagpapahayag at pagpapamalas ng "pananampalataya sa Panginoong Jesucristo" (Mga Saligan ng Pananampalataya 1:4)—sa pagtitiwala at pag-asa sa "kabutihan, at awa, at biyaya ng Banal na Mesiyas" (2 Nephi 2:8; tingnan din sa 2 Nephi 31:19; Moroni 6:4). Para sa amin, kabilang sa mga bunga ng pananampalatayang iyan ang pagsisisi, pagtanggap ng mga tipan sa ebanghelyo at mga ordenansa (kabilang na ang pagpapabinyag), at isang pusong may pasasalamat na naghihikayat sa atin na ipagkait sa ating sarili ang lahat ng kasamaan, na "pasanin sa araw-araw ang [ating] krus" (Lucas 9:23), at sundin ang Kanyang mga utos —*lahat* ng Kanyang utos (tingnan sa Juan 14:15). Nagagalak kaming kasama ni Apostol Pablo: "Salamat sa Dios, na nagbibigay sa atin ng pagtatagumpay sa pamamagitan ng ating Panginoong Jesucristo" (I Mga Taga Corinto 15:57). Sa diwang iyan, ayon sa isinulat ng isang propeta sa Aklat ni Mormon, "Nangungusap tayo tungkol kay Cristo, nagagalak tayo kay Cristo, nangangaral tayo tungkol kay Cristo, nagpopropesiya tayo tungkol kay Cristo . . . upang malaman ng ating mga anak kung kanino sila aasa para sa kapatawaran ng kanilang mga kasalanan . . . [at] makaaasa sa buhay na yaong na kay Cristo" (2 Nephi 25:26, 27).

Sana'y maipaunawa ng patotoo kong ito sa inyo at sa mundo ang isang pagmamahal na hindi mailarawan na nadarama namin para sa Tagapagligtas ng mundo sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw.

### Isang Panawagan sa Budhi ng Kristiyano

Sa ating nagkakaisang katapatan sa Panginoong Jesucristo at sa mga hamong kinakaharap natin sa ating lipunan, tiyak na makakakita tayo ng paraan para magkaisa sa isang panawagang pambansa—o pandaigdigan—sa

*ANG PAGPAPAKO SA KRUS, NI HARRY ANDERSON © IRI; SIYA AY NAGBANGON, NI DEL PARSON*


budhi ng Kristiyano. Ilang taon na ang nakararaan isinulat ni Tim LaHaye:

"Kung magtutulungan ang mga relihiyosong Amerikano sa ngalan ng iisa nating mga alalahanin tungkol sa moralidad, baka nga magtagumpay tayo sa muling pagtatakda ng mga pamantayan ng moralidad sa mga mamamayan na akala ng ating mga ninuno ay tiniyak sa Konstitusyon [ng Estados Unidos]. . . .

". . . Lahat ng relihiyosong mamamayan ng ating bansa ay kailangang igalang ang ibang mga relihiyosong tao at kanilang mga paniniwala. Hindi natin kailangang tanggapin ang kanilang mga paniniwala, ngunit maaari nating igalang ang mga tao at malaman na mas marami tayong pagkakatulad sa isa't isa kaysa sa mga walang relihiyon sa bansang ito. Panahon na para magkaisa ang lahat ng mamamayang tapat sa kanilang relihiyon laban sa iisa nating kaaway."[4]

Para makatiyak, may panganib sa pagkatuto ng isang bagong bagay tungkol sa ibang tao. Ang mga bagong ideya ay laging umaapekto sa mga dating pananaw, kaya hindi maiiwasang muling pag-isipan, ayusin, at baguhin nang kaunti ang ating mga pananaw tungkol sa mundo. Kapag isinantabi natin ang kulay, lahi, sitwasyon sa buhay, simbahan, sinagoga, moske, doktrina, at paniniwala ng mga tao, at sinikap nang lubos na tingnan sila sa kung sino at ano talaga sila —mga anak ng iisang Diyos—may mangyayaring mabuti at makabuluhan sa ating kalooban, at sa gayon ay higit tayong napapalapit sa Diyos na iyon na Ama nating lahat.

May ilang bagay na mas kailangan sa balisa at naguguluhang mundong ito kaysa sa paniniwala, habag, at pag-unawa ng Kristiyano. Sinabi ni Joseph Smith noong 1843, wala pang isang taon bago siya namatay: "Kung ipapalagay kong mali ang sangkatauhan, dapat ko ba silang pahirapan? Hindi. Pasisiglahin ko sila, at sa sarili din nilang paraan, kung hindi ko sila mahihikayat na mas mainam ang aking paraan; at hindi ko hahangaring pilitin ang sinuman na paniwalaan ang pinaniniwalaan ko, kundi sa pamamagitan lamang ng katwiran, sapagkat ang katotohanan ay gagawa ng sariling paraan.



***"Naniniwala ba kayo kay Jesucristo at sa Ebanghelyo ng kaligtasan, na Kanyang inihayag?" tanong ni Propetang Joseph Smith. "Ako rin. Dapat tumigil ang mga Kristiyano sa pagtatalo at pag-aaway, at magkaisa sila at maging magkakaibigan; at gagawin nila ito bago sumapit ang milenyo at angkinin ni Cristo ang Kanyang kaharian."***

Naniniwala ba kayo kay Jesucristo at sa Ebanghelyo ng kaligtasan na Kanyang inihayag? Ako rin. Dapat tumigil ang mga Kristiyano sa pagtatalo at pag-aaway, at magkaisa sila at maging magkakaibigan; at gagawin nila ito bago sumapit ang milenyo at angkinin ni Cristo ang Kanyang kaharian."[5]

Nagtatapos ako nang may pagmamahal sa inyo na ipinahayag sa dalawang huling mensahe ng pamamaalam sa ating banal na kasulatan. Ang una ay mula sa may-akda ng Mga Hebreo sa Bagong Tipan:

"[Nawa] ang Dios ng kapayapaan na muling nagdala mula sa mga patay sa dakilang pastor ng mga tupa sa pamamagitan ng dugo ng walang hanggang tipan, sa makatuwid baga'y ang Panginoon nating si Jesus,

"Ay pakasakdalin nawa niya kayo sa bawa't mabuting gawa upang gawin ang kanyang kalooban, na gawin sa atin ang nakalulugod sa paningin niya, sa pamamagitan ni Jesucristo; na mapasa kaniya nawa ang kaluwalhatian magpakailan man. Amen" (Sa mga Hebreo 13:20–21).

At ito mula sa Aklat ni Mormon, isang amang sumulat sa kanyang anak na lalaki:

"Maging matapat kay Cristo . . . [at] nawa ay dakilain ka [Niya], at nawa ang kanyang pagdurusa at kamatayan . . . at ang kanyang awa at mahabang pagtitiis, at ang pag-asa ng kanyang kaluwalhatian at ng buhay na walang hanggan, ay mamalagi sa iyong isipan magpakailanman.

"At nawa ang biyaya ng Diyos Ama, na ang trono ay mataas sa kalangitan, at ng ating Panginoong Jesucristo, na nakaluklok sa kanang kamay ng kanyang kapangyarihan, hanggang sa ang lahat ng bagay ay mapasakop sa kanya, ay manatiling kasama mo magpakailanman. Amen" (Moroni 9:25–26). ■

**MGA TALA**

1. Isang katagang pinasimulan sa Richard J. Mouw, *Uncommon Decency: Christian Civility in an Uncivil World* (1992).
2. Tingnan sa Dallin H. Oaks, "Preserving Religious Freedom" (pananalita, Chapman University School of Law, Peb. 4, 2011), newsroom.lds.org/article/elder-oaks-religious-freedom-Chapman-University.
3. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* (2007), 58.
4. Tim LaHaye, *The Race for the 21st Century* (1986), 109.
5. Joseph Smith, sa *History of the Church,* 5:499.


LARAWANG KUHA NI JEFFREY D. ALLRED © *DESERET NEWS*

**Ni Elder**
**Stanley G. Ellis**
Ng Pitumpu



# Mga Kapinsalaang Dulot ng Kalikasan

## HINDI TAYO KAILANGANG MATAKOT

Ang mga huling araw ay tadtad ng maraming kalamidad at pagtindi ng kasamaan sa mundo. Pinayuhan tayo ng Panginoon at ng Kanyang mga propeta laban sa mga panganib na ito kung paano maging matwid at makaiwas sa mga espirituwal na patibong at kasamaan. Gayunman, ang mga kalamidad—tulad ng mga buhawi, lindol, at tsunami—ay tila dumarating nang walang babala at pinipinsala ang makatarungan at maging ang di-makatarungan. Tinatakot ng mga kalamidad na ito ang marami sa atin. Ngunit natutuhan ko na hindi tayo kailangang matakot sa mga kapinsalaan. Kapag nakasalig tayo sa ebanghelyo at tayo ay handa, malalagpasan natin ang unos.

*Kapag hinangad natin ang patnubay ng Ama sa Langit, tutulungan tayo ng Espiritu Santo na maghanda, magtiis, at makabangong muli sa mga kapinsalaang dulot ng kalikasan.*

### Bago Bumagyo: Gawing Prayoridad ng Pamilya ang Paghahanda

Noong Setyembre 2005, isa akong Area Seventy na naglilingkod sa North America Southwest Area, kung saan kabilang ang mga bahagi ng Estados Unidos na tulad ng Houston, Texas. Nalaman ko na ang Bagyong Rita—ang pinakamalakas na bagyo sa buong kasaysayan na naobserbahan sa Gulf of Mexico—ay padiretso sa amin. Hinilingan akong mangulo sa emergency response ng Simbahan sa lugar. Araw-araw naming tinawagan sa telepono ang mga lider ng priesthood, stake president, mission president, welfare at humanitarian aid representative ng Simbahan, at mga emergency response leader. Pinag-usapan namin ang lahat ng bagay—kung nasa ayos ang bishops' storehouse, saan makalilikas ang mga tao, at paano matutulungang makabangong muli ang mga nasalanta pagkaraan ng bagyo. Napakaayos ng pagtugon ng Simbahan at isang karanasan iyon na nagbigay-inspirasyon.

Nadama ng isa sa mga stake president sa lugar walo o siyam na buwan bago bumagyo na hikayatin ang mga miyembro ng stake na maghanda. Sinabi niya na hindi niya sinasabing isa siyang propeta kundi na malinaw ang mga paramdam ng Espiritu. Sinunod ng mga miyembro ng stake ang mga pangunahing paraan sa paghahanda na iminungkahi ng Simbahan. Paghampas ng bagyo, walang miyembro ng stake na namatay. Bukod pa rito, dahil nagtipon ang mga miyembro ng kailangang mga suplay at nakapagplano nang maayos, mas maganda ang naging kalagayan nila kaysa kung hindi sila naghanda. Pinakinggan nila ang babalang iyon ng Espiritu.

Gayon din ang nangyari sa amin ng pamilya ko. Mga tatlong buwan bago bumagyo, naisipan naming patingnan ang generator namin. Maraming tao sa lugar ang may maliliit na generator kaya kapag bumabagyo at

*Nais mo bang kausapin ang iyong mga anak tungkol sa pagbibigay at pagtanggap ng kapanatagan sa mga oras ng kapinsalaan? Basahin ang nagbibigay-inspirasyong mga patotoo ng dalawang kabataang nakaligtas sa kamatayan sa mga pahina 60–61 ng isyung ito.*

**Naunang pahina: Ginagalugad ng mga trabahador ang mga labi ng isang apartment na gumuho sa lindol noong Enero 2010 sa Haiti.**

nawawalan ng kuryente, may kuryente sila para hindi masira ang pagkain sa kanilang mga refrigerator at freezer. Nang patingnan namin ang aming generator, natuklasan namin na hindi ito gumagana. Naipaayos namin ito bago pa man bumagyo. Ang aming pamilya, mga miyembro ng aming ward, at mga kapitbahay ay pawang nakigamit ng aming generator nang bumagyo. Naging malaking pagpapala ang pagpapaayos niyon.

Ang alituntuning ito ng paghahanda ay angkop sa mga indibiduwal at maging sa mga pamilya. Mga magulang, magkakaroon kayo ng malaking epekto sa inyong pamilya kung isasama ninyo ang inyong mga anak sa paghahanda at pagdarasal ng pamilya para sa patnubay ng Panginoon. Sa madaling salita, kapag pinag-isipan ng inyong pamilya ang inyong kahandaan, ang tanong na, ano ang dapat nating gawin? ang dapat maging pinakamahalagang bahagi ng panalangin ng inyong pamilya. Maaari din ninyong pag-usapan ang mga paksang ito at magpalitan kayo ng mga ideya sa family home evening. Pagkatapos ay isakatuparan ang mga planong iyon.

Higit pa riyan, ang pinakamagandang bagay na magagawa ng mga magulang ay ang mamuhay ayon sa mga turong ito. Minsan ay may nagsabi na ang mga pagpapahalaga ay hindi "napag-aaralan" kundi "nasusumpungan." Napatunayan ko iyan. Kapag nakita ng mga bata na hinahangad at sinusunod ng kanilang mga magulang ang patnubay ng Espiritu, malalaman nila kung paano gumagana ang proseso ng paghahayag.

### Habang Bumabagyo: Sundin ang Paghahayag na Natatanggap Ninyo para sa Inyong Pamilya

Habang palapit ang bagyo, ang isang mahalagang tanong namin ay kung dapat bang lumikas ang mga tao sa lugar o hindi. Inutusan ako ng Espiritu na huwag gumawa ng pangkalahatang rekomendasyon para sa buong lugar bagkus ay hilingin sa bawat stake leader, bawat bishopric, at bawat pamilya na mapanalanging pag-isipan ang sitwasyon at tumanggap ng sarili nilang inspirasyon kung ano ang dapat gawin. Habang nangyayari ang mga kaganapan, naging malinaw na alam ng Espiritu ang pinakamainam para sa bawat pamilya.

Halimbawa, alam ng mga lider sa isang stake na daraanan sila ng bagyo at pinalikas nila ang mga miyembro. Lumikas ang stake president at kanyang asawa sa bahay ng kanyang kapatid. Pagkatapos, nagbago ng direksyon ang bagyo, at papunta itong muli sa kanila. Lumikas sila sa mismong daraanan ng bagyo!

Maaari ninyong itanong sa inyong sarili, "Anong klaseng inspirasyon iyan?" Pero isipin ninyo ang nangyari. Alam ng stake president na ito at ng kanyang asawa kung paano ihanda ang isang tahanan para sa bagyo, samantalang ang kapatid niya ay hindi. Natulungan nila ang kanilang mga kamag-anak na maghanda para sa bagyo, at nang humampas ito, hindi sila gaanong napinsala kumpara sa pinsalang matatamo kung wala sila roon. Ginabayan sila ng Panginoon na gawin ang pinakamainam.



***Lumilikas ang mga tao mula sa Houston, Texas, USA, bago humampas ang Bagyong Rita.***

LARAWANG KUHA NI CARMEN BORUP



*Sinusuring mabuti ng isang Mormon Helping Hands volunteer ang mga labi ng isang gusali sa Joplin, Missouri, USA, pagkaraan ng bagyo noong Mayo 2011.*

Sa pamilya naman namin, nadama namin na hindi kami dapat lumikas. Kaya hindi kami umalis. Hindi lang namin nalagpasan ang bagyo, kundi natulungan pa namin ang ibang mga tao sa lugar. Nadama ng ilan sa mga anak naming may-asawa na lumikas, kaya umalis sila. Pinagpala ang bawat pamilya, ward, at stake sa pagsunod sa panghihikayat ng Espiritu.

### Pagkaraan ng Bagyo: Hayaang Pawiin ng Ebanghelyo ang Sakit

Kung minsan ay talagang nagdurusa ang mabubuting tao sa mga oras ng kalamidad. Hindi inaalis ng Panginoon ang pagdurusa—bahagi ito ng plano. Halimbawa, isang stake center sa gitna ng Estados Unidos ang sinira ng buhawi kamakailan. Sinira din ng buhawing iyon ang bahay ng stake president. Nawalang lahat ang ari-arian nila ng kanyang pamilya. Gayunman, iyon lang ang nawala sa kanila: mga ari-arian. Malungkot ang mawalan, ngunit hindi walang hanggan ang pagkasirang dulot ng kapinsalaang ito. Kung minsan ang iniisip nating mahalaga ay hindi naman talaga mahalaga. Ang pagkatantong ito ay hindi naman madaling tanggapin, ngunit totoo, at ang pag-unawa rito ay nagbibigay ng kapanatagan.

Ang pinakamalubhang idudulot ng isa sa mga kalamidad na ito ay na baka may mamatay. Napakalungkot niyan. Ngunit dahil alam natin ang katotohanan, alam natin na maging ang gayong kawalan ay bahagi ng plano ng Ama sa Langit. Alam natin kung ano talaga ang kahulugan ng buhay; alam natin kung bakit tayo narito at saan tayo pupunta. Dahil sa walang-hanggang pananaw na ito, maaaring mabawasan ang sakit. Ang kaalaman tungkol sa plano ng kaligtasan ay nag-aalis ng tibo ng kamatayan (tingnan sa I Mga Taga Corinto 15:55).

Noong araw, hindi alam nina Sadrach, Mesach at Abed-nego kung ano ang mangyayari kapag itinapon sila sa nagniningas na hurno dahil sa pagtangging sumamba sa isang diyus-diyusan. Sinabi nila sa hari, "Ang aming Dios . . . ay makapagliligtas sa amin. . . . Nguni't kung hindi, . . . hindi [pa rin] kami mangaglilingkod sa iyong mga dios" (Daniel 3:17–18).

Gayundin, maraming pioneer ng ipinanumbalik na Simbahan ang kusang sumubok na tawirin ang North American plains noong kalagitnaan ng 1800s, kahit maaari silang mamatay habang nasa daan. Inilarawan sa Aklat ni Mormon ang mabubuting taong pinatay at itinuro na sila "ay pinagpala, sapagkat sila ay lumisan upang manahanang kasama ang kanilang Diyos" (Alma 24:22).

Sa bawat pagkakataon, hinarap ng mga tao ang kamatayan nang may pananampalataya. Para sa kanila, dahil sa kapayapaang hatid ng ebanghelyo, napalis ang tibo ng kamatayan. Bagaman masakit mawalan ng mahal sa buhay at ayaw mamatay ng karamihan sa atin dahil napakarami nating magagandang dahilan para mabuhay, ang totoo ay mamamatay ang lahat balang araw. Kapag alam mo ang plano ng ebanghelyo, alam mo na hindi sa kamatayan nagwawakas ang mundo. Magpapatuloy ang pag-iral mo, at ang mga ugnayan ng pamilya ay magpapatuloy kahit nakalibing na ang ating katawang mortal. Sa kabuuan ng plano, may hangganan ang dalamhating dulot ng kamatayan. Tulad ng itinuro ni Elder Russell M. Nelson ng Korum ng Labindalawang Apostol: "Nabubuhay tayo para mamatay, at mamamatay tayo para mabuhay na muli. Sa walang-hanggang pananaw, ang tanging kamatayang tunay na wala sa panahon ay ang pagkamatay ng isang hindi pa handang humarap sa Diyos."[1] Ang isang walang-hanggang pananaw ay bahagi ng kapayapaang maihahatid sa atin ng ebanghelyo.

Kilala tayo ng Panginoon. Mahal tayo ng Panginoon. At nais tayong tulungan ng Panginoon. Darating ang mga kalamidad, ngunit hindi natin kailangang katakutan ang mga ito. Kung handa tayong pagabay at hihingin natin ang Kanyang patnubay, ang Panginoon sa pamamagitan ng Espiritu Santo ay tutulungan tayong maghanda, magtiis, at makabangong muli sa anumang kapinsalaang dulot ng kalikasan. ■

**TALA**

1. Russell M. Nelson, "Harapin ang Kinabukasan nang may Pananampalataya," *Liahona,* Mayo 2011, 34.

# PAGKAKAROON NG PANANAMPALATAYA
## sa mga Dulo ng Daigdig

**Ni Michael R. Morris**
Mga Magasin ng Simbahan




Nakatindig ang Les Éclaireurs Lighthouse na parang tanod mula sa kinaroroonan nito sa maliit na pulo sa maginaw na Beagle Channel. Siyang tawag sa "mga Scout" o "mga Tagatanglaw" sa French, ang Les Éclaireurs ay nagpapasulpot ng liwanag kada 10 segundo mula sa tagong kinaroroonan nito.

Limang nautical miles (9 km) patungong hilaga ay naroon ang pinakatimog na lungsod ng Argentina, ang Ushuaia, na nasa tungki ng kapuluan ng Tierra del Fuego. Siyamnapung milya (145 km) patungong timog ay naroon ang Cape Horn at sa banda pa roon, ang nagyeyelong Antarctic.

Para sa mga sumapi sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw dito sa tinatawag ng mga tagarito na "dulo ng daigdig," ang Les Éclaireurs ay nagsisilbing simbolo ng ipinanumbalik na ebanghelyo. Tulad sa isang parola, ang ebanghelyo ay isang gabay na liwanag na naglabas sa kanila mula sa espirituwal na kadiliman ng mundo at ligtas silang inilagak sa landas ng pananampalataya at kapatiran.










*Sa pamamagitan ng Aklat ni Mormon, "sinagot [ng Diyos] ang pinakamahalagang panalanging inusal ko," sabi ni Guillermo Leiva (itaas, gitna), na naglilingkod bilang branch president sa Ushuaia. Itaas kanan: Ang Les Éclaireurs Lighthouse at mga larawan ng Ushuaia.*

### Natagpuan Ko ang mga Sagot

Naaalala ni Guillermo Javier Leiva ang sakit na nadama niya sa pakikipagdiborsyo noong 2007. Kinailangan niyang maghanap ng sarili niyang apartment at hindi na makauwi tuwing gabi sa bata pa niyang anak na lalaking si Julian. Nakadama siya ng kahungkagan at lumbay.

"Lungkot na lungkot ako," wika niya, "at sa mga sandali ng dalamhati, hinanap ko ang Diyos."

Nagsimulang ipagdasal ni Guillermo na sagutin siya at tulungan. "Sabi ko, 'Ama, hindi ako karapatdapat para pumasok Kayo sa bahay ko, ngunit ang isang salita Ninyo ay sapat na para mapanatag ako.' "

Dumating ang sagot sa panalanging iyon pagkaraan ng ilang sandali nang tumigil ang dalawang binatang nakaputing polo at kurbata para kausapin




siya habang nilalaro niya ang kanyang anak sa labas ng bago niyang apartment.

"Binati ako ng isa sa kanila at tinanong kung may pananampalataya ako," paggunita niya. "Sabi ko, oo, pero hindi ako naging mabuting Kristiyano. Pagkatapos ay itinanong niya kung babasahin ko ang isang aklat kung iiwanan niya iyon sa akin. Sabi ko, oo."

Nang simulang basahin ni Guillermo ang mga talata sa Alma 32 na minarkahan ng mga misyonero para sa kanya, sinabi niya, "Agad kong nadama ang malaking kagalakan sa aking kaluluwa na matagal ko nang hindi nadarama. Inantig ng aklat ang puso ko. Hindi ko maitigil ang pagbabasa."

Hindi na dumalo si Guillermo sa dati niyang simbahan, ngunit sinabi niya sa mga misyonero na wala siyang balak na mabinyagang muli. Magkagayunman, pumayag siyang pabisita at binasa niya ang mga ipinabasa nila sa Aklat ni Mormon.

Habang nagbabasa, nakidalamhati siya kay Nephi nang malaman niya kung paano nalungkot ang propeta "dahil



*Ang Ushuaia, Argentina, ay maaaring nasa dulo ng daigdig, ngunit para sa mga tumanggap ng ebanghelyo rito, simula ito ng isang bagong buhay.*

MGA LARAWANG KUHA NI MICHAEL R. MORRIS; MAPA © ISTOCKPHOTO.COM

sa mga tukso at kasalanang madaling bumibihag sa akin" (2 Nephi 4:18). "Alam ko na nagkasala rin ako," sabi ni Guillermo, "at nalungkot ako dahil doon."

Habang nagbabasa, nadama niya na sinasagip siya mula sa kadiliman at kawalang-pag-asa at dinadala siya sa "liwanag ng kaluwalhatian ng Diyos" (Alma 19:6).

At habang nagbabasa siya tungkol sa tipan ng binyag na inilarawan sa Mga Tubig ng Mormon, natanto niya ang kahalagahang magpabinyag sa angkop na awtoridad ng priesthood. "Kung malaman ko na mabuti ang binhi, ano *ang* 'mayroon [ako] laban sa pagpapabinyag sa pangalan ng Panginoon'?" (Mosias 18:10), tanong niya sa sarili.

"Tuwing magbabasa ako, napapayapa ako at natatagpuan ko ang mga sagot," sabi ni Guillermo. "Natanto ko na ang Aklat ni Mormon ang salita ng Diyos na hiniling ko sa aking mga dalangin."

Nang mabinyagan siya noong Marso 2009, dumanas siya ng espirituwal na muling pagsilang at nakadama ng isang panibagong pag-asa para sa hinaharap. "Ang binyag ay isang pagkakataong magsimulang muli," sabi ni Guillermo. "Nagbagong-buhay na ako. Maligaya na ako ngayon. Alam ko na ito ang tunay na Simbahan ni Jesucristo at na sinasagot ng Diyos ang mga dalangin dahil sinagot Niya ang pinakamahalagang panalanging inusal ko."

### Kailangan Namin ng Isang Simbahan

Noong bata pa si Amanda Robledo, walang espirituwal na remedyo ang sakit ng katawang dinanas niya nang mamatay ang kanyang ina. At walang makitang sagot ang kanyang asawang si Ricardo sa taos-pusong mga tanong nito tungkol sa relihiyon kasunod ng pagkamatay ng kapatid nito.

Ang isa sa mga tanong na iyon ay, May simbahan ba sa mundo na sumusunod sa mga turo ni Jesucristo? Ang paghahanap nila sa simbahang iyon at ng mga sagot sa kanilang mga tanong ay inihanda sila sa huli na tanggapin ang ipinanumbalik na ebanghelyo.

Sa kanilang paghahanap, dumalo sila sa iba't ibang sekta at inimbestigahan ang iba't ibang paniniwala sa relihiyon. Hinanap nila ang simbahang hindi lamang umaayon sa mga turo ni Cristo kundi patatatagin din ang kanilang pamilya.

"Napakahirap na panahon niyon para sa pamilya namin," paggunita ni Amanda, "at alam namin na kailangan namin ng isang simbahang tutulong sa amin."

Noong mga unang taon ng 1990s lumipat sa Ushuaia ang mga Robledo kasama ang apat nilang anak mula sa Mendoza, sa hilagang-kanlurang Argentina. Nang ipakilala sila sa Simbahan dalawang taon pagkaraan, nadama nila kaagad na kakaiba ang diwa at mga turo ng mga full-time missionary.


Kakaunti ang alam ni Amanda tungkol sa mga Banal sa mga Huling Araw. "At hindi maganda ang mga narinig ko," wika niya. Ngunit sumunod siya, si Ricardo, at ang kanilang mga anak sa kanilang natutuhan.

"Nadama ko ang Espiritu nang turuan kami ng mga misyonero," sabi ng anak nilang si Bárbara, na noon ay 11 taon. "At nagustuhan ko iyon nang ituro nila sa amin na makapagdarasal kami bilang pamilya."

Ang pakikinig sa mga talakayan ng mga misyonero, pagbabasa ng Aklat ni Mormon, at pagsisimba, sabi ni Ricardo, "ang nagbigay sa amin ng lahat ng sagot na aming hinahanap—mga sagot tungkol sa binyag, buhay bago tayo isinilang, kabanalan ni Cristo, imortalidad ng tao, mga ordenansa ng ebanghelyo, kasal, at kawalang-hanggan ng pamilya."


Para sa mga Robledo, ang pagkaalam na maaaring magkasama-sama ang kanilang pamilya magpakailanman ang pinakamahalagang doktrina ng ipinanumbalik na ebanghelyo.

"Nagbalik-loob ako sa sandaling iyon," sabi ni Ricardo, na nabinyagan nang wala pang tatlong linggo matapos ang unang talakayan at ngayon ay naglilingkod bilang pangalawang tagapayo sa district presidency. "Nahirapan ako nang mamatay ang kapatid ko sa edad na 49, pero alam ko na makakasama ko siyang muli sa paggawa ko ng kanyang gawain sa templo. Napayapa ako at lumigaya sa katiyakang ito."



*Kanan: Para kina Amanda at Ricardo Robledo (kasama ang mga anak na babaeng sina Bárbara at Irene), ang pagkaalam na maaaring magkasama-sama ang kanilang pamilya magpakailanman ang pinakamahalagang doktrinang nakatulong sa kanila na tanggapin ang ipinanumbalik na ebanghelyo.*





*Ang Ushuaia ay maaaring nasa dulo ng daigdig, ngunit para sa mga kagaya ni Marcelino Tossen na natagpuan ang ebanghelyo rito, "doon nagsimula ang lahat."*

Sabi ni Amanda, na nabinyagan kasama ang isa sa kanilang mga anak na lalaki pagkaraan ng maikling panahon, "Batang-bata pa ako ay wala na akong nanay. Akala ko noon ay nawala na siya sa akin, at napakasakit niyon sa akin. Pero nang sabihin sa amin ng mga misyonero na maaaring magkasama-sama ang pamilya magpakailanman, talagang naantig ang puso ko. Napakasarap isipin na makikita ko siyang muli."

Nang ikasal sina Ricardo at Amanda para sa kawalang-hanggan sa Buenos Aires Argentina Temple, ibinuklod ang kanilang mga anak sa kanila. Ang mabuklod bilang pamilya, makumpleto ang mga ordenansa para sa maraming kapamilyang pumanaw na, at maipadala ang tatlo sa kanilang mga anak sa full-time mission ay lubos na nagpasaya kina Ricardo at Amanda.

"Ang isa sa pinakamalalaking pagpapalang natanggap namin bilang mga miyembro ng Simbahan," sabi ni Amanda, "ay na sinusunod ng aming mga anak ang Diyos."

## Ang Simula ng Lahat

Naniwala si Marcelino Tossen sa Diyos, nagbasa ng Biblia, at mahilig makipag-usap tungkol sa relihiyon, kaya nang kumatok ang mga full-time missionary sa pintuan ng kanyang apartment isang mainit na araw ng Enero noong 1992, pinapasok niya sila. Binago ng desisyong iyon ang kanyang buhay.

"Nagturo sina Elder Zanni at Elder Halls ayon sa mga paramdam ng Espiritu," paggunita ni Marcelino. Bago pa man natapos ang unang talakayan, sinabi sa kanya ng mga elder na bibinyagan siya sa Simbahan, at sinabi pa sa kanya ang mismong araw ng binyag niya.

"Hindi ako magpapabinyag," pagtutol ni Marcelino. "Gusto ko lang kayong makausap."

Binigyan siya ng mga misyonero ng Aklat ni Mormon at ipinabasa sa kanya ang ilang talata at sinabi sa kanya na ipagdasal sa gabing iyon ang kanilang mensahe. Ginawa nga niya pero wala siyang naramdaman.

Gayunman, sa sumunod na talakayan, tinanong siya ni Elder Zanni, "Okey lang ba kung magdasal tayo para maitanong mo sa Ama sa Langit kung totoo ang itinuturo namin sa iyo?"

Nang magdasal siya, sinabi ni Marcelino, "nagsimulang mag-alab ang puso ko. Noon lang nangyari iyon sa akin. Ni hindi ko matapus-tapos ang pagdarasal ko, at tumindig ako mula sa pagkakaluhod."

Tinanong ni Elder Zanni si Marcelino kung may nadama siya habang nagdarasal. Nang sabihin sa kanya ni Marcelino na wala, sinabi ng misyonero, "Napakatindi ng nadama kong Espiritu. Nakapagtataka na wala kang nadama."

Nang aminin niya ang kanyang nadama, sinabi ni Marcelino, "nagbasa ang mga elder mula sa Doktrina at mga Tipan, at sinabi sa akin na kapag nais ipaalam sa atin ng Panginoon ang isang bagay na tama, ipadarama Niya ang Kanyang kapayapaan o pag-aalabin ang ating puso [tingnan sa D at T 6:23; 9:8]. Sa araw na iyon ako nagbagong-buhay."

Mula noon, ang Espiritu ay sumakanya at nagpatotoo tungkol sa katotohanan sa pamamagitan ng maraming espirituwal na karanasan. "Muli kong nadarama ang pag-aalab habang nag-iisa ako sa aking apartment," sabi ni Marcelino. "Kapag binubuksan ko ang bintana, nakikita ko na nasa isang sulok sa malapit ang mga elder at tinuturuan ang mga tao tungkol sa Simbahan. Nararamdaman ko kapag malapit sila, at nagsimula akong maging seryoso sa itinuturo nila sa akin."

Mainit na tinanggap si Marcelino nang magsimula siyang magsimba. Hindi naglaon at nabinyagan siya noong Abril 22—ang mismong araw na sinabi ng mga misyonero tatlong buwan bago iyon. Matapos maglingkod nang siyam na taon bilang pangulo ng Ushuaia district, naglilingkod siya ngayon bilang pangalawang tagapayo sa panguluhan ng Buenos Aires north mission.

"Nang mabasa namin na 'ipapadala [ng Panginoon] ang [Kanyang] salita sa mga dulo ng daigdig' [D at T 112:4], sa Ushuaia iyon," sabi ni President Tossen. "Ushuaia *ang* dulo ng daigdig. Ngunit para sa mga taong kagaya ko na natagpuan ang ebanghelyo rito, doon nagsimula ang lahat. Dito ay makikita ninyo ang parola sa dulo ng daigdig. Ngunit dito ko natagpuan ang pananampalataya at parola ng Panginoon." ■

# TINGNAN ANG HULING PAHINA

Nang sumapi ako sa Simbahan, gustung-gusto kong gumawa ng family history. Sinimulan kong bisitahin ang mga archive sa lugar para magsaliksik ng impormasyon tungkol sa aking mga ninuno sa mga pampublikong talaan.

Nalaman ko na nakasisiya ang gawain, ngunit hindi ito laging madali. Madalas ay mahirap basahin ang makalumang sulat-kamay, at inaamag na ang ilan sa mga aklat, na nagpalala sa hika ko. Gayunpaman, patuloy akong nagsaliksik hangga't kaya ko.

Isang araw nagsaliksik ako tungkol sa lolo ko, at hinanap ko ang petsa ng kanyang kapanganakan. Nakakita ako ng isang 1,500-pahinang aklat na maaaring makatulong. Ngunit paano kung wala roon ang sagot na kailangan ko? Natakot akong tingnan ang mas malaki at maalikabok na mga aklat.


Sinimulan kong pasadahan ang mga nilalaman ng aklat, sa pag-asang may mapansin akong pamilyar na pangalan. Bigla, parang narinig ko na may nagsabing, "Sa huling pahina." Luminga-linga ako, pero parang wala namang kumausap sa akin. Nagpatuloy ako at nagbasa ng ilan pang pahina. Pagkatapos ay muli kong narinig na may nagsabing: "Sa huling pahina." Medyo nag-aalangan, nagpasiya akong tingnan ang huling pahina. Nakita ko ang tekstong karaniwang nakasulat doon: isang buod ng mga batang isinilang at ang kabuuang bilang ng mga pahina. Nagbakasakali akong tingnan ang pahinang sinundan ng huli pero wala akong nakitang makatutulong doon, kaya binalikan ko ang pahinang binabasa ko.

Hindi nagtagal at ang aking isipan ay muling ginambala ng isang mahina ngunit mapilit na tinig: "Sa huling pahina!" Nagpasiya akong muling subukan ang huling pahina at basahin nang ilang beses ang pamilyar nang teksto.

At saka ko napansin ang isang bagay na nalagpasan ko noong una: isang ekstrang pahinang nakadikit sa loob ng pabalat sa likuran. Nang mabasa ko ang sulat-kamay na naroon sa pahina, nakita ko ang mga pangalan ng mga batang isinilang bago nagkatapusan ng Disyembre. Doon ko nabasa ang pangalan ng lolo ko at nakita kong nakasulat doon kung saan at kailan siya ipinanganak at bininyagan. Namangha ako ngunit napuspos ng pasasalamat na nagabayan ako sa impormasyong kailangan ko.

Maaaring mahirap ang family history kung minsan, ngunit alam ko na ginagabayan at tinutulungan tayo ng Diyos sa ating mga pagsisikap. ■

Natalia Shcherbakova, Ukraine,
ayon sa kuwento kay Pavlyna Ubyiko



***Sinimulan kong pasadahan ang mga nilalaman ng aklat, sa pag-asang may mapansin akong pamilyar na pangalan.***

# PINILI KO ANG MABUTING BAHAGI

Habang naghahanda ako para sa kasal ng aking dalaga, puro mga plano sa kasal ang nasa isipan ko kaya halos walang akong inisip maliban sa aking checklist. Isang umaga tiningnan ko ang mahaba kong listahan ng mga gagawin. May mga natatapos naman ako, pero kailangan ko pang maglinis nang husto. Matagal ko nang ipinagpapaliban ang paglilinis ng mga venetian blind sa kusina, kaya nagpasiya akong gawin iyon.

Nang umakyat ako sa pasamano dala ang mga basahan, brush, at panlinis, nakita ko na napakaraming dumi. Habang nagtatrabaho, naisip ko ang kuwento tungkol kina Marta at Maria, ang magkapatid na tumanggap sa Tagapagligtas sa bahay nila. Habang si Marta ay "naliligalig sa maraming paglilingkod," si Maria ay "naupo rin naman sa mga paanan [ni Jesus], at pinakikinggan ang kaniyang salita." Hiniling ni Marta kay Jesus na sabihan ang kanyang kapatid na tumulong sa mga gawain, pero sinabihan siya ng Tagapagligtas na "pinili ni Maria ang magaling na bahagi" (tingnan sa Lucas 10:38–42).

"Ngayon ay basta si Marta lang ako," naisip ko. Ang totoo ay ilang linggo na akong si Marta, "na naliligalig sa" mga ordinaryong gawain at paghahanda para sa kasal.

Muli akong nagmuni-muni, at pinilit kong alalahanin kung kailan ko huling nalinis na maigi ang mga venetian blind ko. Naisip ko ang dalawang batang babaeng tumulong sa akin na maghanda para sa pagtitipon sa bahay ko dalawang taon na ang nakararaan. Magkasama nilang kinuskos ang kusina ko mula sahig hanggang kisame, pati na ang mga venetian blind. Ang alaalang iyon ay nagpaalala sa akin sa kanilang ina, isang dating kaibigang matagal ko nang hindi nakakausap.



*Dinampot ko ang telepono at idinayal ang numero ng isang dating kaibigang matagal ko nang hindi nakakausap, para sabihin sa kanya na ikakasal na ang anak ko.*

Noon din ay dinampot ko ang telepono at idinayal ang kanyang numero para sabihin sa kanya na ikakasal na ang anak ko. Hindi ko siya inasahang sumagot dahil nagtuturo siya sa paaralan, pero nang tumawag ako ay naghahanda siya ng lesson plan. Isang oras kaming naghalakhakan, nag-iyakan, at nagkuwentuhan. Kamakailan lang ay dumanas siya ng hirap sa pakikipagdiborsyo at nakadama ng lumbay at pag-iisa. Habang nag-uusap kami, sumigla ang aming damdamin at napanatag kami.

Namangha ako sa paraan ng Panginoon na kasangkapanin ako kahit may ginagawa akong ordinaryong bagay na tulad ng paglilinis ng mga venetian blind. Lalo akong nanggilalas sa katotohanan na sapat Niyang kilala at mahal ang bawat isa sa amin para magpadala ng tulong sa mismong oras at sandaling kailangan namin ito.

Noong gabing iyon napangiti ako nang lagyan ko ng check mark ang listahan ko sa tabi ng "linisin ang mga venetian blind sa kusina." Kahit nasiyahan ako dahil natapos ko ang gawain, nakadama ako ng mas malaking pasasalamat batid na naging kasangkapan ako sa mga kamay ng Panginoon. Naipakita Niya sa akin kung paano ako maaaring maging isang Maria na pumili ng "mabuting bahagi" kahit isa akong Marta na "naliligalig sa" aking mga gawain. ■

Jeanette Mahaffey, Missouri, USA

MGA PAGLALARAWAN NI G. BJORN THORKELSON

# ANG TAMANG BANAL NA KASULATAN SA TAMANG PANAHON

Noong naglilingkod ako bilang assistant chaplain sa Maricopa County Jail system sa Arizona, USA, binibisita ko at binabahaginan ng isang talata sa banal na kasulatan at panalangin ang mga bilanggong humiling ng isang Latter-day Saint chaplain. Minsan ay may isang dalagang humiling niyon.

Pinuntahan ko ang kinabibilangguan niya, na nasa likod ng ilang pintuang nakakandado. May dalawang mesang kainan sa reception area na may isang bangko sa magkabilang panig at isang desk na may guwardiya. Ibinigay ko sa guwardiya ang request slip, umupo ako sa isa sa mga bangko, at hinintay ko ang dalaga.


Tumayo ako pagpasok niya sa reception area, binati ko siya, at pinaupo ko siya sa may mesa. Mukha siyang malungkot at magulo ang buhok at malapit nang umiyak. Nang ikuwento niya ang kanyang sitwasyon, inisip ko kung anong talata ang ibabahagi ko. Pinakinggan kong mabuti ang kanyang mga problema, at nang ipagtapat niya ang dinanas niyang mga paghihirap sa iba't ibang pag-uugali at mga maling pasiya, naisip ko ang perpektong talatang makatutulong sa kanya: Mosias 3:19.

Binuklat ko ang Aklat ni Mormon sa Mosias 3:19, inilapit ito sa kanya, at ipinabasa ito sa kanya. Tila hindi siya natuwa sa una at nagsimulang magbasa nang mabilis at parang kumakanta na tila baga nagpaparamdam ng pagkayamot na pinabasa siya sa banal na kasulatan. Nang matapos niya ang mga unang kataga, "Sapagkat ang likas na tao ay kaaway ng Diyos," pinatigil ko siya para ipaliwanag ang kahulugan ng "likas na tao." Nang maunawaan niya ang reperensya, patuloy siyang nagbasa. Unti-unting nagbago ang tono ng boses niya, at binagalan niya ang pagbasa nang maunawaan na niya ang kahulugan ng mga salita.

Nang simulan niyang basahin ang listahan ng mga katangian ng pagiging parang bata ng "banal," lalo pa niyang binagalan ang pagbasa. Naramdaman kong inuunawa niya ang kahulugan ng bawat katangiang nakalista sa talata. Nang basahin niya ang "masunurin, maamo, mapagpakumbaba, mapagtiis," nadama ko ang Espiritu sa buong paligid namin. Nang basahin niya ang mga salitang "puno ng pag-ibig, nakahandang pasakop," nakita kong may nagbago sa kanya. Umaliwalas ang kanyang mukha at ang kanyang pag-uugali, tono ng boses, at pangkalahatang kilos ay tila naantig ng Espiritu. Nakakikita ako ng pag-asa habang itinuturo sa kanya ng Espiritu ang kahulugan ng mga salitang ito sa kanya at kung paano niya dapat gawin ang mga pagbabagong inilarawan sa talata.


Nagdasal ako at pagkatapos ay mahigpit kong kinamayan ang dalaga. Nilisan ko ang bilangguan na espirituwal na napasigla. Noon ko lang nakita ang gayon kabilis, kabisa, at kalaking epekto ng mga banal na kasulatan. Pamilyar ako sa Mosias 3:19 dahil madalas ko itong mapasadahan habang nagbabasa ng mga banal na kasulatan, ngunit noon ko lang naunawaan ang laki ng epekto nito sa isang tao. ■

Allen Hunsaker, Arizona, USA



***Unti-unting nagbago ang tono ng boses ng dalaga habang nagbabasa, at binagalan niya ang pagbasa nang maunawaan na niya ang kahulugan ng mga salita.***

# HINDI KA PA NAKAPAG-AYUNO



*Sa kabila ng panggagamot at therapy, hindi umigi ang kalagayan ng anak ko.*

Noong 1998 masaya akong maging bata pang ina. Ngunit nagalala ako isang araw nang malaman ko na ang anim-na-buwang anak kong lalaki ay parang sumisipol kapag humihinga at hindi makalulon. Agad nasuri ng doktor na bronchiolitis ito, isang pamamaga ng pinakamaliit na pasukan ng hangin sa baga na kadalasan ay dahil sa impeksyon. Nagreseta siya ng gamot at physical therapy.

Ang mga pagbisita sa physical therapist ay isang pagsubok sa amin ng aking anak. Hindi maginhawa ang anak ko kapag ipinipihit-pihit siya, at nag-alala ako na nasasaktan siya sa therapy. Gayunman, lumakas ang loob ko nang ipaliwanag ng therapist ang mga pakinabang ng therapy.

Sa kabila ng panggagamot at therapy, hindi bumuti ang kalagayan ng anak ko. Halos hindi siya makakain, at patuloy ang pagsipol. Iminungkahi ng doktor na magpa-5 sesyon pa ito sa physical therapist bukod pa sa 10 natapos na namin.

Habang hinihintay kong matapos ang ika-13 sesyon, binasa ko ang isang artikulong nakapaskil sa opisina ng doktor na may pamagat na "Bronchiolitis Kills." Habang nagbabasa ako, natanto ko na maaaring mamatay ang anak ko. Pakiramdam ko ay parang pinipiga ang puso ko. Pagkatapos ng sesyon, sinabi sa akin ng therapist na hindi bumubuti ang kalagayan ng anak ko. Hindi ko alam kung paano ako nakauwi nang ligtas dahil lumabo sa luha ang paningin ko.

Tinawag ko ang asawa ko at nagsimula kaming magdasal. Sinabi ko sa aking Ama sa Langit na kung kalooban Niyang kunin ang anak ko, kailangan Niya akong bigyan ng lakas na tanggapin ito.

Pagkatapos kong magdasal itinanong ko sa sarili kung ano pa ang magagawa namin bukod sa mga panalanging inusal namin at sa mga basbas ng priesthood na natanggap ng aming anak. Sumulyap ako sa aparador ng mga aklat at nakita ko ang isang *Liahona* (ang *L'Étoile* noon). Binuklat-buklat ko ito, na naghahanap ng tulong, at nakita ko ang isang artikulong pinamagatang "I Fasted for My Baby [Nag-ayuno Ako para sa Aking Anak]." Pagkatapos ay malinaw kong narinig ang isang tinig na nagsasabing, "Hindi ka pa nakapag-ayuno para sa anak mo."


Hindi pa nga, kaya agad akong nag-ayuno para sa kanya. Sa therapy session kinabukasan, nag-aayuno pa rin ako. Matapos masuri ang anak ko, mukhang nagulat ang therapist.

"Misis," sabi niya sa akin, "magaling na ang anak ninyo. Hindi ko maintindihan, pero hindi na niya kailangan pang magpa-therapy."

Hindi ko mapigil ang mga luha ng kagalakan. Nang makauwi kami, lumuhod ako para pasalamatan ang Diyos sa Kanyang awa at pagmamahal. Tinawagan ko ang aking asawa para sabihin sa kanya ang magandang balita. Pagkatapos ay payapa kong tinapos ang aking pag-aayuno, na hindi nag-aalinlangan sa tulong ng Panginoon.

Gumaling ang anak ko dahil sa pananampalataya, panalangin, mga basbas ng priesthood, *at* pag-aayuno. Natitiyak ko na mahal ako ng Ama sa Langit at mahal din Niya ang anak ko. Tiwala ako na patuloy Niya kaming tutulungang makaraos sa aming mga paghihirap. ■

Ketty Constant, Guadeloupe



**Ni Bishop Gérald Caussé**
Unang Tagapayo sa Presiding Bishopric

# Pananatiling Sumasampalataya
## SA MUNDONG PUNO NG PAGKALITO

*Para mapalakas ang ating patotoo at maiwasan nating magkamali, dapat nating pangalagaan at patatagin palagi ang ating pananampalataya.*

Ipinanganak ako sa timog-kanlurang France "sa butihing mga magulang" (1 Nephi 1:1) na bata pa ako ay tinulungan na akong magkaroon ng pananampalataya kay Jesucristo at ng patotoo sa ipinanumbalik na ebanghelyo. Sa kabilang banda, sa paaralan, marami sa mga guro ko ang nagpahayag ng pag-aalinlangan tungkol sa anumang paniniwala sa relihiyon at kinalaban pa ang mga ito. Sa maraming pagkakataon narinig ko ang mga turo ni Korihor mula sa mga humahamak sa aking mga paniniwala:

"Masdan, ang mga ito ay hangal na kaugalian ng inyong mga ama. Paano ninyo nalalaman ang katiyakan ng mga ito?

". . . Masdan, hindi ninyo maaaring malaman ang mga bagay na hindi ninyo nakikita" (Alma 30:14–15).


Noong edad 17 ako, kumuha ako ng mga philosophy class sa high school. Isang araw sinabi ng guro sa klase, "Siguro naman wala ritong naniniwala na talagang may nabuhay na Adan!" Pagkatapos ay iginala niya ang kanyang tingin sa silid na parang nagtatanong, at handang sunggaban ang sinumang magtangkang umamin sa paniniwalang iyon. Natakot ako! Gayunman, mas malakas ang hangarin kong maging tapat sa aking pananampalataya. Luminga-linga ako at nakita ko na sa 40 estudyante ay ako lang ang nagtaas ng kamay. Binago ng nagulat na guro ang paksa.

Dumarating sa buhay ng lahat ng miyembro ng Simbahan ang mga sandali na sinusubok ang katapatan at lakas ng kanilang patotoo. Ang paglagpas sa mga pagsubok na ito ng ating pananampalataya ay tinutulungan tayong maging matatag sa isang mundong patindi nang patindi ang pagkalito. Ang pagkalitong ito ay malinaw na makikita sa mga mensaheng nakapaligid sa atin. Sa pagsisimula ng Internet, halimbawa, walang-tigil ang pagdagsa ng magkakasalungat na opinyon at impormasyon sa ating pang-araw-araw na buhay. Ang mga salungatang ito ay maaaring makataranta at makaparalisa.

Paano natin matutukoy ang katotohanan sa kasinungalingan? Paano natin maiiwasang maging katulad ng mga taong "napagkakaitan lamang ng katotohanan sapagkat hindi nila alam kung saan ito matatagpuan"? (D at T 123:12).

Nasa atin na kung mananatili tayong matatag sa ating patotoo. Kapag iniisip ko ang aking nakaraan, natatanto ko na ang tagumpay ng aking personal na paglalakbay ay nakasalalay sa ilang simpleng alituntuning nagpanatili sa akin sa tamang landas. Ang mga alituntuning ito ay nagtulot sa akin na maging mas espirituwal sa kabila ng "abu-abo ng kadiliman" (1 Nephi 12:17) at mga bitag sa paligid nating lahat.

PAGLALARAWAN NI MATTHEW REIER; *NAGHANGAD NG KARUNUNGAN SI JOSEPH SMITH MULA SA BIBLIA*, NI DALE KILBOURN © 1975 IRI



*Ang mga disipulo ni Cristo ay gutom at uhaw sa espirituwal na kaalaman araw-araw. Ang personal na kagawiang ito ay nagtutulot sa atin na sundan ang halimbawa ni Joseph Smith.*

**Patuloy na Hanapin ang Katotohanan**

Sa mga nagsasabing "hindi ninyo maaaring malaman" (Alma 30:15), sumagot ang Panginoon, "Magsihingi kayo, at kayo'y bibigyan; magsihanap kayo, at kayo'y mangakasusumpong; magsituktok kayo, at kayo'y bubuksan" (Mateo 7:7). Kagila-gilalas na pangako iyan.

Ang mga disipulo ni Cristo ay gutom at uhaw sa espirituwal na kaalaman araw-araw. Ang personal na kagawiang ito ay nakasalig sa pag-aaral, pagbubulay-bulay, at araw-araw na panalangin. Tinutulutan tayo nitong sundan ang halimbawa ni Joseph Smith, na "nakarating sa pagpapasiya na alin sa dalawa, ako ay mananatili sa kadiliman at kaguluhan, o kaya'y . . . humingi [ako] sa Diyos" (Joseph Smith—Kasaysayan 1:13).

Ang pag-aaral ng salita ng Diyos ay pinoprotektahan tayo sa impluwensya ng mga maling doktrina. Sabi ng Panginoon, "Siya na tumatanggap ay bibigyan ko pa ng karagdagan; at mula sa kanila na nagsasabing mayroon na kaming sapat, mula sa kanila ay kukunin maging ang mga yaong mayroon sila" (2 Nephi 28:30).

## Tumanggap ng mga Tanong na Hindi Masasagot

Sa paghahanap natin sa katotohanan, matutukso tayong naisin na unawain kaagad ang lahat. Gayunman, ang katalinuhan ng Diyos ay lubhang walang katapusan kaya “hindi maaaring malaman ng tao ang lahat ng kanyang pamamaraan” (Jacob 4:8). Dapat nating tanggapin na nabubuhay tayo sa isang panahon na hindi lahat ng tanong natin ay masasagot. Gaya ni Nephi, tapat nating kinikilala na “mahal [ng Diyos] ang kanyang mga anak; gayon pa man, hindi [natin] nalalaman ang ibig sabihin ng lahat ng bagay” (1 Nephi 11:17).

Magkagayunman, binibigyan tayo ng Panginoon ng kaalamang kailangan para sa ating kaligtasan at kadakilaan. Ipinangako Niya, “Anuman ang inyong hingin sa Ama sa aking pangalan ito ay ibibigay sa inyo, na kapaki-pakinabang sa inyo” (D at T 88:64). Unti-unti nating natatanggap ang mga sagot na ito, nang “taludtod sa taludtod, [na] ng tuntunin sa tuntunin, kaunti rito at kaunti roon” (2 Nephi 28:30), depende sa mga pangangailangan at kakayahan nating umunawa.

Tayo na ang tutukoy sa mga tanong na talagang mahalaga sa ating walang-hanggang pag-unlad at sa mga tanong na nag-uusisa lamang, nangangailangan ng katibayan, o para lamang masiyahan.

## Maghangad ng Patotoo ng Espiritu

Bawat isa sa atin ay maaaring dumanas ng mga sandali ng pag-aalinlangan. Ang mga pag-aalinlangang ito ay bihirang mapawi ng paghahanap ng makatwirang mga paliwanag. Halimbawa, may ilang tuklas ang



***Dapat tayong kumilos. Hindi natin maaasahang tumanggap ng personal na paghahayag maliban kung kumilos tayong tulad ng matatapat na disipulo ni Jesucristo.***

agham o arkeolohiya na maaaring magpatibay sa ating patotoo tungkol sa banal na kasulatan, ngunit hindi mapapatunayan ng lohika o pisikal na ebidensya ang espirituwal na kaalaman.

Ang kaalaman tungkol sa katotohanan ay batay sa patotoo ng Espiritu. Tulad ng sabi ni Apostol Pablo, "Ang mga bagay ng Dios ay hindi nakikilala ng sinoman, maliban [sa] Espiritu ng Dios" (I Mga Taga Corinto 2:11).

Natitiyak natin na "ang Espiritu ay nagsasabi ng katotohanan at hindi nagsisinungaling" (Jacob 4:13). Maaaring mas malakas pa ang epekto ng Espiritu sa atin kaysa ating tamang isipan. Kay Apostol Pedro, na kasasabi pa lang na sumasampalataya siya, sumagot si Jesus, "Mapalad ka, Simon Bar-jonas: sapagka't hindi ipinahayag sa iyo ito ng laman at ng dugo, kundi ng aking Ama na nasa langit" (Mateo 16:17). Kunsabagay, napakaraming kasamahan ni Cristo na hindi Siya nakilala kahit nakita Siya ng sarili nilang mga mata!

## Hangarin ang mga Salita ng mga Propeta at Apostol

Kamakailan ay nakausap ko ang isang mataas na pinuno ng ibang simbahan. Sa kagustuhang malaman kung Kristiyano ang ating simbahan, iminungkahi niyang pagdebatihin ang mga eksperto sa doktrina ng ating relihiyon at ng kanilang relihiyon.

Gayunman, ang lakas at katotohanan ng doktrina ni Cristo ay hindi nakasalalay sa debate ng mga eksperto kundi sa sagradong mga patotoo ng Kanyang hinirang na mga disipulo. Ipinahayag ni Propetang Joseph Smith, "Ang mga pangunahing alituntunin ng ating relihiyon ay ang patotoo ng mga Apostol at Propeta, tungkol kay Jesucristo, na Siya'y namatay, inilibing, at muling nagbangon sa ikatlong araw, at umakyat sa langit."[1]

Sa loob ng maraming mahahabang siglo ng Apostasiya, hindi nawalan ng mga eksperto ang mundo, ngunit *nawalan* ng mga saksi ni Cristo. Dahil dito, napalitan ng katwiran ng tao ang lakas ng banal na paghahayag.

Kapag naliligalig tayo, ang una nating dapat gawin ay saliksikin ang mga banal na kasulatan at mga salita ng buhay na mga propeta. Ang kanilang mga isinulat ay mga gabay na liwanag na hindi tayo maaaring linlangin: "Anupa't aming sinasaliksik ang mga propeta, at marami kaming mga paghahayag at diwa ng propesiya; at taglay ang lahat ng patotoong ito kami ay nagtamo ng pag-asa, at ang aming pananampalataya ay naging matatag" (Jacob 4:6).

## Pangalagaan ang Inyong Pananampalataya

Hindi tayo tumatanggap ng "patunay hangga't hindi natatapos ang pagsubok sa [ating] pananampalataya" (Eter 12:6). Ang pananampalataya ay may kapangyarihang buksan ang kaalaman tungkol sa mga walanghanggang katotohanan. Kung lubos na gagamitin, ang kaalaman ay nauuwi sa buo at lubos na katiyakan. Tungkol sa kapatid ni Jared, isinulat ni Moroni na "dahil sa kaalaman ng taong ito ay hindi siya maaaring pagbawalang makakita sa loob ng tabing; . . . at hindi na siya nagkaroon pa ng pananampalataya, sapagkat nalalaman niya, nang walang pagaalinlangan" (Eter 3:19).

Para mapalakas ang ating patotoo at maiwasan nating magkamali, dapat nating pangalagaan at patatagin palagi ang ating pananampalataya. Ang una nating dapat gawin ay magkaroon ng dalisay na puso at labis na kapakumbabaan. Binalaan ni Jacob ang mga tao ni Nephi tungkol sa kapalaluan ng mga tao na "kapag sila ay marurunong, inaakala nila na sila ay matatalino, at sila ay hindi nakikinig sa payo ng Diyos, sapagkat isinasaisang-tabi nila ito, inaakala nilang alam nila sa kanilang sarili," (2 Nephi 9:28).

Sumunod, dapat tayong kumilos. Itinuro ni Apostol Santiago na "ang pananampalataya ay gumagawang kalakip ng . . . mga gawa, at sa pamamagitan ng mga gawa ay naging sakdal ang pananampalataya" (Santiago 2:22). Hindi natin maaasahang tumanggap ng personal na paghahayag maliban kung kumilos tayong tulad ng matatapat na disipulo ni Cristo. Ang paggalang sa mga tipang ginawa natin sa Diyos ay nagpapagindapat sa atin na makapiling ang Espiritu Santo, na nagpapalinaw sa ating isipan at nagpapaunlad sa ating espiritu.

Pinatototohanan ko ang katotohanan ng mga alituntuning ito. Alam ko sa pamamagitan ng karanasan na kapag ipinamuhay natin ang mga ito, titiyakin nito ang ating proteksyon sa isang lito at magulong mundo. May kagila-gilalas na pangako sa mga ito: "At dahil sa inyong pagsisikap at inyong pananampalataya at inyong pagtitiyaga sa salita sa pag-aalaga nito upang ito'y mapapag-ugat ninyo, masdan, di maglalaon, kayo ay pipitas ng bunga niyon, na pinakamahalaga, . . . at kayo ay magpapakabusog sa bungang ito hanggang sa kayo ay mapuno, upang hindi na kayo magutom pa, ni hindi na kayo mauuhaw" (Alma 32:42). ■

**TALA**

1. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* (2007), 58.

SI CRISTO NA MAY KASAMANG MGA BATA, NI HARRY ANDERSON © IRI; PAGLALARAWAN NI JERRY GARNS

# Mga Tanong at mga Sagot

## “Nalulong ako sa pornograpiya. Sinisira nito ang buhay ko. Ano ang magagawa ko para maputol ang aking pagkalulong?”

Laganap at mabigat na problema ang pornograpiya. Sinasaktan nito ang iyong espiritu at pinarurumi ang iyong isipan. Sinisira nito ang relasyon mo sa mga taong malapit sa iyo. Dahil sa pagtingin sa pornograpiya, nawawala sa iyo ang patnubay ng Espiritu Santo.

Hindi madaling tumigil sa pagkalulong, pero simple lang—magpasiya ngayon na tumigil sa pagtingin o pag-iisip tungkol sa pornograpiya. Kausapin kaagad ang iyong bishop o branch president. Huwag mahiyang kausapin siya. Matutulungan ka niyang magsisi upang malinis ng Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas ang iyong isipan at espiritu. “Sa pamamagitan nito inyong malalaman kung ang isang tao ay nagsisi ng kanyang mga kasalanan—masdan, kanyang aaminin ang mga yaon at tatalikdan ang mga yaon” (D at T 58:43).

Gawin ang lahat ng makakaya mo upang maiwasan ang pornograpiya sa hinaharap. Maaari itong mangahulugan ng hindi paggamit ng iyong cell phone at Internet, maliban sa mga pampublikong lugar, na may naka-install na malalakas na Internet filter.

Ituon ang buhay mo sa pagdarasal, pag-aaral ng mga banal na kasulatan, paglilingkod, at iba pang mga nakasisiglang aktibidad. Itinuro ng Panginoon, “Tumigil . . . mula sa lahat ng inyong mahahalay na pagnanasa” at “puspusin ng kabanalan ang iyong mga iniisip nang walang humpay” (D at T 88:121; 121:45). Sa taos-pusong pagsisisi at sa tulong ng Tagapagligtas at ng Kanyang piling mga lingkod, *makakaya* mong daigin ang pagkalulong na ito.

### Magbasa ng mga Banal na Kasulatan



Humiling ng lakas sa panalangin. Si Enos ay buong araw na nanalangin, na sumasamo sa Panginoon na mapatawad ang kanyang mga kasalanan, at dahil sa kanyang pananampalataya, nakadama siya ng malaking kapayapaan at nawala ang bigat ng kanyang budhi. Magbasa ng mga banal na kasulatan upang mapasaiyo ang Banal na Espiritu, dahil kapag kasama mo Siya, hindi ka mag-iisip o gagawa ng masasamang bagay. Basahin ang Mga Awit 24:3–5 (tungkol sa pananatiling malinis). Maging abala: sumali sa mga isport, lumabas at magkaroon ng mabubuting libangan, at huwag hayaang maimpluwensyahan ng inaakalang mga kaibigan. Kapag dumating ang mga tukso, maging matatag at tanggihan ang mga ito. Alalahanin na alam ng Ama sa Langit ang lahat ng iyong iniisip at ginagawa.

*Ana G., edad 17, Zulia, Venezuela*

### Huwag Kang Susuko

Sinira ng pornograpiya ang buhay ko, pero sa wakas ay naputol ko rin ang pagkalulong matapos ang labis na pagdurusa. Ang proseso ng pagsisisi ay magiging mahaba at mahirap, ngunit taos-pusong ipagdasal sa araw-araw na tulungan ka ng Panginoon sa pagsubok na ito. Huwag isipin kailanman na hindi ka karapat-dapat magsisi, dahil ang Pagbabayad-sala ay para sa lahat. Alalahanin din na tuwing natutukso ka, sinusubukan ni Satanas na ilugmok ka sa kasalanan. Ngunit laging ikaw ang magpapasiya kung patatangay ka o babalewalain mo ang tukso. Huwag mong isuko ang iyong sarili o ang Panginoon, dahil hindi ka Niya bibigyan ng pagsubok na hindi mo kakayanin (tingnan sa 1 Nephi 3:7).

*Isang dalagita mula sa Victoria, Australia*

### Kausapin ang Iyong Bishop

Puntahan at kausapin ang iyong bishop sa lalong madaling panahon. Mahirap gawin ang unang hakbang na iyan, pero kailangan mo siyang kausapin para makapagsisi ka. Hindi ka niya pagtatawanan o kasusuklaman. Nagmamalasakit siya sa iyo at hangad lang niya ang pinakamabuti para sa iyo. Pinagdusahan ni Jesucristo ang iyong mga kasalanan para madama mong muli ang kalayaan mula sa nakapipinsalang kasalanan



*Ang mga sagot ay nilayong makatulong at magbigay ng pananaw, hindi bilang mga opisyal na pahayag ng doktrina ng Simbahan.*

at kalungkutan na matagal mo nang nadarama (tingnan sa Alma 5:9). Hindi pa huli para magbago. Madarama mong muli ang tunay na kagalakan. Hilingin sa Diyos na bigyan ka ng tapang na magsisi.
*Taylor P., edad 18, North Carolina, USA*

### Kumanta ng Isang Himno



Ang pornograpiya ay hindi sa Diyos. Ang proseso ng pagsisisi ay mahaba at masakit, pero posible ito! Kailangan mong hangaring magbago, matanto ang bigat ng iyong kasalanan, at higit sa lahat ay hingin ang tulong ng Ama sa Langit. Para makaiwas sa tukso, may larawan ako ni Jesucristo sa tabi ng computer ko. Lagi Siyang nariyan at nakamasid sa akin! Kapag may malalaswang larawan o musikang pumapasok sa isipan ko, kumakanta ako ng isang himno at agad kong nalilimutan ang masasamang bagay na ito.
*Natália Q., edad 18, São Paulo, Brazil*

### Manalangin


Ang kapangyarihan ng panalangin ay hindi mailalarawan; binibigyan tayo nito ng lakas na makayanan ang paghihirap at magtagumpay (tingnan sa D at T 10:5). Kung magdarasal ka sa Ama sa Langit, bibigyan ka Niya ng lakas na makakawala sa tukso. Kapag nagbasa ka ng mga banal na kasulatan araw-araw, lalo ka pang lalakas. Kung may tiwala ka sa Panginoon at hindi sa sarili mong lakas, palalayain ka Niya mula sa mga tanikalang nakagapos sa iyo. Sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ay gagaling ka.
*Gian G., edad 18, Rivera, Uruguay*

### Magtapat

Noon ko pa problema ito. Binabagabag pa rin ako nito hanggang ngayon. Una sa lahat, tumigil sa pagtingin sa pornograpiya. Lumapit sa Ama sa Langit. Nadama kong pinatawad Niya ako noong inakala ko na hindi ako mapapatawad. At akala ko maayos na ako. Ayaw kong malaman ng iba ang tungkol dito; hiyang-hiya ako. Pero isang bagay ito na kailangang sabihin sa bishop mo. Sinubukan kong ilihim ito. Pero paulit-ulit kong narinig ang mga salitang, "Kung may problema ka sa pornograpiya, kausapin mo ang iyong bishop." Isang araw, nang interbyuhin ako para sa aking temple recommend, basta na lang ito lumabas sa bibig ko. At gumanda ang pakiramdam ko pagkatapos niyon. Malaya na ako. Nawala ang isang pasanin. Pagkatapos, sinabi ko ito sa mga magulang ko. Nalungkot sila, pero tinanggap nila ito. Huwag matakot na ipagtapat ito.
*Isang dalaga mula sa Tennessee, USA*

### Sabihin sa Isang Tao

Matagal akong nalulong sa pornograpiya. Suporta lang ng mga magulang ko at tulong ng bishop ko ang nagpalaya sa akin sa huli. Ang bawas na oras sa paggamit ng Internet o ilang linggong hindi pakikibahagi sa sakramento ay maliit na kabayaran para sa kagalakang dulot ng pagiging malinis. Maaari ding makatulong ang propesyonal na mga tagapayo at hindi ka nila huhusgahan. Sila man ay ibinigay sa atin ng Panginoon para tulungan tayo.
*Isang binatilyo mula sa California, USA*



### PAANO MALALABANAN ANG TUKSO

"Magsimula sa paglayo sa mga tao, materyal at kalagayan na makapipinsala sa inyo. . . .

"Aminin na ang mga taong alipin na ng masamang gawi o pagkalulong ay kadalasang higit na kailangan ang tulong ng iba kaysa sa sarili lang niya, at maaaring kasama kayo riyan. Hanapin ang tulong na iyan, at tanggapin ito. Kausapin ang inyong bishop. Sundin ang kanyang payo. . . .

"Maliban sa mga filter sa mga kompyuter at pagkandado ng puso sa maling pag-ibig, tandaan na ang tanging tunay na pagkontrol sa buhay ay pagsupil sa sarili. Lalo pang kontrolin maging ang kaduda-dudang materyal at relasyon na nakakaharap ninyo. Kung ang palabas sa telebisyon ay malaswa, patayin ito. . . .

"Linangin at pumaroon kung saan naroon ang Espiritu ng Panginoon. Tiyaking kasama riyan ang inyong sariling tahanan o apartment, na siyang dapat na gabay ninyo sa pagpili ng uri ng sining, musika at literaturang ilalagay ninyo roon."

**Elder Jeffrey R. Holland ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Huwag nang Magbigay-Puwang sa Kaaway ng Aking Kaluluwa," *Liahona,* Mayo 2010, 45–46.**

## SUSUNOD NA TANONG

"Paano ako 'tatayo sa mga banal na lugar' kung napakarami namang kasamaan sa paligid ko, tulad sa paaralan?"

Ipadala ang inyong sagot bago sumapit ang Setyembre 15 sa liahona.lds.org, sa pamamagitan ng e-mail sa liahona@ldschurch.org, o sa pamamagitan ng koreo sa:

*Liahona,* Questions & Answers 9/12
50 E. North Temple St., Rm. 2420
Salt Lake City, UT 84150-0024, USA

Ang mga sagot ay maaaring i-edit para paikliin o linawin pa ito.

Ang sumusunod na impormasyon at pahintulot ay dapat isama sa iyong e-mail o liham: (1) buong pangalan, (2) kapanganakan, (3) ward o branch, (4) stake o district, (5) nakasulat na pahintulot mo, at, kung wala ka pang 18 anyos, ang nakasulat na pahintulot ng iyong mga magulang (tinatanggap ang e-mail) na ilathala ang iyong sagot at larawan.



**Ni Elder Tad R. Callister**
Ng Panguluhan ng Pitumpu

# *Paano Ko* MALALAMAN *na Ako ay* PINATAWAD NA?

Nang maglingkod ako bilang mission president, madalas itanong ng mga misyonero ang dalawang bagay na ito: (1) Paano ko malalaman na ako ay pinatawad na sa aking mga kasalanan? at (2) Kung pinatawad na ako, bakit nababagabag pa rin ang aking budhi?

Kapag itinatanong sa akin ang mga iyon, ang karaniwang sagot ko ay, "Kung nadarama na ninyo ang Espiritu—kapag kayo ay nagdarasal, nagbabasa ng mga banal na kasulatan, nagtuturo, nagpapatotoo, o sa iba pang pagkakataon—kung gayon iyan ang patunay sa inyo na pinatawad na kayo o, kaya'y nagkakaroon ng paglilinis, sapagkat ang Espiritu ay hindi makapananahanan sa templong hindi banal" (tingnan sa Alma 7:21). Karaniwan ay matagal ang proseso ng paglilinis dahil matagal baguhin ang ating puso, ngunit sa maikling panahon, maaari tayong magpatuloy nang may tiwala na nalulugod ang Diyos sa ating pag-unlad na madarama sa presensya ng Kanyang Espiritu.

May mga taong mas malupit sa sarili kaysa Panginoon. Mangyari pa, dapat tayong magsisi upang maging marapat sa naglilinis at nagpapatawad na kapangyarihan ng Pagbabayad-sala, ngunit kapag nakapagsisi na tayo, wala na yaong tinatawag na may-dungis na nagsisi sa kaharian ng Diyos. Walang itim na marka sa kanan nating bukung-bukong na nagsasabing "kasalanan noong 2008" o mantsang kulay-brown sa likod ng kaliwa nating tainga na nagsasabing "paglabag noong 2010." Inihayag ng Panginoon ang lubos na naglilinis na kapangyarihan ng Pagbabayad-sala nang sabihin Niyang, "Bagaman ang inyong mga kasalanan ay maging tila mapula, ay magiging mapuputi na parang niebe" (Isaias 1:18). Iyan ang himala ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo.

Sa ilang pagkakataon naniniwala ako na ang ating mga kasalanan ay nalinis na bago pa man mapawi ang pagkabagabag ng ating budhi. Bakit ganoon? Marahil sa awa ng Diyos, ang alaala ng kasalanang iyon ay isang babala, isang espirituwal na "hudyat na tumigil" na nadarama kapag naharap tayo sa mga tuksong tulad nito: "Huwag kang dumaan diyan. Alam mo ang pasakit na maidudulot nito." Marahil para sa mga nagsisisi, isang proteksyon ito sa kanila, hindi isang parusa.

Mapapawi ba ang pagkabagabag ng ating budhi? Ang pangako ng Panginoon ay tiyak sa bagay na iyan. Sa mabubuti, sinabi ng Panginoon na darating ang panahon na "hindi na magkakaroon pa ng dalamhati, o ng pananambitan man, *o ng hirap pa man: ang mga bagay nang una ay naparam na*" (Apocalipsis 21:4; idinagdag ang pagbibigay-diin).

Hindi ko alam kung malilimutan natin ang ating mga kasalanan, ngunit darating ang panahon na ang mga nagsisi ay hindi na babagabagin ng kanilang mga kasalanan. Gayon ang nangyari kay Enos, na ang "pagkakasala ay napalis" (Enos 1:6), at sa mga Lamanitang nagbalik-loob, na nagpatotoo na "inalis [ng Panginoon] ang pagkakasala sa ating mga puso" (Alma 24:10), at kay Alma, na nagsabing, "hindi ko na naalaala *pa* ang aking mga pasakit" (Alma 36:19; idinagdag ang pagbibigay-diin). Walang

MGA PAGLALARAWAN NI SCOTT SNOW



***Mapapawi ba ang pagkabagabag ng ating budhi? Ang pangako ng Panginoon ay tiyak sa bagay na iyan. Sa mabubuti, sinabi ng Panginoon na darating ang panahon na "hindi na magkakaroon pa ng dalamhati, o ng pananambitan man, o ng hirap pa man."***

***Kapag lalo pa tayong natuto tungkol sa Pagbabayad-sala at nanalig sa kapangyarihang magpagaling ni Cristo, mas madaragdagan ang kakayahan nating mapatawad at patawarin ang ating sarili.***



pag-aalinlangan na naalala nilang lahat ang kanilang mga kasalanan, ngunit kahit paano ay hindi na sila binagabag ng mga ito. Himalang pinagaling ng walang-hanggang kapangyarihan ng Pagbabayad-sala ang lahat ng sugat at binigyan nito ng kapanatagan ang bawat budhi nang may "kapayapaan ng Dios, na di masayod ng pagiisip" (Mga Taga Filipos 4:7).

Tila may dalawang kundisyon na magpapalaya sa atin mula sa lahat ng kasalanan at pasakit. Una ay ang ating di-natitinag na pananampalataya kay Jesucristo at sa Kanyang Pagbabayad-sala. Nang itanong ni Enos kung paano "napalis" ang kanyang pagkakasala (tingnan sa Enos 1:6–7), tumugon ang Panginoon, "Dahil sa iyong pananampalataya kay Cristo" (Enos 1:8). Kaya nga, kapag lalo pa tayong natuto tungkol sa Pagbabayad-sala at nanalig sa kapangyarihang magpagaling ni Cristo, mas madaragdagan ang kakayahan nating mapatawad at patawarin ang ating sarili. Pangalawa ay ang pagkakaroon ng ugaling "wala nang hangarin pang gumawa ng masama, kundi ang patuloy na gumawa ng mabuti" (Mosias 5:2). Kapag nangyari ito, hindi na natin nakikita ang ating sarili sa "makamundong kalagayan" (Mosias 4:2) kundi bilang mga espirituwal na anak ng Diyos. Natatanto natin na iba na tayo kaysa noong magkasala tayo. Lubusang binago ni Scrooge, ang kilalang tauhan sa *A Christmas Carol* ni Charles Dickens, ang kanyang buhay kaya makatwiran niyang nasabing, "Hindi na ako tulad ng dati."[1]

Kapag nagsisi tayo, nagiging iba na tayo kaysa rati. Ang matanto ang bago nating pagkatao, lakip ang ating pananalig sa naglilinis na kapangyarihan ni Cristo, ay tumutulong sa atin na umabot sa puntong masasambit natin na tulad ni Alma na, "hindi ko na naalaala pa ang aking mga pasakit; oo, hindi na ako sinaktan pa ng alaala ng aking mga kasalanan" (Alma 36:19). Dahil dito, maaari tayong mapanatag sa katotohanan na sa huli ay hahatulan tayo ng Diyos ayon sa ating kinahinatnan, hindi sa kung ano tayo noon.


Nagbigay ng ilang magandang payo si Apostol Pablo sa ating lahat na nagkasala ngunit nagsisikap na magsisi. Sinabi niya na dapat nating "[limutin] ang mga bagay na nasa likuran, at [tunguhan] ang mga bagay na hinaharap" (Mga Taga Filipos 3:13). Sa madaling salita, dapat nating kalimutan ang nakaraan at sumulong, na nagtitiwala sa tumutubos na kapangyarihan ng Diyos. Ang gayong pagsisikap natin ay pagpapakita ng pananampalataya. Ipinayo pa ni Pablo, "Mapalad ang hindi humahatol sa kaniyang sarili" (Mga Taga Roma 14:22).

Samantala, hanggang sa mapalis ang kaliit-liitang kasalanang iyan, kung madama natin ang Espiritu ng Panginoon tiwala na tayong makapamumuhay na nalinis na tayo o ang paglilinis na ito ay patuloy na nagdudulot ng himala sa ating buhay. Tiyak ang pangako—kung gagawin natin ang lahat para makapagsisi, malilinis tayo sa ating mga kasalanan at kalaunan ay mapapawi ang pagkabagabag ng ating budhi, dahil ang Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas ay hindi lamang isinagawa upang mapalis ang ating mga kasalanan kundi maging ang pagkabagabag ng ating budhi. Pagkatapos ay lubos na tayong mapapanatag sa ating sarili at sa Diyos. ■

**TALA**

1. Charles Dickens, *A Christmas Carol in Prose* (1843), 150.

# Ang Bahaging para sa Atin




## BAKIT MAY MGA PAGSUBOK?

Maraming pagkakataon na nagtataka tayo kung bakit tayo may mga problema gayong sinusunod naman natin ang mga kautusan at ipinamumuhay ang ebanghelyo. Huwag nating kalimutan na narito tayo sa lupa upang subukin. Kapag nakayanan natin ang mga pagsubok at ipinakita sa Ama sa Langit sa ating mga pagpapasiya na mahal natin Siya, pagpapalain Niya tayo upang mapasaating pamilya ang Espiritu ng Panginoon.

Kahellyn V. (ibaba), Venezuela

## TUNGKULIN SA DIYOS

Tinatapos ko ang aking Tungkulin sa Diyos, noong nakatira ako sa Venezuela at nang lumipat kami ng pamilya ko sa China.

Talagang binigyang-inspirasyon ang programang Tungkulin sa Diyos. Matututo ng kagilagilalas na mga bagay ang isang kabataang lalaki na magagamit niya habang siya ay nabubuhay kapag tinapos niya ang mga mithiin sa programa. Matututo siya ng mga bagay na espiritwal, temporal, pisikal, at marami pang iba.

Sulit ang pagsisikap mong ituon ang iyong sarili sa pagkumpleto ng mga mithiing ito. Natutuhan kong maging mas mabuting tao, lumakas ang patotoo ko sa ebanghelyo ni Jesucristo, at mas naihanda ko ang aking sarili para tumanggap ng Melchizedek Priesthood at magmisyon. Nakatutuwang malaman na magiging mabuting halimbawa ako sa aking mga magiging anak balang araw.

Jonathan A., China



## ANG PABORITO KONG BANAL NA KASULATAN

**1 Nephi 3:7**

Pinalalakas ng talatang ito sa banal na kasulatan ang aking pananampalataya dahil ipinapakita ni Nephi sa mga panahon ng pagsubok na sinusunod at ginagawa pa rin niya ang nais ipagawa sa kanya ng Panginoon. At pinagpapala siya ng Ama sa Langit dahil diyan.


Kaila T. (itaas), Pilipinas



## PANSARILING PAG-UNLAD

Noong Pebrero 27, 2011, tinanggap ko ang aking Pagkilala sa Pagdadalaga. Masaya ako na natapos ko ang programang Pansariling Pag-unlad, na napanatili kong dalisay at malinis ang aking sarili, at na maisusuot ko nang may pagmamalaki ang aking medalyon. Alam ko na tinutulungan tayo ng organisasyon ng Young Women na umunlad at ihanda ang ating sarili na makasal sa banal sa templo. Pinasasalamatan ko ang aking Ama sa Langit para sa organisasyong ito. Sa pagkakamit ng medalyon, nakamtan ko ang isa sa aking mga mithiin, at alam ko na maaari akong magpatuloy sa paggawa ng maraming kabutihan sa gawain ng Panginoon.

Katherine M., Venezuela




## PAGKAKAROON NG SARILING PATOTOO

Ako ay isinilang at lumaki sa Simbahan, at wala akong gaanong patotoo hanggang sa simulan kong basahin ang mga banal na kasulatan nang may dalisay na hangarin. Sa halip na basahin lamang ang mga salitang nasa papel, sinaliksik ko nang husto ang kahulugan ng mga ito. Binasa ko ang 3 Nephi 11:3, at lumagay ako sa sitwasyon ng mga tao roon. Ang banal na kasulatang iyan at ang mga sumunod dito ay umantig sa akin. Magmula noon lagi na akong nagbabasa ng mga banal na kasulatan at taos-pusong nagdarasal, at lumakas ang aking patotoo.

Ryan R., Washington, USA

# *Isang* SAKRIPISYO *ngunit Isa Ring* KAGALAKAN



*Muntik nang maglaho ang hangarin kong magmisyon dahil masaya ako sa kita ko noon.*

**Ni Edward M. Akosah**

Noong anim na taong gulang ako, nakilala ng nanay ko ang mga misyonero at sumapi siya sa Simbahan sa Ghana, Africa. Iniwan ng tatay ko si Inay at kaming limang anak niya, ngunit nakatulong ang mga turo ng Simbahan para manatiling matatag ang aming pamilya. Mahal namin ang isa't isa at payapa ang aming tahanan. Gustung-gusto kong magsimba kasama si Inay at dumalo sa mga klase sa Primary at pagkatapos ay sa seminary.

Noong binatilyo na ako tinawag ako bilang ward missionary at nagustuhan kong mag-proselyte na kasama ng mga misyonero. Nakita ko ring magmisyon ang ilan sa mga binata sa aming ward. Pagbalik nila, iba na sila. Mas marami silang alam at mas husto ang kanilang pag-iisip, kapwa sa pisikal at sa espirituwal. Nagmisyon din ang kuya ko. Pagbalik niya, marami akong nakitang pagbabago sa kanyang ugali. Lagi kong itinatanong sa sarili, "Ano ba ang mayroon sa misyon na nagpapabago at labis na nagpapaunlad sa lahat ng taong ito?" Naging masigasig akong makapagmisyon.

Nang makatapos ako ng high school, nagtrabaho ako upang makaipon para sa misyon. Hindi naglaon at naglaho ang hangarin kong magmisyon dahil masaya ako sa kita ko noon. Magiging sakripisyo ang magmisyon dahil nakatulong ang kita ko sa pagsuporta sa aking pamilya. Tuwing sisimulan kong sulatan ang mga mission form, naiisip ko ang perang isasakripisyo ko, at kinalilimutan ko ang mga form at patuloy akong nagtatrabaho.

Nang magsipagmisyon ang mga kaibigan ko, nalungkot ako dahil alam ko na dapat din akong maghandang magmisyon. Dahil dito sinuri ko ang aking sarili. Naisip ko, "Ang pagsang-ayon sa propeta at mga lider ko ay hindi lang ipinapakita sa pagtaas ng kanang kamay. Iyon ay sa paggawa ng sinasabi nila at pagsunod sa mga utos ng ating Ama sa Langit."

Ngayon ang panahon para magmisyon, kaya isinumite ko sa bishop ang papeles ko sa misyon. Iyon ang pangalawang pinakamasayang araw sa buhay ko. Ang pinakamasaya ay noong araw na tawagin ako ng bishop ko sa kanyang opisina at ibigay sa akin ang puting sobreng naglalaman ng mission call ko sa Nigeria Ibadan Mission. Puspos ng kagalakan ang puso ko.

Sa missionary training center, lalo kong naunawaan ang mga doktrina ng ebanghelyo at natutuhan ang kagila-gilalas na mga bagay. Natanggap ko rin ang aking endowment sa templo. Labis akong nagpapasalamat sa desisyon kong magmisyon, at hindi ko ito pinagsisihan kailanman. Lumakas din ang espirituwalidad ko sa misyon. Naniniwala ako na dahil iyon sa pagtulong ko sa mga tao na matanggap ang mga pagpapala ng ebanghelyo na siyang nagdulot ng malaking kaligayahan sa amin ng aking pamilya. ■

LARAWAN SA KAGANDAHANGLOOB NI EDWARD M. AKOSAH

# PAGKINITA SA AKING SARILI SA TEMPLO

*Niyaya akong magdeyt ng isang guwapong kasamahan ko sa trabaho, pero hindi siya miyembro ng Simbahan, at mithiin kong makasal sa templo.*

**Ni Adriane Franca Leao**



Noong bata pa ako, pinangarap kong maging bahagi ng isang walang-hanggang pamilya. Ako ay 12 taong gulang nang ibuklod ang pamilya ko sa São Paulo Brazil Temple. Tandang-tanda ko pa na lumuhod kami ng pamilya ko sa altar ng templo at ibinuklod kaming magkakapatid sa aming mga magulang sa buhay na ito at sa buong kawalang-hanggan. Noon ko nalaman na ito ang uri ng pamilyang gusto ko. Inilagay ko ang larawan ng São Paulo Temple sa tabi ng kama ko, at minasdan ito gabi-gabi, na pinaninibago ang aking tapat na pangako na wala akong ibang aasamin kundi ang magkaroon ng walang-hanggang pamilya.

Pagkaraan ng ilang taon nagtrabaho ako sa commercial department ng isang malaking kompanya. Isang araw ipinakilala ako ng manedyer namin sa isang bagong empleyado. Matangkad siyang binata na may kaakit-akit na asul na mata, palangiti, at mapormang manamit.

Hindi ako makapaniwala nang kalaunan ay magpakita siya ng interes sa akin. Tuwang-tuwa ako! Sa una naming deyt, natuwa akong malaman na drummer siya sa isang banda na papasikat na. Natuklasan ko rin na naninigarilyo siya at umiinom, pero ikinatwiran ko na, dahil hindi naman siya miyembro ng Simbahan, hindi iyon mali para sa kanya.

Pagkauwi ko nang gabing iyon, puro tungkol sa guwapong lalaking iyon ang nasa isip ko. Ngunit nang lumuhod ako para magdasal, nakita ko ang larawan ng templo, at may nadama akong kakaiba. Binalewala ko iyon at natulog na ako.

Kinabukasan, nang magdeyt kami, ang katotohanan na umiinom siya at naninigarilyo ay nagpasama sa pakiramdam ko. Nahiya akong maupo sa mesang may mga alak, kahit hindi ko nahawakan ang alinman sa mga ito. Noong una ay natuwa ako at pagkatapos ay nainis ako nang magtangka siyang halikan ako. Nang maamoy ko ang sigarilyo at alak sa kanyang hininga, hanggang tangka lang ang halik na iyon!

Lumuhod ako sa tabi ng aking kama nang gabing iyon para manalangin, na nakatingin sa larawan ng templo. Napag-isip-isip ko na hindi ang lalaking ito ang klase ng taong magdadala sa akin sa templo para sa kasal na walang-hanggan.

Nahiga ako at natulog, na masayang iniisip ang mithiin kong makasal sa isang karapat-dapat na lalaking makakasama ko sa pagbubuo ng isang walang-hanggang pamilya.

Kahit kaakit-akit pa rin ang drummer, hindi ko na hinangaan ang kaguwapuhan niya. Alam ko kung anong uri ng kasal ang gusto ko.

Pagkaraan ng isang taon ikinasal ako sa São Paulo Temple sa isang karapat-dapat na mayhawak ng priesthood na mahal ko. Sulit ang paghihintay sa isang tapat na binata na kasama kong tatanggap ng magandang pagpapala mula sa Panginoon. ■

Para makabili ng sarili ninyong larawan ng templo, bumisita sa store.lds.org. I-klik ang "Music, Media, and Art" tab at pagkatapos ay i-klik ang "Temple Pictures."


PAGLALARAWAN NI CRAIG STAPLEY




# *Para sa Lakas ng mga Kabataan*
# ISANG ANGKLA SA PANAHONG ITO



**David L. Beck**
Young Men
General President



**Elaine S. Dalton**
Young Women
General President

*Isinulat ng Unang Panguluhan na ang mga pamantayan sa* Para sa Lakas ng mga Kabataan *"ay makatutulong sa inyo sa mahahalagang pagpapasiyang ginagawa ninyo ngayon at gagawin pa sa hinaharap."*[1] *Sa paglabas ng bagong edisyon ng polyeto, nagkaroon ng pagkakataon ang mga magasin ng Simbahan na makausap sandali ang Young Women general president na si Elaine S. Dalton at ang Young Men general president na si David L. Beck tungkol sa binagong polyeto.*


### Bakit may bagong edisyon ng *Para sa Lakas ng mga Kabataan* ngayon?

*Brother Beck:* Hindi nagbabago ang mga pamantayan ng Panginoon, ngunit ang pag-atake ng kaaway sa mga pamantayang iyon ay lalo pang lumalaganap at tumitindi. Ang *Para sa Lakas ng mga Kabataan* ay ini-update upang matulungan ang mga kabataan na mapaglabanan ang mga pag-atakeng ito.

*Sister Dalton:* Ang mga propeta ay patuloy na nangungusap nang malinaw sa mga kabataan, at gusto naming patuloy nilang mabasa ang kanilang mga huling salita. Kailangang nakatuon ang mga kabataan sa pagsunod sa propeta, kaya nga isinama ang mga huling turo sa polyetong ito.

*Brother Beck:* Tulad ng ipinaalala ni Pangulong Thomas S. Monson sa atin, ang mga kabataan ngayon ay nagsisilakihan sa panahong lumalawak

KALIWA, ITAAS: PAGLALARAWAN NI ROBERT CASEY; KANAN: LARAWAN *NI CRISTO,* NI HEINRICH HOFMANN, SA KAGANDAHANG-LOOB NG C. HARRISON CONROY CO.



ang agwat ng mga pamantayan ng Panginoon sa mga pamantayan ng mundo.[2] Mas tumitindi ang mga tukso, at mas tanggap na ng lipunan ang masamang pag-uugali. Ang mabuting payo sa bagong polyetong ito ay patunay ng pagmamahal ng Ama sa Langit sa mga kabataan. Gusto Niyang matamasa ng bawat kabataan ang mga pagpapalang dulot ng pamumuhay ayon sa ebanghelyo at binigyan Niya sila ng mga pamantayan para matulungan sila. May mahalagang gawain Siyang ipagagawa sa kanila ngayon. Ang mga pamantayan sa *Para sa Lakas ng mga Kabataan* ay tumutulong sa kanila na maging marapat na magsagawa ng Kanyang gawain.



**Ano ang idinagdag sa edisyong ito?**

Idinagdag ang *Sister Dalton:* "Pagtatrabaho at Pag-asa sa Sariling Kakayahan." Maraming kabataang gumugugol ng maraming oras sa mga bagong teknolohiya—social networking, Internet browsing, video gaming—kaya hindi na sila talaga natutong magtrabaho. Problema iyan dahil kapag nagmisyon ang isang kabataan, kung minsan ay hindi siya handa para sa tindi ng hirap ng pisikal at espirituwal na gawain. Ganito rin sa isa pang bagong bahagi: "Kalusugang Pisikal at Emosyonal." Kailangan ninyong maging malusog at pangalagaan ang inyong katawan, ngunit kailangan din ninyong pangalagaan ang inyong kalusugang emosyonal.

*Brother Beck:* Higit pang binigyang-diin ang pagsunod sa Espiritu at pamumuhay nang karapat-dapat para makapasok sa templo.

**Paano magagawa ng mga kabataan na maging bahagi ng kanilang buhay ang *Para sa Lakas ng mga Kabataan*?**

*Sister Dalton:* Gusto kong hanapin nila ang mga pagpapalang binanggit sa polyeto at pag-isipan kung paano sila aakayin ng mga pagpapalang ito sa kanilang mga mithiin. Talagang naniniwala ako na inihahanda ng henerasyong ito ang mundo para sa Ikalawang Pagparito ng Tagapagligtas. Hinihikayat kong alalahanin ng mga kabataan na nais nilang tiwalang humarap sa Kanyang presensya sa muli Niyang pagparito.

*Brother Beck:* Ang mga buklet na *Pagtupad ng Aking Tungkulin sa Diyos* at *Pansariling Pag-unlad ng Young Women* ay nagbibigay rin ng ilang magagandang ideya. Halimbawa, sa mga bahaging "Mamuhay nang Karapat-dapat" ng *Tungkulin sa Diyos,* ang mga kabataang lalaki ay inaanyayahang pag-aralan ang mga pamantayan sa *Para sa Lakas ng mga Kabataan,* planuhing ipamuhay ang mga ito, at pagkatapos ay ibahagi ang kanilang mga karanasan sa iba. Sa paggawa nito, hindi lamang nila pinalalakas ang sarili nilang patotoo, pinalalakas din nila ang iba.

*Sister Dalton:* Ang isa pang nakatutuwang gawin ay basahin ng mga kabataan ang *Para sa Lakas ng mga Kabataan* at bilugan ang lahat ng



tungkol sa Espiritu. Lagi silang papatnubayan ng Espiritu Santo kapag ipinamuhay nila ang mga pamantayang ito. At sa panahon na gumagawa ng mahahalagang pasiya sa buhay ang mga kabataan, kailangan nila ang patnubay na iyon.

*Brother Beck:* Nakikita ko rin na magandang sanggunian ang polyeto para sa pagbabahagi ng ebanghelyo; magagamit natin ito para maipaunawa natin sa ating mga kaibigan kung bakit ganito ang ating pamumuhay. Magagamit din ito ng mga kabataan sa paghahanda ng mga aralin para sa family home evening, mensahe sa sacrament meeting, o aralin para sa mga klase sa Simbahan—o kahit sa paghahanap lang ng sagot sa mga tanong tungkol sa mga pamantayan ng Panginoon. Kapag ginawa ng mga kabataan ang mga bagay na ito, maisasapuso nila ang mga doktrina at alituntunin sa *Para sa Lakas ng mga Kabataan* at magiging bahagi ito ng kanilang pagkatao.



**Ano ang sasabihin ninyo sa mga taong nag-iisip na mahirap ipamuhay ang mga pamantayang ito sa mundo ngayon?**

*Sister Dalton:* Sasabihin kong, "Tama ka; mahirap nga." Pero ipaaalala ko sa kanila na mas mahirap kapag *hindi* ninyo ipinamuhay ang mga pamantayan. Panggulo sa buhay ang kasalanan at inaakay kayo nitong gawin ang mga bagay na ayaw ninyo. Sasabihin ko na ang pagsunod sa mga pamantayan sa *Para sa Lakas ng mga Kabataan* ay susi sa kaligayahan, at lahat ay gustong lumigaya.

*Brother Beck:* Walang bagay sa mundong ito na makahahambing sa ibinibigay na kapanatagan ng Espiritu Santo, sa kasiyahang malaman na nalulugod ang Ama sa Langit sa inyo, o sa kapangyarihan ng mga tipan sa templo. Ito ang mga pagpapalang ipinangako sa mga taong sumusunod sa mga pamantayan ng Panginoon.

*Sister Dalton:* Napakaraming kabataang babaeng nagsasabi na, "Nakagawa ako ng masama, kaya hindi na ako maaaring magsimba." Pagkatapos ay lalo pa silang nagiging masama. Pero sasabihin kong, "*Maaari* kayong magsisi. Maaari kayong magbago, at ngayon na ang panahon. Ito ang araw. Ito ang pagkakataon ninyo."

**Ano ang ipapayo ninyo sa mga kabataang walang gaanong sumusuporta sa bahay sa pamumuhay ayon sa mga pamantayang ito?**

*Brother Beck:* Naniniwala ako na inilagay ng Panginoon ang bawat isa sa atin kung saan natin lubos na magagamit ang mga espirituwal na kaloob na ibinigay Niya sa atin. Kung hindi ninyo kaisa ang inyong pamilya sa katapatan ninyong ipamuhay ang mga pamantayan ng Panginoon, huwag sumuko. Patuloy na mamuhay sa paraang alam ninyong nararapat, dahil hindi ninyo alam kung sino sa mga kapamilya ninyo ang nakamasid sa inyo at lihim na humuhugot ng lakas sa inyong halimbawa.



*Sister Dalton:* Lagi ring alalahanin kung sino *kayo*. Kayo ay inilaan na maparito sa mundo ngayon dahil malakas ang inyong patotoo tungkol sa Tagapagligtas. Pinatunayan ninyo iyan sa daigdig bago tayo isinilang. Tulad ng binanggit ni Brother Beck, ang pamumuhay ninyo ayon sa mga pamantayan ay maaaring magpala sa inyong pamilya sa huli. Huwag makipagsapalaran. Huwag sumuko. Kapag ipinamuhay natin ang mga pamantayang ito, maaari tayong maging isang liwanag. Mababanaag sa atin ang liwanag ng Tagapagligtas.

**Anong mga pagpapala ang darating sa mga kabataan kapag ipinamuhay nila ang mga pamantayan?**

*Brother Beck:* Nangako ang Panginoon ng maraming magagandang pagpapala sa mga yaong tapat sa mga pamantayang Kanyang itinakda. Ang ilan dito ay agad makakamtan: ang patnubay ng Espiritu Santo,

LARAWAN NG MGA LANDAS © PLAINPICTURE/HASENGOLD

katahimikan ng budhi, at mas malaking pananampalataya at tiwala. Tuwing susundin natin ang isang kautusan, lumalaki ang kakayahan nating sumunod.

*Sister Dalton:* Sinasabi ng mundo, "Subukan mo ang lahat ng bagay. Dahil bata ka pa, maaari mong subukan ang lahat." Ang mangyayari kapag sinunod mo ang mensaheng iyan ay parang imbudong sa simula ay maluwag ang pasukan pero pakitid nang pakitid sa ilalim. Ang kalayaan mo ay nalilimitahan ng mga desisyong iyon. Ang pagsubok sa mga bagay-bagay ay maaaring humantong sa pagkalulong. Ang kapusukan ay maaaring



humantong sa pagdadalantao nang hindi pa kasal o sa pagbabago ng plano ninyo sa buhay. Ngunit kung tatahak kayo sa tuwid na landas—ibabaligtad ang imbudo—at susundin ninyo ang mga pamantayan ng Panginoon, maraming pagkakataong mabubuksan sa inyo at lalawak pa ito kapag sinunod ninyo ang mga kautusan. Sa halip na magapos sa inyong mga pagkakamali, malaya kayong ipamuhay ang uri ng buhay na magpapasaya sa inyo.

*Brother Beck:* Kailangan sa mundo ang mga kabataang nauunawaan ang kahalagahan ng mga pagpapalang ito at kung paano magiging marapat para dito. Marami sa inyong mga kaibigan at kabarkada na naghahanap ng alternatibo sa mga paraan ng mundo, na nais gawing pundasyon sa buhay ang mga tunay na alituntunin. Ang kailangan lang nila ay ang inyong halimbawa at patotoo.

### May gusto pa ba kayong ibahagi sa mga kabataan?

*Sister Dalton:* Ang mensaheng ibibigay ko sa mga kabataan ay na hindi masamang magsisi; ito ay isang pagpapala. Naglaan ng paraan ang Tagapagligtas para makapagsisi tayo. Huwag nang maghintay. Maaari tayong magbago, at tutulungan tayo niyan na maipamuhay ang mga pamantayan. Kayang baguhin ng isang mabuting kabataang lalaki o babaeng ginagabayan ng Espiritu ang mundo. Maaaring ikaw iyan.

*Brother Beck:* Mahal namin kayo, at nagagalak kami sa inyong kabutihan. Nakatutuwa at nakasisiglang makita namin ang inyong katapatan. Kung pakiramdam ninyo ay nag-iisa kayo, alalahanin na libu-libong kabataang katulad ninyo sa iba't ibang dako ng mundo ang nangangakong sundin ang mga pamantayan ng Panginoon. Alalahanin din na maaari ninyong makasama palagi ang Espiritu Santo. Mamuhay nang marapat sa Kanyang harapan, sundin ang Kanyang mga pahiwatig, at tulutan Siyang panatagin kayo kapag kailangan ninyo ito. Mahal kayo ng Ama sa Langit at tiwala Siya sa inyo. Naglaan Siya ng magagandang bagay para sa inyo. ■

**MGA TALA**

1. *Para sa Lakas ng mga Kabataan* (2011), ii.
2. Tingnan sa Thomas S. Monson, "Tapang na Manindigang Mag-isa," *Liahona,* Nob. 2011, 60.

### PAANO KO MAIPALILIWANAG SA MGA KAIBIGAN KO KUNG BAKIT HINDI MAHIGPIT ANG ATING MGA PAMANTAYAN?

Magagamit mo ang analohiya tungkol sa imbudo na binanggit ni Sister Dalton. Ang pagsubok sa mga bagay-bagay na iminumungkahi ng mundo ay walang magandang idudulot sa kinabukasan mo dahil sa masasamang ibubunga nito. Baligtarin natin ang imbudo, kung saan ang pagsunod sa mga pamantayan at kautusan ay nagbubukas ng maraming pagkakataon sa atin ngayon at sa hinaharap.

Tinutulungan tayo ng mga pamantayan na:

- Magabayan ng Espiritu Santo, lalo na sa paggawa ng mahahalagang pasiya.
- Matamasa ang kaligayahan at kalayaan sa halip na pagtiisan ang mga bunga ng pagkalulong o kasalanan.
- Maging karapat-dapat sa mga pagpapala ng templo at buhay na walang hanggan, na siyang pinakamimithi natin.



# HALIMBAWA NG *Aking Ina*

Ni Erin Barker

Ibinagsak ko ang pinggan sa dishwasher at umiyak ako sa inis.

"Erin, pumunta ka na sa pool party na iyon," sabi ni Itay. "Maglibang ka muna."

"Hindi naman po iyan ang problema ko!" ang sigaw ko habang palabas ako ng silid.

Hindi ang pool party ni Adriane ang pinoproblema ko. Si Inay at ang bunsong kapatid kong si Abby na may pulmonya. Ginugol namin ni Itay ang nakaraang linggo sa pag-aalaga sa kanila at pagsisikap na magawa ang mga gawaing-bahay. Ibig sabihin nito ay pagluluto, paglilinis, pamimili, paglalaba, at paghahatid-sundo sa dalawa ko pang kapatid na babae.

Lahat ng bagay na ito ang pumayapa sa mga pag-aalala ko at pangamba. Nag-alala ako sa pamilya ko at kinabahan ako dahil malapit na akong umalis para magkolehiyo. Kaya ginawa kong abala ang sarili ko at sinikap kong balewalain ang mga pangamba ko. Nagplano pa akong huwag nang pumunta sa party ni Adriane, pero pagod na ako at ang isipin ang gabing wala kang inaalala, kasama ang mga kaibigan sa tabi ng pool, ay lalo pang nagpatindi sa nadarama ko. Hindi na ako nakapagtimpi at kay Itay ko naibunton ang sama ng loob ko.

Matagal akong umiyak sa kuwarto ko. Pagkatapos, nakokonsensya, umakyat ako para tingnan kung may kailangan si Inay o si Abby. Nakita ko si Inay na pinaiinom ng gamot ang kapatid kong may lagnat. Halos hindi makahinga si Inay at ilang araw nang nakaratay sa higaan. Hinimok namin siya ni Itay na mahiga. Sinabi namin sa kanya na kami na ang bahala kay Abby. Hindi siya nakinig.

"Ayos lang ako. Kayong dalawa ang matulog," sabi niya. "Kailangan ako ni Abby."

Sinikap kong huwag maiyak nang masdan ko si Inay na panatagin ang 10-taong-gulang kong kapatid. Inalam niya ang temperatura ni Abby, inihiga ito, at tinabihan at niyakap ang nanginginig nitong katawan. Tumigil sa pagdaing si Abby at napanatag sa yakap ni Inay.

Ngayon lang nagkasakit nang ganito kalubha si Inay. Sa huli ay naospital siya nang ilang araw dahil sa pulmonya. Gayunpaman sa gitna ng hirap niya, kinalimutan niya ang kanyang sarili. Sa halip na magreklamo dahil sa sakit niya, nakahanap siya ng paraan na maibsan ang sakit ng kanyang anak.

Plano ko sanang magpakamartir nang gabing iyon sa pamamagitan ng pananatili sa bahay para tumulong. Sa halip, nahiya ako sa pagmamaktol ko at napakumbaba sa ginawa ng aking ina. Habang minamasdan siya, alam ko na gagawin niya ang lahat para tulungan kaming magkakapatid.

Nadama ko ang pagmamahal niya sa gabing iyon at gusto kong tularan ang kanyang halimbawa. Ipinasiya kong ipakita sa mga mahal ko na paroroon ako kapag kailangan nila ako, anuman ang kailanganin kong isakripisyo. ■



PAGLALARAWAN NI BRIAN CALL



*Nagbahagi si Elder Quentin L. Cook ng Korum ng Labindalawang Apostol ng ilang pananaw tungkol sa paksang ito.*

# Ang **Kababaihan** ay **Mahalaga** sa Simbahan!

Ang kababaihan ay mga anak ng ating Ama sa Langit, na nagmamahal sa kanila.

Pinagtaglay ng Diyos ang kababaihan ng lakas, kabanalan, at pagmamahal.

Ang mga babae ay kapantay ng kanilang mga asawa. Nagtutulungan ang mga mag-asawa para matugunan ang mga pangangailangan ng pamilya.

Ang kababaihan ng Simbahan ngayon ay matatag at tapat.

Karamihan sa naisagawa natin sa Simbahan ay dahil sa di-makasariling paglilingkod ng kababaihan.

Kahanga-hanga ang kababaihang Banal sa mga Huling Araw! ■

*Mula sa "Ang mga Babaeng LDS ay Kahanga-hanga!"* Liahona, *Mayo 2011, 18–21.*

PAGLALARAWAN NI DAN BURR



# Mga Panalangin, Maiikling Liham, at **mga Kalamidad**

**Ni Marissa Widdison**
Mga Magasin ng Simbahan

Bagama't magkaiba ang wika ng dalawang batang babaeng ito at mahigit 6,000 milya (9,600 km) ang layo ng tirahan nila sa isa't isa, may natatanging bagay na karaniwan sa kanila: kapwa sila nakahanap ng paraan na mapanatiling positibo ang kanilang pananaw nang tamaan ng kalamidad ang kanilang bayan. Basahin ang mga kuwentong hango sa tunay na buhay nina Honoka O. mula sa Japan at Maggie W. mula sa Missouri, USA. Sa malulungkot at nakakatakot na panahon, ano ang nakatulong sa kanila na manatiling tapat at maganda ang pananaw?




*Ang pangalan ko po ay Honoka, at nakatira ako sa Chiba Prefecture, Japan. Mahilig akong maglaro, magluksong-lubid, at magdrowing. Pangarap kong maging ilustrador balang araw.*




*Hello! Ako po si Maggie mula sa Joplin, Missouri. Isang gabi napanood ni Inay sa balita ang babalang may unos, at bumaba kaming lahat sa basement. Natakot ako sa malakas at maugong na hangin. Nag-alala ako sa mga kaibigan ko at mga alaga naming hayop. Pagkatapos ng bagyo, nagpasalamat ako na ligtas ang pamilya ko at di-gaanong nasira ang bahay namin.*




MAPANG GAWA NI CHAD HUTCHINGS; KANAN: LARAWAN NG JAPAN © KYODO/REUTERS

## Honoka



*Ang paborito kong kuwento sa banal na kasulatan ay tungkol sa pangitain ni Lehi (tingnan sa 1 Nephi 8). Sa palagay ko napakahalaga ng Primary dahil marami akong matututuhan tungkol sa Diyos at kay Jesus. Gustung-gusto ko ang sacrament meeting dahil nadarama ko na nagiging malinis ako kapag nakikibahagi ako ng sakramento, at nagpapasaya iyan sa akin.*

*Nasa paaralan ako nang mangyari ang malakas na lindol. Ang una kong naisip ay, "Nakakatakot!" at "OK kaya ang pamilya ko?" Idinalangin ko sa puso ko na maging ligtas sila at ang buhay ng mga tao. Kalaunan nalaman ko na walang nasaktan sa mga kaibigan ko. Sa panahong iyan, nadama ko na naprotektahan kami ng Diyos. Alam ko na ang Diyos at si Jesus ay buhay.*





## Maggie





*Marami pang ibang kabahayan at negosyo ang winasak ng buhawing nagdaan sa bayan. Nalungkot ako para sa mga taong namatayan ng mga mahal sa buhay. Nagpasiya ang mga magulang at kuya at ate ko na tumulong sa paglilinis ng bayan. Naisip ko tuloy ang talata sa banal na kasulatan, "Kung kayo ay nasa paglilingkod ng inyong kapwa-tao, kayo ay nasa paglilingkod lamang ng inyong Diyos" (Mosias 2:17).*

*Gusto ko ring tumulong sa paglilinis, pero sabi ni Inay hindi ito ligtas para sa bata. Pagkatapos ay nadama ko na nagbahagi ng magandang ideya ang Espiritu Santo para sumaya ang mga tao. Gumawa ako ng 20 maiikling sulat ng pasasalamat para ibigay sa mga boluntaryo. Gumugol ako ng maraming oras upang maging espesyal ang bawat card para madama ng mga tao ang Espiritu at malaman nila na napakahalaga nila sa aming bayan.*

*Natutuhan ko na kahit hindi ka makagawa ng ilang bagay para makapaglingkod, lagi kang makakaisip ng ibang mga paraan para makapaglingkod. Pagpapalain ka ng Ama sa Langit sa paglilingkod sa Kanya at sa iyong kapwa.*





# “Nawa’y **mapuspos ng pagmamahal** at **paggalang** at ng **Espiritu ng Panginoon** ang inyong tahanan.”


**Pangulong Thomas S. Monson**
**Mula sa pangkalahatang kumperensya ng Abril 2012**

PAGLALARAWAN NI KEITH LARSON

# **Ang** Ating **Pahina**



*Mahal na mahal ni Jay R., edad 5, na taga-Indonesia, ang kanyang pamilya. Tinuruan siya ng kanyang mga magulang na mahalin ang kapwa. Marami siyang kaibigan, at gusto niyang magbahagi sa kanila. Mahal niya ang mga nilikha ng Panginoon, tulad ng mga halaman at hayop. Gusto niya talaga ang mga insekto pati ang mga gagamba, dahil gumagawa ito ng sarili nilang sapot. Nagpapasalamat siya sa lahat ng bagay na nilikha ng Panginoon para sa kanya.*




**Lucas L., edad 9, Argentina**






**Timothy K., edad 3, Ukraine**

### PAGKAKAROON NG PANANAMPALATAYA SA DIYOS



Ang buklet na *Pananampalataya sa Diyos* ay nakatulong sa pag-unlad ko sa pagsunod sa mga kautusan ng Ama sa Langit. Hinihikayat ko ang lahat ng bata na tapusin ang buklet at paunlarin ang kanilang mga talento sa pamamagitan ng paglilingkod sa Simbahan. Nagtakda ako ng mithiin at nagdueto kami ng kapatid kong lalaki sa pagtugtog ng biyolin sa simbahan. May kapatid akong nasa misyon—mabuting halimbawa siya sa akin, gayon din ang lahat ng miyembro ng aking pamilya!

**Charlotte de B., edad 10, France**



*Gustung-gustong magsimba ni Rebeca B., edad 4, na taga-Brazil. Gusto niyang kantahin palagi ang "Ako ay Anak ng Diyos" at "Mag-anak ay Magsasamang Walang Hanggan" sa family home evening, at alam niya ang buong kanta. Sa edad na tatlong taon at ilang buwan, kabisado na niya ang unang tatlong Saligan ng Pananampalataya. Ang Linggo raw ay araw ng Panginoon at isang biyaya sa kanyang pamilya.*

Isumite ang inyong drowing, larawan, o karanasan para sa Our Page sa liahona.lds.org, ipadala ito sa e-mail sa liahona@ldschurch.org at isulat ang "Our Page" sa subject line, o ihulog sa koreo sa:

*Liahona,* Our Page
50 E. North Temple St., Rm. 2420
Salt Lake City, UT 84150-0024, USA

Kailangang isama sa bawat isusumite ang buong pangalan ng bata, kasarian, at edad (dapat ay mula 3 hanggang 11 taong gulang) pati na ang pangalan ng magulang, ward o branch, stake o district, at nakasulat na pahintulot ng magulang (tinatanggap ang e-mail) na gamitin ang retrato at isinumite ng bata. Ang mga isinumite ay maaaring iedit para linawin o paikliin.

DALHIN SA TAHANAN ANG TURO SA PRIMARY

Magagamit ninyo ang aralin at aktibidad na ito para matutuhan pa ang iba tungkol sa tema ng Primary sa buwang ito.

# Pinipili Kong **Punuin ang Buhay Ko** ng mga Bagay na **Nag-aanyaya sa Espiritu**

Mababasa natin sa Biblia ang kamangha-manghang kuwento tungkol kina Sadrach, Mesach, at Abed-nego. Itinapon ni Haring Nabucodonosor ang tatlong magkakaibigang ito sa nagniningas na hurno dahil tumanggi silang sambahin ang imaheng ginto na kanyang nilikha. Sinabi ng tatlong Israelita sa hari na Diyos lamang ang sasambahin nila. Dahil tapat ang mga binatilyong ito, isinalba sila ng Diyos mula sa apoy at iniligtas ang kanilang buhay. (Tingnan sa Daniel 3.) Ang kuwentong ito ay tungkol sa pagtitiwala sa Diyos at sa pagiging tapat at matapang. Tungkol din ito sa mabuting magkakaibigan na tinutulungan ang isa't isa na piliin ang tama.

Magkakasamang pinili nina Sadrach, Mesach, at Abed-nego na tuparin ang kanilang pangako na Diyos lamang ang kanilang sasambahin. Pinili nilang sumampalataya na ililigtas sila ng Diyos. Hindi nila piniling matakot sa hari, bagkus ay pinili nilang magtiwala sa Diyos. Sinabi ni Pangulong Henry B. Eyring, Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan, "Kailangan nating lahat ng mga tunay na kaibigang magmamahal, makikinig, magpapakita ng halimbawa, at [magpapatotoo sa] katotohanan" ("Tunay na Magkaibigan," *Liahona,* Hulyo 2002, 32).

Alalahanin, ang mabubuting kaibigan ay gagawa ng kaibhan sa inyong buhay sa pamamagitan ng pagtulong sa inyo na piliin ang tama. Maghanap ng mga kaibigang katulad nina Sadrach, Mesach, at Abed-nego, at maging kaibigang gaya nila! ■


## Awitin at Banal na Kasulatan

- "Sinisikap Kong Tularan si Jesus," *Aklat ng mga Awit Pambata,* 40–41
- Mga Saligan ng Pananampalataya 1:13

## Ikaw Lang

Narito ang ilang ideya kung paano maging mabuting kaibigan:


- Sa katapusan ng linggo, isulat sa journal ang ginawa mo para maging mabuting kaibigan sa isang tao.
- Mag-isip ng mga paraan na maipakikita mo ang iyong pagmamahal sa mga kaibigan mo.
- Isulat kung paano ninyo mapapalakas ng mga kaibigan mo ang inyong pananampalataya sa Diyos.
- Ibahagi sa isang magulang o lider sa Primary ang ginagawa mo para maging mabuting kaibigan.





## Larong PAT: Pagkakaibigan

Laruin ito para matutuhan pa kung paano maging mabuting kaibigan. Kakailanganin mo ng isang buto o butones para sa bawat manlalaro at maliliit na pirasong papel na may nakasulat na "1," "2," o "3." Ilagay ang mga papel na ito sa supot o envelope.

Para makapaglaro, pipili ng papel ang isang tao at iuusog niya ang kanyang buto o butones nang ilang espasyo ayon sa bilang na nakasulat sa papel. Basahin ang nakasulat sa espasyo at sundin ang mga tagubilin. Tapos na ang laro kapag nakarating na sa dulo ang lahat bilang mabuting kaibigan!



MGA PAGLALARAWAN NI BRAD TEARE



Nabitawan ng isang batang babae ang kanyang tray ng pagkain, pero hindi mo siya tinulungang damputin ito. Umatras nang isang espasyo.
Hinatian mo ng tanghalian ang isang batang lalaking walang pagkain. Umabante nang isang espasyo.
Hindi mo pinansin ang isang bisita sa Primary. Umatras nang isang espasyo.
Biniro mo ang iyong kaibigan at nasaktan siya. Umatras nang isang espasyo.
Pinalakas mo ang loob ng iba na gumawa ng mga tamang pasiya. Umabante nang isang espasyo.
Pinagtawanan mo ang isang batang lalaking kakaiba ang hitsura. Umatras nang isang espasyo.
Dinalaw ng pamilya mo ang isang bagong kapitbahay. Umabante nang isang espasyo.
Isinali mo ang isang tao sa laro ninyo noong recess. Umabante nang isang espasyo.
Tinulungan mo ang nakababata mong kapatid sa mga gawain niya sa bahay. Umabante nang isang espasyo.
Ibinahagi mo ang ebanghelyo sa isang kaibigan. Umabante nang isang espasyo.
WAKAS

# Pagkatutong **Maglingkod sa Iba**

**Ni Heidi S. Swinton**

Ang pangalan ni Thomas Spencer Monson ay isinunod sa kanyang lolong si Thomas Condie. Maraming natutuhan ang batang si Tommy sa kanyang lolo, na ilang bahay lang ang layo ng tirahan sa kanila. Ang aral na hinding-hindi niya malilimutan ay kung paano maglingkod sa iba.

Isang araw noong mga walong taong gulang si Tommy, nakaupo silang mag-lolo sa duyan sa harapang balkonahe. May isang matandang lalaking taga-England na nakatira sa kalye ring iyon. Ang pangalan niya ay Robert Dicks, pero “Mang Bob” lang ang tawag sa kanya ng karamihan sa mga kapitbahay. Biyudo na siya at mahirap.

Lumapit si Mang Bob at naupo sa duyan sa balkonahe kasama si Tommy at ang lolo niya. Sinabi nito na gigibain na ang maliit na bahay na adobe na tinitirhan niya. Wala siyang pamilya, walang pera, at walang mapuntahan.



Inisip ni Tommy kung paano sasagot ang lolo niya sa malungkot na kuwentong iyon. Dumukot sa bulsa ang kanyang lolo at kinuha ang isang maliit na pitaka na yari sa balat. Kinuha niya roon ang isang susi at inilagay sa kamay ni Mang Bob. “Mr. Dicks,” magiliw niyang sabi, “maaari mong ilipat ang mga gamit mo sa bakanteng bahay ko diyan sa kabila. Wala kang babayaran ni isang kusing, at makakatira ka roon hangga’t gusto mo. At tandaan mo, wala nang magpapaalis sa iyo kahit kailan.” Napuno ng luha ang mga mata ni Mang Bob.

Tinuruan din si Tommy ng kanyang ina kung paano magmahal at maglingkod sa iba. Tuwing Linggo bago maghapunan ang pamilya Monson, naghahanda ng isang pinggang inihaw na karneng baka, patatas, at sarsa ang ina ni Tommy para kay Mang Bob. Kung minsan ay may kasama pa itong masarap na ribbon cake na gawa ng ina ni

Tommy na may patung-patong na kulay-rosas, berde, at puting cake at chocolate frosting. Ang trabaho ni Tommy ay maghatid ng hapunan kay Mang Bob.

Noong una ay hindi maunawaan ni Tommy kung bakit hindi muna siya maaaring kumain bago niya dalhin doon ang pagkain. Pero hindi siya nagreklamo kahit kailan. Mabilis niyang tatakbuhin ang bahay ni Mang Bob, dala-dala ang pinggan na puno ng pagkain. Pagkatapos ay sabik niyang hihintaying makarating sa pinto si Mang Bob.

Pagkatapos ay magpapalitan ng pinggan ang dalawa—ang malinis na pinggan ni Bob noong nakaraang Linggo at ang pinggang dala ni Tommy na puno ng pagkain. Pagkatapos ay mag-aabot ng barya si Bob bilang kabayaran sa kanyang kabaitan.

Iisa palagi ang sagot ni Tommy: "Hindi ko po matatanggap ang pera. Papaluin po ako ni Inay."

Marahang hahaplusin ng matandang ginoo ang blond na buhok ni Tommy at sasabihing, "Anak, napakabait ng nanay mo. Sabihin mo sa kanya salamat." Nang iparating ni Tommy ang sinabi ni Mang Bob sa kanyang ina, napaluha ito.

Ang pagpapakita ng pag-ibig sa kapwa, di-makasariling pagbibigay sa iba, pag-una sa iba, at pagiging mabuting kaibigan at kapitbahay ay mahalaga sa tahanan ng mga Monson. Naging sagisag ng buhay ni Pangulong Monson ang mga ito. ■

PAGLALARAWAN NI PAUL MANN; LARAWAN SA KAGANDAHANG-LOOB NG PAMILYA MONSON



## MGA SALITA MULA KAY PANGULONG MONSON

"Naniniwala ako na ang pagmamahal ay naipapakita sa paraan ng inyong pamumuhay, paglilingkod, at pagtulong sa iba. Kapag naglilingkod tayo sa ating kapwa, ipinapakita natin na mahal natin sila, at ipinapakita rin natin kay Jesucristo na mahal natin Siya" ("Friend to Friend," *Liahona,* Nob. 1997, 6).

## PAANO KAYO MAGKATULAD NI PANGULONG MONSON?

Ano ang magkatulad sa inyo ng propeta? Nasa ibaba ang listahan ng mga bagay na naglalarawan kay Pangulong Monson noong siya ay bata pa. Markahan ang kahon na magkatulad kayo.

- ☐ Mayroon siyang ate.
- ☐ Siya ang pangalawang anak sa kanyang pamilya.
- ☐ Isinilang siya sa araw ng Linggo.
- ☐ Siya ang panganay na lalaki sa kanyang pamilya.
- ☐ May palayaw siya (tingnan sa ibaba).
- ☐ May lima siyang kapatid na lalaki at babae.
- ☐ Madalas siyang ipagluto ng almusal ng tatay niya.
- ☐ Nagkaroon siya ng patotoo sa ebanghelyo noong siya ay bata pa.
- ☐ Gusto niya ang sorbetes na gawang-bahay.
- ☐ Nagkaroon siya ng library card.
- ☐ Gusto niyang makipaglaro sa kanyang mga pinsan.
- ☐ Gusto niyang kasama ang lolo niya.
- ☐ Nakatira siya sa tabi ng riles ng tren.
- ☐ Sinunod niya ang mga utos ng kanyang ina.
- ☐ Nabinyagan siya noong siya ay walong taong gulang.
- ☐ Gusto niyang mamingwit ng isda.



## MGA PANGALAN AT PALAYAW

Pagtugmain ang bawat pangalan at palayaw ni Pangulong Monson sa sitwasyon na ginamit ito.

| SITWASYON | PANGALAN O PALAYAW |
|---|---|
| 1. Tawag sa kanya ng mga tao sa simbahan at paaralan noong siya ay bata pa. | a. Itay |
| 2. Tawag sa kanya ng mga miyembro ng Simbahan ngayon. | b. Nerbiyosong Willy |
| 3. Tawag sa kanya ng kanyang mga apo. | c. Tom o Tommy |
| 4. Tawag sa kanya ng kanyang mga anak. | d. Thomas Spencer Monson |
| 5. Palayaw ng nanay niya sa kanya dahil gusto niyang maging abala sa paggawa ng mga bagay-bagay sa halip na magpahinga. | e. Pangulong Monson |
| 6. Buong pangalan niya, na ginamit noong siya ay binyagan. | f. Lolo |

May palayaw ka ba na naglalarawan ng isang espesyal na bagay tungkol sa iyo?

Mga sagot: 1. c; 2. e; 3. f; 4. a; 5. b; 6. d.

# TAHANAN
# ni Leute

**Ni Adam C. Olson**
Mga Magasin ng Simbahan

Gabi-gabi nagtitipon ang pamilya ni Leute sa tradisyonal na Samoan *fale*, isang kubo na hugis-itlog ang bubong. Ito ay mga 15 talampakan (4.6 m) ang haba at 10 talampakan (3 m) ang lapad at walang dingding, bagaman kung minsan ay naglalagay sila ng mga kumot na pantakip.

Si Leute, edad 10, at ang kanyang mga kapamilya ay nauupo nang pabilog sa sahig at nag-aaral ng mga banal na kasulatan. Kumakanta sila ng mga himno at pinag-uusapan nila ang mga bagay-bagay sa pamilya bago matulog.

Ang oras na ito na sama-sama sila gabi-gabi ay tinatawag na *sā,* na ibig sabihin ay "sagrado." Ito ang panahon na magkakasama ang karamihan sa mga pamilya sa Samoa.

Itinuro ng mga propeta na dapat maging sagradong tulad ng templo ang ating tahanan. Anuman ang hitsura ng bahay natin, may mga bagay tayong magagawa para maanyayahan ang Espiritu Santo sa ating tahanan at maging maganda at masayang lugar ito ng kapayapaan at pagkatuto. ■



***Matapos ilatag ang kanyang banig at ikabit ang kanyang kulambo, nanalangin na si Leute.***


***Madalas magtipon ang pamilya sa* fale *ng lolo't lola ni Leute para sa family home evening.***

PAGLALARAWAN NI STEVEN KEELE; LARAWANG KUHA NI ADAM C. OLSON



*Halos gabi-gabi ay nagtitipon ang pamilya sa kanilang* fale *para manalangin, mag-aral ng mga banal na kasulatan, at mag-usap-usap.*

*Kapag gustong mag-aral ni Leute ng mga banal na kasulatan nang mag-isa, madalas siyang maupo sa labas sa ilalim ng isang puno.*



*Nagdidispley ang pamilya ng larawan ng Tagapagligtas kasama ng iba pang gawang-sining mula sa* Liahona *para maalala nila Siya.*

*Inilalagay ng pamilya ang kanilang mga banal na kasulatan, manwal, at isyu ng* Liahona *sa ibabaw ng mesa.*

*Ang mga oras ng pagkain ay mahalaga sa pamilya. Nagluluto ang pamilya sa ibabaw ng nag-aapoy na panggatong o gamit ang maiinit na bato sa lutuang nasa lupa na tinatawag na* umu kuka.

# **Paglilingkod** sa Ama sa Langit

**Ni Jane McBride Choate**
Batay sa tunay na buhay






MGA PAGLALARAWAN NI ELISE BLACK

# **Masayang** Paglilingkod

Tingnang mabuti at makikita mo na hindi pare-pareho ang lahat ng larawang ito ng paglilingkod. Mahahanap mo ba ang dalawang magkapareho?



MGA PAGLALARAWAN NI ELISE BLACK

# **Gawin** ang Iyong Tungkulin

Itinuro ni Pangulong Thomas S. Monson na mahalagang gawin ang ating tungkulin. Mahahanap mo ba ang limang pagkakaiba sa dalawang larawang ito? Aling bata ang ginawa ang kanyang tungkulin?





# **Mga Balita** sa Simbahan


*Bisitahin ang news.lds.org para sa iba pang mga balita at kaganapan sa Simbahan.*

## Mga Itinalagang **Bagong Lider ng Area**

Ibinalita ng Unang Panguluhan ang mga pagbabago sa mga tungkulin ng mga pamunuan sa area simula Agosto 1, 2012. Lahat ng miyembro ng mga Area Presidency ay mga miyembro ng Una o Pangalawang Korum ng Pitumpu. ■




### Panguluhan ng Pitumpu



Ronald A. Rasband **Tumutulong sa Lahat ng Area**

Walter F. González **1. North America Southeast**

L. Whitney Clayton **2. Utah North 3. Utah Salt Lake City 4. Utah South**


Donald L. Hallstrom **5. North America Northeast**

Tad R. Callister **6. North America Southwest**

Richard J. Maynes **7. North America Northwest 8. North America West**

Craig C. Christensen **9. Idaho 10. North America Central**

### 11. Mexico




Benjamín De Hoyos **Unang Tagapayo**

Daniel L. Johnson **Pangulo**

José L. Alonso **Pangalawang Tagapayo**

### 12. Central America




Carlos H. Amado **Unang Tagapayo**

James B. Martino **Pangulo**

Robert C. Gay **Pangalawang Tagapayo**

### 13. Caribbean




J. Devn Cornish **Unang Tagapayo**

Wilford W. Andersen **Pangulo**

Claudio D. Zivic **Pangalawang Tagapayo**

### 14. South America Northwest




Juan A. Uceda **Unang Tagapayo**

Rafael E. Pino **Pangulo**

W. Christopher Waddell **Pangalawang Tagapayo**

### 15. Brazil




Carlos A. Godoy **Unang Tagapayo**

Claudio R. M. Costa **Pangulo**

Jairo Mazzagardi **Pangalawang Tagapayo**

### 16. South America South




Jorge F. Zeballos **Unang Tagapayo**

Mervyn B. Arnold **Pangulo**

Francisco J. Viñas **Pangalawang Tagapayo**

### 17. Middle East/Africa North



Bruce D. Porter

Bruce A. Carlson

**Nangangasiwa mula sa Church Headquarters**

MAPANG KUHA NI THOMAS S. CHILD

## 18. Europe



| Patrick Kearon | José A. Teixeira | Kent F. Richards |
|---|---|---|
| **Unang Tagapayo** | **Pangulo** | **Pangalawang Tagapayo** |

## 19. Europe East




| Randall K. Bennett | Larry R. Lawrence | Per G. Malm |
|---|---|---|
| **Unang Tagapayo** | **Pangulo** | **Pangalawang Tagapayo** |

## 20. Asia




| Gerrit W. Gong | Kent D. Watson | Larry Y. Wilson |
|---|---|---|
| **Unang Tagapayo** | **Pangulo** | **Pangalawang Tagapayo** |

## 21. Asia North



| Kazuhiko Yamashita | Michael T. Ringwood | Koichi Aoyagi |
|---|---|---|
| **Unang Tagapayo** | **Pangulo** | **Pangalawang Tagapayo** |




## 22. Africa West



| Joseph W. Sitati | John B. Dickson | LeGrand R. Curtis Jr. |
|---|---|---|
| **Unang Tagapayo** | **Pangulo** | **Pangalawang Tagapayo** |

## 23. Africa Southeast



| Ulisses Soares | Dale G. Renlund | Carl B. Cook |
|---|---|---|
| **Unang Tagapayo** | **Pangulo** | **Pangalawang Tagapayo** |

## 24. Philippines



| Brent H. Nielson | Michael John U. Teh | Ian S. Ardern |
|---|---|---|
| **Unang Tagapayo** | **Pangulo** | **Pangalawang Tagapayo** |

## 25. Pacific



| Kevin W. Pearson | James J. Hamula | F. Michael Watson |
|---|---|---|
| **Unang Tagapayo** | **Pangulo** | **Pangalawang Tagapayo** |

## *Liahona* Mababasa na Ngayon sa Simplified Chinese

Mababasa na ngayon ng mga nagsasalita ng wikang Chinese ang *Liahona* sa simplified Chinese.

Anim na isyu ng *Liahona*—ang dalawang isyu ng kumperensya (Mayo at Nobyembre) at apat na regular na isyu (Enero, Abril, Hulyo, at Oktubre)—ay gagawin sa simplified Chinese kada taon. Ang mga isyu ng Enero at Abril 2012 ay inilathala lamang online; ang isyu ng Mayo ang unang inilathala sa magasin.

Para sa impormasyon tungkol sa pagkuha o pag-subscribe ng bawat isyu ng magasin, mangyaring kontakin ang Distribution Services o bisitahin ang store.lds.org.




***Mababasa na ngayon ng mga nagsasalita ng Chinese sa iba't ibang panig ng mundo ang* Liahona *sa simplified Chinese.***

## Itinampok ng mga Magasin ng Simbahan ang mga Pamantayan sa *Para sa Lakas ng mga Kabataan*

Simula sa buwang ito, itatampok ng mga magasin ng Simbahan ang mga serye ng artikulo na nagtatampok ng mga pamantayan na ibinalangkas sa bagong update na buklet ng *Para sa Lakas ng mga Kabataan*. Ilalathala ang mga serye sa *New Era* at sa mga pahina para sa mga kabataan sa *Liahona* sa loob ng maraming buwan (maliban sa mga isyu tungkol sa kumperensya); ang bawat artikulo ay magpopokus sa iba't ibang pamantayan at isusulat ng miyembro ng pangkalahatang panguluhan ng Young Men o Young Women organization o ng miyembro ng Pitumpu.

Ang isang-pahinang artikulo para sa matatanda tungkol sa paraan na maituturo ng mga magulang sa kanilang mga anak ang pamantayan para sa buwang iyon ay isasama sa *Liahona* at *Ensign,* at, kapag ang mga paksa sa *Para sa Lakas ng mga Kabataan* ay tumugma sa mga paksa sa Mga Pamantayan Ko sa Ebanghelyo para sa mga bata sa Primary, magkakaroon din ng artikulo para sa mga bata sa *Liahona* at sa *Friend.*

## FamilySearch Indexing App Magagamit na Ngayon

Ang FamilySearch Indexing app para sa mga gumagamit ng iPhone at iPad ay makatutulong na ngayon na maingatan at maibahagi ng mga tao ang mahahalagang genealogical record mula sa iba't ibang panig ng mundo gamit ang mga mobile device.

Ang app, na inilabas kasabay ng 1940 United States Census para sa indexing, ay maidadownload na mula sa Apple App Store (iOS devices) o Google Play (Android version).

Makukuha sa wikang Ingles at Espanyol, magagawa ng mga gumagamit ng app na makakita ng maliliit na impormasyon—pangalan, lugar, o iba pang mahalagang impormasyon—mula sa sulat-kamay na mga dokumentong pangkasaysayan tulad ng birth certificate, kontrata sa kasal, o rekord sa census. Ang gagawin lamang ng indibiduwal ay mag-transcibe (mag-iindex) ng anumang makita nila, at idaragdag ng FamilySearch indexing system ang datos sa koleksyon ng mga genealogy record na nasa familysearch.org. ■

***Sa bagong FamilySearch Indexing app mas maraming tao na ang makapag-aambag sa family history research nang kaunti o maramihan.***



## KOMENTARYO

### Patuloy Niyang Inihahayag ang Kanyang mga Lihim

Noong mga 13 taong gulang ako, nakatira ako sa mga lola ko. Isang araw may nakita akong mga magasin na nasa isang tabi lang at sinimulan kong basahin ang mga ito. Naglalaman ito ng mga kuwento tungkol sa mga tao sa iba't ibang panig ng mundo, na nagkukuwento ng mga himalang nangyari sa buhay nila. Ang mga magasing ito ay ang *Liahona*; ang aking tiyahin, na miyembro ng Simbahan, ang nag-iwan ng mga magasin sa bahay ng lola ko.

Naging interesado ako sa mga kuwento, at parang may nagsasabi sa akin na totoo ang sinasabi nila. Isang taon kalaunan nabinyagan ako, at mula noon nagkaroon na ako ng sariling suskrisyon. Naging gabay at biyaya sa akin ang magasin. Para sa akin isang katibayan ito na mahal tayo ng Diyos at patuloy na inihahayag ang Kanyang mga lihim sa Kanyang mga propeta (tingnan sa Amos 3:7).

**Lucilino Mendonça, Cape Verde**

### Temporal at Espirituwal na Tulong

Gustung-gusto kong basahin ang magasin na *Liahona* tinutulungan ako nito sa temporal at espirituwal. Pinalalakas nito ang aking pananampalataya, pinahuhusay ang aking mga talento at kakayahan, at nililinis ang aking isipan sa pamamagitan ng mga nagbibigay-inspirasyong mga payo ng mga miyembro ng Simbahan at ng ating mga buhay na propeta.

**Derek Balolong, Philippines**

*Mangyaring ipadala ang inyong feedback o mga mungkahi sa liahona@ldschurch.org. Ang mga isinumite ay maaaring i-edit para umakma ang haba o mas luminaw pa.* ■

## MGA IDEYA PARA SA FAMILY HOME EVENING

*Ang isyung ito ay naglalaman ng mga artikulo at aktibidad na magagamit sa family home evening. Ang mga sumusunod ay ilang halimbawa.*

**"Mga Likas na Kalamidad—Hindi Tayo Dapat Matakot,"** pahina 30: Basahin muna ang artikulo at mapanalanging pag-isipan kung ano ang magagawa ng inyong pamilya para higit na mapaghandaan ang mga likas na kalamidad sa inyong lugar. Pagkatapos, tulad nang iminungkahi ni Elder Ellis, gamitin ang family home evening para maisagawa ang plano ninyo. Maaari ninyong pagsama-samahin ang mga emergency pack, punuin ang imbakan ninyo ng pagkain, o pag-usapan kung paano makapaghahanda sa espirituwal. Bigyang-diin ang nakapagpapanatag na mensahe ni Elder Ellis na kung tayo ay handa, kaya nating harapin ang lahat ng unos."

**"Pananatiling Tapat sa Daigdig na Puno ng Kaguluhan,"** pahina 42: Isiping ibahagi ang karanasan ni Bishop Caussé sa klase na makikita sa simula ng artikulo. Pagkatapos ay tanungin ang mga kapamilya kung ano ang gagawin nila sa sitwasyong iyon. Maaari ninyong rebyuhin ang mga alituntuning sinunod ni Bishop Caussé para manatiling tapat sa kanyang patotoo.

**"Paano Ko Malalaman Kung Napatawad na Ako?"** pahina 46: Simulan sa pagtatanong sa mga kapamilya ng, "Matapos kayong magsisi, paano ninyo malalaman na napatawad na kayo?" Pagkatapos ay basahin na ninyo ang sagot ni Elder Callister sa pangalawang talata ng artikulo. Ibahagi ang mga karagdagang bahagi ng artikulo na angkop sa inyong pamilya.

**"Matutuhang Paglingkuran ang Kapwa,"** pahina 66: Basahin ang kuwento tungkol sa pagkabata ni Pangulong Monson sa inyong pamilya. Pagkatapos maaaring ipagawa ninyo ang mga katumbas na aktibidad sa sinumang musmos sa inyong pamilya. Magtapos sa pagpapatotoo na si Thomas S. Monson ay ang buhay na propeta. ■

### Isang Perpektong Family Home Evening

Pangarap ko na noon pa man na magkaroon ng perpektong family home evening na katulad ng nakita ko sa mga larawan sa Simbahan. Pero nang mag-ampon kaming mag-asawa ng isang magandang batang babae, ayaw nitong sumali. Kaya inisip naming dapat na may baguhin kami sa aming family home evening para makaakma sa kanya.

Tuwang-tuwa ako sa mga ideyang iminungkahi para sa family home evening na inilathala sa *Liahona.* Ngayon ang aming anak na ang unang gustong mag-family home evening at ninanais na sana ay gawin namin ito araw-araw.

Isa sa mga paborito naming lesson ay ang tungkol sa kung paano kami magagabayan ng Espiritu Santo. Pinapunta namin sa kanyang kuwarto ang aming anak. Bibilang kami nang hanggang tatlo at pagkatapos niyon ay puwede na siyang bumalik sa sala at maghanap ng larawan ng Tagapagligtas. Kapag malapit na siya, sinasabi namin na siya ay mainit, at kapag malayo siya, sinasabi namin na siya ay malamig. Tuwang-tuwang siya nang makita ang larawan. Napakasayang makita na nauunawaan niya na mahalagang maging masunurin at sumunod sa Espiritu para maging malapit sa ating Tagapagligtas.

Nagtapos kami sa pagbasa ng Doktrina at mga Tipan 11:12. Sa paglalagay namin ng aming "[tiwala] sa Espiritung yaon na nag-aakay sa paggawa ng mabuti," naramdaman naming isang biyaya ang family home evening. ■

**Moema Lima Salles Broedel, Brazil**

# PAGSAGOT SA MGA TANONG TUNGKOL SA ATING RELIHIYON

**Ni Michael Otterson**
Managing Director, Church Public Affairs Department

Ilang araw pa lang akong miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw nang mapunta ang pag-uusap namin ng mga kaibigan ko sa pagkakabinyag ko.

May ilan na talagang gustong magsiyasat, at may mga natutuwa pa nga. Ang ilan naman ay walang kainte-interes. May isang babae roon na kaedad ko na talagang ayaw maniwalang Kristiyano ako.

Unang pagkakataon ko iyon na magpaliwanag ng aking mga paniniwala sa mga taong hindi naniniwala sa mga iyon. Naaalala kong talagang nalungkot ako dahil kahit anong pilit ko, sarado ang kanilang isipan sa kahit anong paliwanag ko.

Sa paglaki ng Simbahan madaragdagan din ang mga nagsisiyasat dito, katulad rin sa anumang malalaking relihiyon, at nauuwi iyan sa pag-uusap nang harap-harapan o nang online ng ating mga miyembro at ng kanilang mga pamilya, kaibigan, at kasamahan na iba ang relihiyon.

Ang pagbibigay-pansin sa ilang mga alituntunin ay makatutulong sa mga miyembro sa pagsagot sa mga tanong o puna nang may kumpiyansa.

### Ipamuhay ang Inyong Relihiyon

Isa sa pinakamalalaking biyaya ng matatapat na miyembro ng Simbahan ay nahihikayat tayo ng pananampalatayang iyan na "ipamuhay ang ating relihiyon." Nagkakaroon ng kredibilidad kapag nakita ng ating mga kaibigan at kasamahan na ginagawa natin ang sinasabi natin.

Kung ang buhay ng isang Banal sa mga Huling Araw ang kanyang pinakamagandang ipinangangaral, ang ating mga pag-uusap ay dapat ding maging hayagan, tunay, at may kabaitan, kahit pa nagtatanong ang mga tao nang hindi angkop o may pagbabatikos. Nagiging kapani-paniwala lamang ang pagsasabi natin na tayo ay mga disipulo ni Jesucristo kapag nakaayon ang mga ikinikilos natin sa ating mga paniniwala. Kapag sumasagot tayo sa mga tanong o pamumuna, may mga pagkakataong kakailanganin nating maging matatag. Baka kailanganin din nating magpatawa nang kaunti.

Noong 2007 sa seremonya ng pagtatapos sa BYU–Hawaii, sinabi ni Elder M. Russell Ballard ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Kung ipamumuhay ninyo ang mga alituntunin ng ebanghelyo [sa halip na] pag-aralan lang ang mga ito, ang natatanging kumbinasyong iyan ng kaalaman ang tutulong sa inyo na mapanatag at maging handa sa pagtuturo ng alam ninyong totoo—sa anupamang sitwasyon."

### Bumuo ng Konteksto

Kapag sumasagot tayo sa mga tanong o komento tungkol sa ating pananampalataya, mahalagang bumuo muna tayo ng konteksto.

Sa halip na sumagot lang nang sumagot sa mga tanong, mas magandang mag-ukol ng 30 segundo na ilahad ang batayan ng ating paniniwala. Maaaring iyan ay simpleng pagpapaliwanag lang na tinatanggap natin si Jesucristo bilang ating Tagapagligtas at naniniwala sa mga itinuturo ng Biblia tungkol sa Kanyang pagsilang, buhay, minsteryo, Pagkakapako sa Krus, at Pagkabuhay na mag-uli. Naniniwala rin tayo na lumihis ang mga Kristiyano mula sa mga katotohanang itinuro ni Jesus sa Biblia at ang Simbahang itinatag Niya ay dapat ipanumbalik.

Sa paglalahad sa mga pangunahing paniniwala ng Simbahan sa ganitong paraan, nagkakaroon ng pagbabatayan kapag napunta na ang talakayan sa iba pang mga alituntunin ng ebanghelyo.

### Tipunin ang Impormasyon

Kapag pinakinggan ng mga miyembro ang mga tanong, mahihiwatigan nila ang alituntunin ng ebanghelyo na tinutukoy sa tanong at maiiugnay muli sa Tagapagligtas ang sagot.

Halimbawa, bakit tayo nagpapadala ng mga misyonero sa mga bansang Kristiyano? Dahil noong Kanyang panahon ipinadala ni Jesus nang dala-dalawa ang Kanyang mga mangangaral "sa buong sanglibutan." At ganyan din ang ginagawa natin ngayon. Bakit hindi tayo sang-ayon na magsama ang magkasintahan nang hindi kasal? Dahil itinuro ni Jesus at Kanyang mga Apostol ang



***Maaaring maging mas mabisa ang pagbabahagi ng mga personal na karanasan sa pagsagot sa mga tanong kaysa sa mga sagot na isinaulo lamang.***

kasagraduhan ng kasal at lahat ng kaakibat nito.

Hindi natin kailangan ang kumplikado, sopistikado at sekular na mga argumento kapag ang mga alituntuning sinisikap nating ipamuhay ay mula sa Anak ng Diyos.

### Magbahagi ng Sariling mga Karanasan

Ang pagsagot sa mga tanong ng mga kaibigan ay hindi pagsasabi ng mga isinaulong sagot. Ang pagbabahagi ng totoo at sariling karanasan ay nakapag-aanyaya sa Espiritu na magpatotoo at dalhin ang mensahe sa puso ng nakikinig.

Isa sa pinakamalalaking hadlang sa pagbabahagi ng ating mga paniniwala ay ang takot na wala tayong maisagot. May mga tao sa ibang simbahan na eksperto sa kanilang sariling kasaysayan o doktrina, at nakita sa mga pag-aaral na ang mga Banal sa Huling Araw, kung ikukumpara, ay marami ding nalalaman tungkol sa kanilang relihiyon.

Kapag may nagtanong tungkol sa doktrina o kasaysayan ng Simbahan na hindi natin alam, okey lang na

### MGA MAPAGKUKUNAN NG IMPORMASYON ONLINE

Bumuo ang Simbahan ng mga makatutulong na impormasyon online na maibabahagi ng mga miyembro sa mga nagtatanong.

Mormon.org
Mormon.org/Jesus Christ
Mormonnewsroom.lds.org
LDS.org
Liahona.LDS.org



*Kapag sumasagot ng mga tanong ng mga kaibigan, magpakatotoo ka lamang sa iyong sarili. Madalas ang dahilan kung bakit ka tinanong ay dahil kung sino ka.*

sabihing, "hindi ko alam." Pero lahat tayo ay maaaring magbahagi ng sariling mga karanasan upang ipaliwanag ang nararamdaman natin sa ating relihiyon.

Kung ikukuwento natin ang mga naranasan natin sa panalangin o pag-aayuno o sa mabuting samahan ng ating pamilya, hindi maaaring salungatin ang mga karanasang iyan. Atin ang mga iyon, at walang mas nakauunawang mabuti niyon kaysa sa atin.

### Kilalanin ang mga Kinakausap Ninyo

May mga tao na ayaw magtanong sa miyembro dahil ayaw nilang mapilitang makinig ng kalahating-oras na lektyur. Kung may mga simpleng tanong sila, maging sensitibo sa kanilang interes, siguruhing hindi sila maaasiwa, at kaya nilang umunawa. Kung ipakikita natin sa simula pa lang na sensitibo tayo, magiging komportable ang mga nagtatanong sa atin.

Unawain na hindi dapat parepareho ang pakikipag-usap natin sa lahat ng tao dahil iba-iba ang pinagmulan nila—sa espirituwal, sekular, at iba pang bagay.

### Ibahagi ang Pinaniniwalaan Natin

Ang mga miyembro ng Simbahan ay may pambihirang pagkakataon na makatulong nang malaki sa ikalilinaw ng maling mga akala tungkol sa atin at maipaunawa pa lalo kung sino tayo at ano ang mga paniniwala natin.

Kapag mas marami pang nalaman ang mga tao tungkol sa mga paniniwala ng mga Banal sa mga Huling Araw, maaaring makita nila na malaki ang pagkakaiba natin pero maaari din nilang makita na may pagkakatulad tayo na siyang pagsisimulan ng mas magandang samahan. ■

## Mga Makatutulong na Paraan

### Gawin ang Pinakamainam

Maaaring nakakakaba kapag may nagtatanong tungkol sa mga paniniwala natin. Pero, kadalasan, nag-uusisa lang naman ang mga tao. Huwag kaagad kumontra.

### Makinig nang Mabuti

Itinuro ni Elder David A. Bednar ng Korum ng Labindalawang Apostol na ang kakayahang makahiwatig ay mas gumagana kapag nakikinig tayo. Para talagang maunawaan ang tanong at ang intensyon, linawin ang mga itinatanong sa inyo at maghanda na mas makinig kaysa magsalita.

### Igalang ang Kalayaan ng Iba

Lahat ng tao ay binigyan ng Diyos ng kalayaang pumili. Kaya maaari tayong mag-anyaya o maghikayat—pero hindi tayo namimilit o namumuwersa.

### Iwasan ang mga Salitang Tayo Lang mga Miyembro ang Nakakaintindi

Iwasang gamitin ang mga terminolohiya ng mga Banal sa mga Huling Araw tulad ng "ward," "family home evening," o "Word of Wisdom." Kung gagamit kayo ng mga salitang ito, ipaliwanag kaagad ang mga ito at huwag nang hintayin pang tanungin.


### Gamitin ang Buong Pangalan ng Simbahan

Hangga't maaari, gamitin ang buong pangalan ng Simbahan kahit isang beses lang, at sa simula kaagad ng pag-uusap. May kapangyarihan sa pangalan ng Simbahan, kaya ipaliwanag ito. Maraming sinasabi ito tungkol sa atin.

Sa taong ito maraming isyu ng *Liahona* ang maglalaman ng isang set ng mga larawang may kaugnayan sa Aklat ni Mormon. Para tumibay at madaling gamitin ang mga ito, gupitin at idikit o iteyp ang mga ito sa makapal na papel, maliliit na supot na papel, o mga patpat. Ilagay ang bawat set sa isang envelope o supot, at isulat dito kung saan hahanapin ang kuwento sa banal na kasulatan na nauukol sa mga larawan.



Samuel







**Samuel, ang Lamanita**
Helaman 13–14, 16

MGA PAGLALARAWAN NI BETH M. WHITTAKER



*"Sa ating pang-araw-araw na buhay," pagtuturo ni Pangulong Thomas S. Monson, "nakatutuklas tayo ng napakaraming pagkakataong sundan ang halimbawa ng Tagapagligtas. Kapag ang ating puso ay umaayon sa Kanyang mga turo, natutuklasan natin na hindi maipagkakamali na malapit ang Kanyang banal na tulong. Halos parang tayo ay nasa paglilingkod sa Panginoon." Si Pangulong Monson mismo ay isang halimbawa ng taong naghahangad ng banal na tulong sa kanyang pang-araw-araw na buhay at tumutugon sa tawag na maglingkod.* *Tingnan sa "Thomas S. Monson: Pagsagot sa Tawag ng Tungkulin," pahina 14.*

TAGALOG

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW